PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education


DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

2016

# LEARNING MODULE

Araling Panlipunan G7 | Q2

# Paghubog ng Sinaunang Kabihasnan



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

PEAC National Secretariat
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 7

# Modyul 2: Paghubog Ng Sinaunang Kabihasnan

## Aralin 1: KAHULUGAN NG KONSEPTO NG KABIHASNAN AT MGA KATANGIAN NITO

### ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Pagmasdan ang mundong iyong ginagalawan sa kasalukuyan. Anong uri ng kabihasnan ang iyong ginagalawan? Alam mo ba kung ano ang kabihasnan? Ano kaya ang kahulugan ng konsepto ng kabihasnan? Ano-ano kaya ang katangian ng isang kabihasnan? ***Paano nabubuo ang isang kabihasnan? Papaano umunlad ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano? Bilang isang kabataan, paano ka kaya makatutulong sa paghubog at pag-unlad ng kabihasnan ng iyong bansa sa kasalukuyan?***

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang kritikal na makapagsusuri sa mga konsepto, kahulugan, at mga katangian ng kabihasnan. Sisikapin mong tuklasin ang mga konsepto at kahulugan ng kabihasnan at kung paano ito sumibol, umunlad at nagpatuloy sa kasalukuyang panahon Upang ito'y iyong malaman, iyong saliksikin ang mga kasagutan sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang kahulugan ng kabihasnan?
2. Ano ang pinagkaiba ng kabihasnan at sibilisasyon?
3. Ano-ano ang mga katangian ng kabihasnan?
4. Paano nahubog ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya?
5. Paano nagsimula ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
6. Paano nakatulong ang kabihasnan sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng kabihasnan tungo sa pagkakakilanlang Asyano?


## ☑ Saklaw ng Modyul

Sa modyul na ito, masasagot mo ang mga tanong sa itaas kung pag-aaralan at uunawain mo ang sumusunod na aralin.

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin 1 | Kalagayan, Pamumuhay at Pag-unlad ng mga Sinaunang Pamayanan | • Nasusuri ang paghubog, pag-unlad at kalikasan ng mga pamayanan at estado.<br>• Nakabubuo ng mga kongklusyon sa kalagayan, pamumuhay at pag-unlad ng mga sinaunang pamayanan. | |
| Aralin 2 | Kahulugan ng Konsepto ng Kabihasnan at ng mga Katangian Nito | • Nabibigyang kahulugan ang konsepto ng kabihasnan at nailalahad ang mga katangian nito. | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Narito ang balangkas ng mga aralin na dapat mong maunawaan sa pagtatapos ng modyul na ito.



## ☑ Inaasahang mga Kasanayan

Upang higit na maunawaan mo ang nilalaman ng modyul na ito ay inaasahan kang isagawa ang mga sumusunod:

1. Nakapagsasaliksik ng mga terminolohiyang hindi mo alam ang kahulugan.
2. Nasasagutan ang mga pagsasanay sa araling ito.
3. Nakapagsusuri ng mga dokumento, pelikula, larawan, mapa at mga datos.
4. Nakasusulat ng mga paraan kung paano makakatulong ang mga mamamayan sa pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan.
5. Nakasusulat ng sariling repleksyon at realisasyon tungkol sa paghubog ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya.
6. Nabibigyang-kahulugan ang mahahalagang konsepto na may kaugnayan sa paksa.
7. Nakabubuo ng mga kongklusyon hinggil sa kalagayan,pamumuhay at pag-unlad ng sinaunang pamayanan.
8. Napapahahalagahan ang mga naging ambag / kontribusyon ng kabihasnan sa lipunan.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong.
Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sa anong panahon natutuhan ng tao ang magbungkal ng lupa at mag-alaga ng hayop?
   A. Paleolitiko
   B. Mesolitiko
   C. Neolitiko
   D. Panahon ng Metal

2. Alin sa mg sumusunod ang nakatulong sa pagbuo at pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya?
   A. Paghubog ng mga pangyayari lalo na sa larangan ng kagitingan, pamumuno at pakikipagkalakalan ng mga sinaunang Asyano.
   B. Paghubog at pag-unlad ng mga simpleng karunungan, batas, kaugalian, tradisyon na natutuhan ng mga sinaunang Asyano.
   C. Pagbibigay halaga sa mga pamana ng mga sinaunang Asyano.
   D. Pagsasabuhay sa mga nabuong kasaysayan ng mga sinaunang Asyano.

3. Suriin ang larawan na nasa ibaba. Sa anong panahon ginamit ng mga sinaunang Asyano ang mga kagamitang nasa larawan?
   A. Paleolitiko
   B. Mesolitiko
   C. Neolitiko
   D. Panahon ng Metal



4. Alin sa mga sumusunod ang kagamitang ginamit ng mga sinaunang tao sa Panahong Mesolitiko?

A



C.



B



D.



5. Ano ang kahulugan ng kabihasnan?
   A. Kinagawiang pamumuhay na pinaunlad ng maraming pangkat ng tao.
   B. Kinagawiang pamumuhay bunga ng pagtira sa mga lambak ng ilog.
   C. Binagong pamumuhay ng kapaligiran.
   D. Pinaunlad na pamumuhay ng tao gamit ang bagong teknolohiya.

6. Paano masasabi na ang isang pamayanan ay isang kabihasnan?
   A. Kapag ang mga mamamayan nito ay may sentralisadong pamahalaan, relihiyon, sistemang panlipunan, sining, arkitektura at sistema ng pagsulat
   B. Kapag ang mga mamamayan nito ay may pamahalaan, relihiyon, sining, arkitektura at sistema ng pagsulat
   C. Kapag maayos ang pamumuhay ng mga mamamayan sa pamayanan
   D. Kapag ang pamayanan ay may malaking populasyon at may sistemang panlipunan

7. Ang kultura ay salamin ng lahi. Mahalaga ito sa ikauunlad ng isang bansa. Ano ang nararapat nating gawin sa ating sariling kultura?
   A. Gawing batayan ang ating kultura at tradisyon sa mga kaganapang panlipunan.
   B. Isabuhay at ibahagi ang magagandang kultura at tradisyon ng ating bansa.
   C. Pahalagahan ang kultura at mga tradisyon ng ating bansa.
   D. Isabuhay at pagyamanin ang mga magagandang kultura at tradisyon ng ating bansa.

8. Mahalaga ang pagkakaroon ng wika sa pagbuo ng isang kabihasnan. Alin sa mga sumusunod ang hindi katangian nito?
   A. Batayan sa paghubog ng kultura
   B. Nagsisilbing pagkakilanlan ng mga grupo ng tao
   C. Dahilan ng hindi pagkakaintindihan ng mga tao dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang wika
   D. Nakatutulong sa pagkakaisa ng mga mamamayan
9. Bakit mahalagang mapaunlad ang kasanayan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng edukasyon?
   A. Susi sa kaganapan
   B. Susi sa kapayapaan
   C. Susi sa kalangitan
   D. Susi sa kaunlaran

10. Isa sa mahahalagang katangian ng isang kabihasnan ay ang pagkakaroon ng paniniwala at relihiyon. Ano ang ibig sabihin ng relihiyon?
   A. Pagkilala sa pinagmulang lahi ng isang tao.
   B. Nagpapairal ng mga dapat sundin sa mga lipunan.
   C. Ito ay ang pagkilala ng tao sa isang kapangyarihang nakapaghahari sa lahat ng bagay at ang kanyang mga batas at utos ay sinusunod.
   D. Ito ay ang palaisipang hindi malaman ang simula, ang patutunguhan, at ang wakas.

11. Noong Panahong Paleolitiko, ang mga sinaunang tao ay mangangaso. Walang katiyakan na sila ay magkakaroon ng makakain. Paano tinugunan ng mga sinaunang tao ang ganitong suliranin?
   A. Natutuhan nilang gamitin ang apoy.
   B. Natutuhan nilang gumawa ng *compass.*
   C. Natutuhan ng tao na magsaka at mag-alaga ng hayop.
   D. Natutuhan nilang gumawa ng kasangkapan sa pagluluto.

12. Suriin ang mga larawan ng mga tao sa ibaba. Paano mo mapatutunayan na ang kultura ng sinaunang tao ay dumaan sa iba't ibang yugto ng pag-unlad?




   A. May mga labi ng kasangkapan na natuklasan sa iba't ibang lugar sa mundo.
   B. May mga natuklasan na iba't ibang uri ng sandata.
   C. May mga sining ang mga sinaunang tao ang natagpuan sa mga yungib.
   D. May mga labi ng sinaunang tao na natuklasan.

13. Paano nagkakaiba ang kabihasnan at sibilisasyon?
    A. Ang kabihasnan ay ang pinakamataas na antas ng kultura samantalang ang sibilisasyon ay ang kabuuan ng lahat ng nagawa ng tao.
    B. Ang kabihasnan ay ang kabuuan ng lahat nang nagawa ng tao samantalang ang sibilisasyon ay ang paraan ng pamumuhay ng tao.
    C. Ang kabihasnan ay ang kabuuan ng lahat nang nagawa ng tao samantalang ang sibilisasyon ay ang pinakamataas na antas ng pamumuhay.
    D. Ang kabihasnan ay ang paraan ng pamumuhay samantalang ang sibilisasyon ay ang pinakamataas na antas ng kultura.

14. Bakit mahalaga sa pag-unlad ng pamumuhay ng tao ang pagkakatuklas ng agrikultura?
    A. Nagkaroon ng permanenteng tahanan ang mga sinaunang tao.
    B. Naiwasan ang mababangis na hayop sa kapaligiran.
    C. Nagkaroon ng tiyak na mapagkukunan ng pagkain ang mga tao.
    D. Nagsimulang umunlad ang kultura ng mga sinaunang tao.

15. Paano pinaghahandaan ng mga sinaunang tao ang mga hamon ng kalikasan?
    A. Nagtanim sila ng maraming puno sa tabi ng ilog.
    B. Nagtayo sila ng mga dike na siyang haharang sa tubig na maaaring sumira sa kanilang lupain.
    C. Nagtatago sila sa kuweba tuwing panahon ng tag-ulan.
    D. Nagtatayo sila ng dike, nagtatanim ng malalaking puno sa tabi ng ilog at inaayos ang mga daluyan ng tubig upang hindi ito makapasok sa kanilang pamayanan.

16. Bilang isang lider ng Samahan ng mga Mag-aaral sa Kasaysayan sa iyong paaralan, ikaw ay naatasang ipalaganap ang mga naiambag ng mga sinaunang tao sa iyong paaralan upang maipagmalaki ng iyong kapwa mag-aaral na sila ay Asyano. Paano mo ito maisasagawa?
    A. Magpapamahagi ng *booklet* sa mga kamag-aral.
    B. Magpapagawa ng *brochure* sa mga kamag-aral.
    C. Magsasagawa ng *forum* at mag-aanyaya sa mga mag-aaral na dumalo dito.
    D. Mag-aanyaya sa mga kamag-aral na magsagawa ng isang “cultural show” na ipapakita sa iba pang antas sa paaralan.

17. Sa paanong paraan mo ipakikita ang kultura, tradisyon, at kagandahan ng Asya sa isang pagpupulong sa kabila ng mga masasamang impresyon ukol sa Asya at mga Asyano?
    A. Babasahin ang *progress report* ng Asya.
    B. Mamahagi ng *pamphlet* ukol sa kultura, tradisyon at magagandang tanawin sa Asya.
    C. Magpapakita ng *video presentation* ng mga ipinagmamalaking kultura, tradisyon at mga taong nagpapahalaga nito.
    D. Magpapakita ng *power point presentation* ng magaganda at itinatanging kultura ng mga Asyano.

18. Matapos mong mapag-aralan kung papaano umusbong ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya, ikaw ay naatasan ng iyong guro na magpakita ng isang presentasyon ukol sa paksang ito. Ano ang gagawin mong pamantayan sa pagbuo ng presentasyon?

A. Kasaysayan, sino ang natatag at saan naitatag ang pilosopiya
B. Kasaysayan at mahahalagang aral ng pilosopiya
C. Kasaysayan, sino ang nagtatag, saan naitatag at impluwensiya ng pilosopiya
D. Kasaysayan, mahahalagang aral, impluwensiya at kahalagahan ng pilosopiya sa kasalukuyang panahon.

19. Ikaw ay inatasan ng iyong guro na gumawa ng sanaysay ukol sa kahalagahan ng mga naging ambag ng mga sinaunang tao sa pagbuo at pag-unlad ng pagkakakilanlan ng mga bansa sa Asya. Ano-ano ang dapat na maging katangian nito?
A. Pagpapaunlad ng gawain, pakikibahagi, pakikipagtulungan, at paggawa
B. Pokus, atensiyon, pakikinig, at pagtulong
C. Nilalaman, pagtalakay, organisasyon, at paglalahad
D. Pagkasunud-sunod ng mga pangyayari, kawastuhan, at paglalahad ng nilalaman

20. Ikaw ay naatasan ng iyong guro na gumawa ng *investigation chart* na nagpapatunay na ang ating bansa ay may mataas na antas ng kabihasnan. Ano ang dapat na katangian ng iyong *investigation chart* upang ito ay maging katangi-tangi sa panghihikayat?
A. Malinaw ang pagkakalahad ng mensahe
B. Masining ang pagkakalahad ng mensahe
C. Malabo ang pagkakalahad ng mensahe
D. May kalabuan ang pakakalahad ng mensahe

## PAGTUKLAS

Bago natin simulan ang talakayan sa modyul na ito ukol sa kung ***ano ang kahulugan ng konsepto ng kabihasnan, mga katangian nito at kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan,*** subukan mo munang gawin at sagutan ang mga gawain na nasa ibaba.

### GAWAIN 1 Picturistic

Pagmasdan at suriin ang larawan na nasa ibaba at sagutan ang mga pamprosesong tanong ukol dito.



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano ang naiisip mo tungkol sa larawan?

2. Posible bang mangyari ang larawang ito? Ipaliwanag.

3. Sa iyong palagay, ano ang mga salik na maaaring makapagdulot ng pagbabago sa kalagayan ng tao at mga bagay sa paligid nito?

4. May magagawa kaya ang tao upang mapaunlad ang pamumuhay nito at ang mga bagay sa kanyang paligid at maging ang pagkakakilanlan nito?

## GAWAIN 2 Mapa ng Pagbabago

Sagutan ang mahalagang tanong sa *IRF sheet* na nasa ibaba. Sagutan lamang ang "Initial" na bahagi.

| Papaano umunlad ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano? | |
|---|---|
| **Initial:** | |
| Revised: | |
| Final: | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Magaling! Ikaw ay nakapagbigay ng iyong pahayag batay sa iyong dating kaalaman. Paano kaya nabuo ang mga sinaunang pamayanan? Ano kaya ang kahulugan ng konsepto ng kabihasnan? Ano-ano kaya ang katangian ng isang kabihasnan? Paano nabubuo ang isang kabihasnan? ***Papaano umunlad ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano?*** Bilang isang kabataan, paano ka kaya makatutulong sa paghubog at pag-unlad ng kabihasnan ng iyong bansa sa kasalukuyan?

Alamin natin ang tamang sagot sa mga tanong na ito matapos mapag-aralan ang susunod na aralin.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ay iyong aalamin kung papaano nahubog ang mga sinaunang pamayanan.

. Inaasahang maunawaan mo at makapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa papel na ginampanan ng kapaligiran sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano. Gawin at sagutan ang mga gawain sa ibaba upang iyong malaman at maunawaan kung paano nga ba nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya.

### GAWAIN 3 Basahin-Suriin-Unawain

Basahin, suriin at unawain ang nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba at punan at sagutan ang mga grapikong pantulong at mga pamprosesong tanong ukol dito.

http://www.penfield.edu/webpages/jgiotto/onlinetextbook.cfm?subpage=1525824
*Ito ay isang website tungkol sa Panahong Paleolitiko.*

http://www.penfield.edu/webpages/jgiotto/onlinetextbook.cfm?subpage=1525826
*Ito ay isang website tungkol sa Panahong Neolitiko*

http://www.stone-age-experience.com/stone-age-life
Ito ay tungkol sa pamumuhay ng mga tao sa panahon ng bato.

http://humanorigins.si.edu/evidence/behavior
Ito ay isang website ukol sa ebolusyon ng tao at sa kultura nito.

http://www.ancient.eu.com/Bronze_Age/
*Ito ay tungkol sa Panahon ng Bronse.*

http://www.ancient.eu.com/bronze/
*Ito ay tungkol sa Panahon ng Bronse.*

http://www.btm.hu/old/varmuzeum/allando/oskor/aoskor.html
*Ito ay website ukol sa kasaysayan noong panahon ng prehistoriko.*

Batay sa mga teksto at *video* na napanood, bigyan mo ng kahulugan ang mga sumusunod na panahon sa loob ng kahon at sagutan ang tanong ukol dito.

**EBOLUSYONG KULTURAL**

| PANAHON | KAHULUGAN |
|---|---|
| **Paleolitiko** | |
| **Mesolitiko** | |
| **Neolitiko** | |
| **Metal** | |
| Batay sa iyong mga naging sagot, paano nahahati ang Ebolusyong Kultural ng tao? Magsulat ng isang pangkalahatang pangngungusap at ipaliwanag ito. | |

Ano sa palagay mo ang naging batayan ng mga historyador sa paghahati ng kasaysayan ng tao mula sa panahong Paleolitiko hanggang sa Panahon ng Metal?

## GAWAIN 4 Matrix ng Pagbabago

Batay sa mga tekstong iyong nabasa sa itaas, ilarawan ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang tao. Punan ang matrix na nasa ibaba at sagutan ang tanong ukol dito. Gamiting muli ang mga *URL link* na nasa itaas ng gawaing ito at ang mga karagdagang *URL link* sa ibaba:

https://www.youtube.com/watch?v=BQyDfaqOhC4
Ito ay video tungkol sa mga kagamitang ginamit ng tao noong Panahon ng Bato.

https://www.youtube.com/watch?v=MYbDJF_gMtw&index=16&list=PLFE3EDBAB51B69250.
Ito ay video tungkol sa Panahong ng Bato.

**"EBOLUSYONG KULTURAL SA ASYA"**

| ASPEKTO | PALEOLITIKO | MESOLITIKO | NEOLITIKO | METAL |
|---|---|---|---|---|
| **Taon** | | | | |
| **Kagamitan** | | | | |
| **Kabuhayan** | | | | |
| **Tirahan** | | | | |
| **Relihiyon** | | | | |
| **Wika** | | | | |
| **Pamahalaan** | | | | |
| **Pananamit** | | | | |

| ASPEKTO | PALEOLITIKO | MESOLITIKO | NEOLITIKO | METAL |
|---|---|---|---|---|
| **Sining** | | | | |
| **Imbensyon** | | | | |

May pagbabago bang naganap sa pamumuhay ng mga sinaunang tao sa panahong Paleolitiko, Mesolitiko, Neolitiko at Metal? Patunayan mo.

## GAWAIN 5 Hagdan ng Pagbabago

Sa pamamagitan ng *ladder web*, ipakita ang gradwal na ebolusyong kultural sa mga sumusunod na panahon. Isulat sa loob ng kahon ang mga salitang angkop sa bawat panahon at sagutan ang tanong ukol dito.

**"EBOLUSYONG KULTURAL SA ASYA"**

**PANAHON NG METAL:**

**NEOLITIKO:**

**MESOLITIKO:**

**PALEOLITIKO:**

Naniniwala ka ba na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa ring umuunlad ang paraan ng pamumuhay ng mga tao batay sa kasangkapang kanilang ginagamit? Patunayan mo.

## GAWAIN 6 Epekto ng Pagbabago

Sa mga nakaraang gawain ay iyong nalaman kung papaano nagkaroon ng kultura ang mga sinaunang tao. Sa bawat panahon ay nagkakaroon ng pagbabago sa pamumuhay ng tao. Ang kanilang mga nagawa ang naging batayan ng mga kasalukuyang pamamaraan ng pamumuhay ng tao. Paano nga ba nakaapekto sa pamumuhay ng tao sa kasalukuyan ang mga nagawa ng mga sinaunang tao? Punan ang *cause-effect graphic organizer* sa ibaba at sagutan ang tanong ukol dito.

| ASPEKTO NG BUHAY | PANAHON | PANAHON | EPEKTO SA PAMUMUHAY NG TAO |
|---|---|---|---|
| PINAGKUKUNAN NG PAGKAIN | **PALEOLITIKO:** | **MESOLITIKO:** | |
| | **NEOLITIKO:** | **PANAHON NG METAL:** | |
| KABUHAYAN | **PALEOLITIKO:** | **MESOLITIKO:** | |
| | **NEOLITIKO:** | **PANAHON NG METAL:** | |
| POPULASYON | **PALEOLITIKO:** | **MESOLITIKO:** | |

| ASPEKTO NG BUHAY | PANAHON | PANAHON | EPEKTO SA PAMUMUHAY NG TAO |
|---|---|---|---|
| | **NEOLITIKO:** | **PANAHON NG METAL:** | |
| **PINAGKUKUNANG YAMAN** | **PALEOLITIKO:** | **MESOLITIKO:** | |
| | **NEOLITIKO:** | **PANAHON NG METAL:** | |
| **TIRAHAN** | **PALEOLITIKO:** | **MESOLITIKO:** | |
| | **NEOLITIKO:** | **PANAHON NG METAL:** | |
| **TEKNOLOHIYA** | **PALEOLITIKO:** | **MESOLITIKO:** | |
| | **NEOLITIKO:** | **PANAHON NG METAL:** | |

Naging mapamaraan ba ang mga sinaunang tao sa pagharap nila sa hamon ng kanilang kapaligiran? Patunayan ang iyong sagot.

## GAWAIN 7 Halika, Pag-usapan Natin!

Sa mga nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang tao sa Asya sa Panahong Prehistoriko. Ang kanilang mga nagawa ay may malaking epekto sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at ang pagkakakilanlan ng mga Asyano. Ano na nga kaya ang katangian ng mga kasalukuyang paraan ng pamumuhay ng mga Asyano? Suriin ang mga grapikong pantulong na iyong ginawa sa mga nakaraang gawain at sagutan ang mga tanong ukol dito.

1. Batay sa mga dayagram na iyong ginawa, ano ang ebolusyong kultural?

2. Ano-ano ang mga pagbabagong naganap sa pamumuhay ng tao sa bawat panahon?

3. Paano nakaapekto ang kapaligiran sa pamumuhay ng mga Asyano?

4. Paano nakasabay ang mga sinaunang Asyano sa mga pagbabagong naganap sa kapaligiran upang makapamuhay ng maayos?

5. Paano nahubog ang mga sinaunang pamayanan?

6. Ano ang pinagkaiba ng paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Asyano sa kasalukuyan?

7. Paano nabuo ang kasalukuyang paraan ng pamumuhay ng mga Asyano?

## GAWAIN 8 Ako ang Pagbabago

Malaki ang papel na ginampanan ng mga sinaunang Asyano sa pagbuo at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Ang kanilang mga nagawa ang siyang naging batayan ng mga kasalukuyang paraan ng pamumuhay ng mga Asyano. Bilang isang Asyano, paano mo mapapahalagahan ang mga nagawa ng mga sinaunang Asyano?

## GAWAIN 9 Mapa ng Pagbabago

Ngayong alam mo na ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Asyano, sagutan ang mahalagang tanong sa *IRF sheet* na nasa ibaba. Sagutan lamang ang "Revised" na bahagi.

| Papaano umunlad ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano? | |
|---|---|
| Initial**:** | |
| **Revised:** | |
| Final: | |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito ng modyul iyong natutuhan ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Asyano at kung papaano nabuo ang mga sinaunang pamayanan. Upang iyong lubusang maunawaan kung papaano nahubog ang mga sinaunang pamayanan, ikaw ay dadako na sa susunod na aralin ukol sa kahulugan ng konsepto ng kabihasnan, mga katangian at kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan.

## PAGPAPALALIM

Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Asyano at kung papaano nabuo ang mga sinaunang pamayanan.

Sa bahaging ito ng modyul, ikaw ay inaasahang kritikal na makapagsusuri ng mga datos ukol sa kahulugan ng konsepto ng kabihasnan, mga katangian at kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan upang iyong lubusang maunawaan ang papel na ginampanan nito sa paghubog at pag-unlad ng kabihasnan at pagkakakilanlan ng mga Asyano sa kasalukuyan.

## GAWAIN 10 I-Juander?!?

Bigyang kahulugan ang mga salitang kultura, sibilisasyon at kabihasnan. Basahin ang nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba at maaari mo ring saliksikin ang mga kahulugan nito sa Ingles sa mga sumusunod na *interactive websites*:

http://www.visuwords.com/fullscreen/ at https://www.wordnik.com/words/culture.


http://billyjawboiles.wordpress.com/2013/06/29/ang-pinagsimulan-ng-kabihasnan/
Ito ay tungkol sa konsepto ng sibilisasyon.
http://www.grahamhancock.com/forum/BartlettX1.php
*Ito ay isang website tungkol sa konsepto ng sibilisasyon.*

http://history-world.org/civilization.htm
*Ito ay isang artikulo tungkol sa konsepto ng sibilisasyon at kultura.*

| | |
|---|---|
| **KULTURA** | |
| **SIBILISASYON** | |
| **KABIHASNAN** | |

## GAWAIN 11 Suriin Natin

Batay sa mga nasaliksik sa nakaraang gawain, paghambingin ang salitang *sibilisasyon* at *kabihasnan*. Punan ang *venn diagram* na nasa ibaba at sagutin ang tanong ukol dito.




## GAWAIN 12 Kabihasnan, Ano Ka?

Basahin ang nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba at gumawa ng isang grapikong pantulong sa https://www.draw.io/ na nagpapakita ng mga katangian ng isang kabihasnan. Idikit ang *URL link* sa kahon na nasa ibaba at ipasa ang *file* nito sa e-mail ng iyong guro. Sagutin din ang mga pamprosesong tanong ukol dito.

http://priyakate.weebly.com/important-characteristics-of-a-civilization.html
*Ito ay isang artikulo tungkol sa mga katangian ng kabihasnan.*

http://www.p12.nysed.gov/ciai/socst/ghgonline/projects/8FeaturesCivilization.pdf
Ito ay tungkol sa mga katangian ng isang sibilisasyon

https://www.youtube.com/watch?v=CRyC1Am4z08
Ito ay tungkol sa mga katangian ng isang sibilisasyon

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang mga katangian ng isang kabihasnan?

2. Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang mga salik o batayan sa pagbuo ng kabihasnan?

3. Kung mawawala ang isang salik o batayan, masasabi mo pa bang isang kabihasnan o sibilisasyon ang mabubuo? Bakit?

**GAWAIN 13** **Kabihasnan,Kabihasnan! Paano Ka Nga Ba Nabuo?**

Basahin at panoorin ang nilalaman ng mga *URL link* na nasa ibaba at gumawa ng isang malikhaing kasaysayan kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan sa https://prezi.com/. I-*save* ang *file* at ipadala ito sa *e-mail* ng iyong guro.

https://www.youtube.com/watch?v=rKuwTKEXNwY
*Ito ay isang video kung papaano nabuo ang isang kabihasnan.*

https://www.youtube.com/watch?v=CRyC1Am4z08
Ito ay tungkol sa mga katangian ng isang sibilisasyon at kung papaano ito nabubuo.
http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/civilization/?ar_a=1
Ito ay isang artikulo kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan.

Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

1. Paano nabubuo ang isang pamayanan?


2. Paano nagsimula ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?

3. Paano nakatulong ang mga sinaunang pamayanan sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng mga kabihasnan sa Asya tungo sa pagkakakilanlang Asyano?

**GAWAIN 14** **Larawan-Suri**

Tingnan ang dalawang larawan ng kabihasnan na nasa ibaba at iyong paghambingin ang mga ito.

**NOON**



**NGAYON**



Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano-ano ang pinagkaiba ng kabihasnan noon sa kabihasnan ngayon?


2. Ano-ano ang pagkakatulad ng kabihasnan noon sa kabihasnan ngayon?

3. Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataon na makapamili, sa anong kabihasnan nais mong manirahan? Noon o ngayon? Bakit?

4. Paano kaya nakamit ng mga Asyano ang mataas na antas ng kabihasnan ng Asya sa kasalukuyan?

## GAWAIN 15 Nasa Aking mga Kamay ang Pag-unlad

Pagmasdan ang larawan na nasa ibaba. Naiisip mo na ba minsan kung gaano na kataas ang kakayahan ng tao mula ng matuklasan nito ang apoy? Naisip mo na ba minsan na tayo ay biniyayaan ng Diyos na Lumikha ng angking talino upang mapaunlad ang ating mga sarili at bansang kinabibilangan? Bilang isang Asyano, gamit ang iyong talino at kasanayan, ano ang magagawa mo para sa ikakabubuti at ikauunlad ng mga tao sa mga susunod pang henerasyon? Sumulat ng isang *reflective journal* sa kahong nasa ibaba.



http://ejsavoie.files.wordpress.com/2013/01/evolution-man-computer.gif

## GAWAIN 16 Alam Ko Na!

Punan ang hinihiling ng bawat kahon ukol sa konsepto ng kahulugan ng kabihasnan at mga katangian nito.

3 bagay na aking natutuhan:

2 bagay na aking napagtanto:

1 bagay na nais kong baguhin:

### Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim

Nalaman mo sa bahaging ito ng modyul na ang kahulugan ng konsepto ng kabihasnan, mga katangian at kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan. Iyo ring nakamit ang inaasahang pagkatuto ukol sa kahalagahan ng mga sinaunang pamayanan sa pagbuo at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano?

Ngayon naman ikaw ay dadako sa susunod na bahagi ng modyul na ito upang alamin ang kahalagahan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa buhay ng bawat Asyano.

Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayong may malalim ka ng pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang proyektong nakalaan sa modyul na ito.

## PAGLILIPAT

### GAWAIN 17 Paggawa ng Investigation Chart

**TASK**

LEVEL 1: Ikaw ay isa sa historyador ng National Historical Institute. Isang senador ang nais gumawa ng isang resolusyon kung papaano mapapalawig ang turismo sa ating bansa para sa pambansang kaunlaran. Ang inyong ahensya ay naatasang gumawa ng isang *brochure* na nagpapakita na ang Pilipinas ay may mataas na antas ng kabihasnan. Ngunit bago makagawa ang inyong ahensya ng isang *brochure* kinakailangan mo munang imbestigahan at patunayan na ang Pilipinas ay may mataas na antas ng kabihasnan. Ikaw ay naatasan na gumawa ng isang *investigation chart* na nagpapakita ng mga salik ng isang kabihasnan, patunay na ang Pilipinas ay nagtataglay nito, at katangian nito na nagpapatunay na ang Pilipinas ay may mataas na kabihasnan tulad ng nasa ibabang tsart:

**ANG KABIHASNANG PILIPINO**

| MGA SALIK NG KABIHASNAN | PATUNAY | KATANGIAN |
|---|---|---|
| PAMAHALAAN | | |
| RELIHIYON | | |
| ARKITEKTURA | | |
| TEKNOLOHIYA | | |
| LIBANGAN | | |
| TRANSPORTASYON | | |
| WIKA | | |
| LITERATURA | | |
| SINING | | |
| TRADISYON | | |
| EDUKASYON | | |

Gumawa ng iyong sariling investigation chart sa http://creately.com/Free-K12-Education-Templates. I-*save* ang *file* at ipasa sa e-mail ng iyong guro.

**RUBRIK: INVESTIGATION CHART**

| PAMANTAYAN | NAPAKAGALING 4 | MAGALING 3 | UMUUNLAD 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **KALIDAD NG IMPORMASYON** | Wasto at higit pa sa inaasahan ang mga ibinigay na datos o impormasyon. | Wastong lahat ang mga ibinigay na datos o impormasyon. | May ilang mali sa mga ibinigay na datos o impormasyon. | Karamihan sa datos o impormasyon ay mali. |
| **PAGLALAHAD** | Napakamalikhain, malinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos at mensahe. | Malinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos at mensahe. | Hindi gaanong malinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos at mensahe.. | Malabo at hindi maunawaan ang pagkakalahad ng mga datos at mensahe.. |
| **PAGKAKAGAWA** | Katangi-tangi at mahusay ang *output* dahil sa ipinamalas na mataas na kalidad at inobasyon. | Ang *output* ay nakapagpakita ng katamtamang kalidad at inobasyon. | Ang *output* ay nakapagpakita ng kaunting kalidad at inobasyon. | Ang *output* ay walang sapat na kalidad at inobasyon. |
| **PAG-UUGNAY NG MGA DATOS** | Masining at malinaw na naipakita ang kaugnayan at kahulugan ng mga datos. | Malinaw na naipakita ang kaugnayan at kahulugan ng mga datos. | May ilang kamalian ang naipakitang kaugnayan at kahulugan ng mga datos. | Hindi naipakita ang kaugnayan at kahulugan ng mga datos |
| **KAKUMPLETUHAN** | Higit pa sa inaasahang datos ang iniligay sa *investigation chart.* | Kumpleto ang datos na inilagay sa *investigation chart.* | May ilang kulang sa datos na inilagay sa *investigation chart.* | Napakaraming kulang sa datos na inilagay sa *investigation chart.* |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Ngayong alam mo na malaki ang papel na ginampanan ng mga sinaunang pamayanan sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano, paano mo mapapahalagahan ang kulturang tinataglay ng iyong bansa at ang mga nagawa ng iyong mga ninuno sa ikauunlad ng kasalukuyang kabihasnan na iyong kinabibilangan?

Gawin ang susunod na gawain upang masagot ang tanong na ito.

## GAWAIN 18 Pagpapahalaga

Hindi sapat na nalaman mo na ang papel na ginampanan ng mga sinaunang pamayanan sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Ang mahalaga ay magamit mo ito sa iyong buhay upang makatulong ka sa bayan.

Gamit ang I-*PLEDGE TEMPLATE*, isulat ang iyong pangako para sa bayan ukol sa kung papaano ka makakatulong sa pagpapayaman ng kultura ng iyong bansa?



## GAWAIN 19 Mga Gintong Aral

Sa modyul na ito ay iyong natutuhan ang mahalagang papel na ginampanan ng mga sinaunang pamayanan sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano Ano-ano ang iyong natutuhan sa mga paksang tinalakay sa modyul na ito? Paano mo ito maisasabuhay?

## GAWAIN 20 Mapa ng Pagbabago

Ngayong alam mo na ang kalagayan, pamumuhay at pag-unlad ng mga sinaunang pamayanan at ang kahulugan ng konsepto ng kabihasnan at mga katangian nito, sagutan ang mahalagang tanong sa *IRF sheet* na nasa ibaba. Sagutan lamang ang "Final" na bahagi.

| Papaano umunlad ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano? | |
|---|---|
| Initial: | |
| Revised: | |
| **Final:** | |

**Katapusang Bahagi ng Modyul**

Tunay na mahalaga ang papel na na ginampanan ng mga sinaunang pamayanan sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Lahat tayo ay may kanya-kanyang tungkulin na dapat gampanan para sa ating bansa. Nakasalalay sa ating lahat ang pagsulong at pag-unlad ng ating bansa. Kayat bilang isang kabataang Pilipino, nawa'y maisabuhay mo ang mga aral na natutuhan mo sa modyul na ito.

## GAWAIN 21 Pagtataya ng Sariling Kaalaman Mula Sa Modyul

Buong katapatan na sagutin mo ang rubrik ng ebalwasyon upang masukat ang iyong pagkatuto sa kabuuan ng modyul na ito. I-klik lamang ang bilang na tumutukoy sa antas ng iyong natutuhan sa modyul na ito.

Kung handa ka na, narito ang iskala ng mga bilang na magtataya ng iyong natutuhan sa kabuuan ng modyul na ito. I-klik lang ang simula.

**1- Walang alam**
**2- Nalilito**
**3- Mahusay**
**4- Napakahusay**

| | |
|---|---|
| **Pagpapaliwanag:** Nauunawaan na ang kahulugan ng konsepto ng kabihasnan at mga katangian nito. | ① ② ③ ④ |
| **Interpretasyon:** Nasusuri ang kalagayan, pamumuhay at pag-unlad ng mga sinaunang pamayanan. | ① ② ③ ④ |
| **Paglalapat:** Nakapagbibigay ng paraan kung papaano makakatulong sa pagpapaunlad ng sariling kultura. | ① ② ③ ④ |
| **Perspektibo:** Nakabubuo ng sariling pananaw ukol sa kalagayan, pamumuhay at pag-unlad ng mga sinaunang pamayanan at kahulugan ng konsepto ng kabihasnan at mga katangian nito. | ① ② ③ ④ |
| **Empatiya:** Nailalagay ang sarili sa katauhan ng mga sinaunang Asyano at upang makapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa kung papaano malulutas ang mga suliranin sa lipunan at kung papaano mapapapahalagahan ang mga naiambag ng mga ito sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. | ① ② ③ ④ |
| **Pagkilala sa Sarili:** Nakabubuo ng isang kaisipan ukol sa kahalagahan ng kultura sa pagkakabuo ng pagkakakilanlan ng bansa. | ① ② ③ ④ |

## PANGHULING PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong.
Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sa anong panahon natutuhan ng tao ang magbungkal ng lupa at mag-alaga ng hayop?
   A. Paleolitiko
   B. Mesolitiko
   C. Neolitiko
   D. Panahon ng Metal

2. Alin sa mg sumusunod ang nakatulong sa pagbuo at pag-unlad ng mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya?
   A. Paghubog ng mga pangyayari lalo na sa larangan ng kagitingan, pamumuno at pakikipagkalakalan ng mga sinaunang Asyano.
   B. Paghubog at pag-unlad ng mga simpleng karunungan, batas, kaugalian, tradisyon na natutuhan ng mga sinaunang Asyano.
   C. Pagbibigay halaga sa mga pamana ng mga sinaunang Asyano.
   D. Pagsasabuhay sa mga nabuong kasaysayan ng mga sinaunang Asyano.

3. Suriin ang larawan na nasa ibaba. Sa anong panahon ginamit ng mga sinaunang Asyano ang mga kagamitang nasa larawan?
   A. Paleolitiko
   B. Mesolitiko
   C. Neolitiko
   D. Panahon ng Metal



4. Alin sa mga sumusunod ang kagamitang ginamit ng mga sinaunang tao sa Panahong Mesolitiko?

A



C.



B



D.



5. Ano ang kahulugan ng kabihasnan?
   A. Kinagawiang pamumuhay na pinaunlad ng maraming pangkat ng tao.
   B. Kinagawiang pamumuhay bunga ng pagtira sa mga lambak ng ilog.
   C. Binagong pamumuhay ng kapaligiran.
   D. Pinaunlad na pamumuhay ng tao gamit ang bagong teknolohiya.

6. Paano masasabi na ang isang pamayanan ay isang kabihasnan?
   A. Kapag ang mga mamamayan nito ay may sentralisadong pamahalaan, relihiyon, sistemang panlipunan, sining, arkitektura at sistema ng pagsulat
   B. Kapag ang mga mamamayan nito ay may pamahalaan, relihiyon, sining, arkitektura at sistema ng pagsulat
   C. Kapag maayos ang pamumuhay ng mga mamamayan sa pamayanan
   D. Kapag ang pamayanan ay may malaking populasyon at may sistemang panlipunan

7. Ang kultura ay salamin ng lahi. Mahalaga ito sa ikauunlad ng isang bansa. Ano ang nararapat nating gawin sa ating sariling kultura?
   A. Gawing batayan ang ating kultura at tradisyon sa mga kaganapang panlipunan.
   B. Isabuhay at ibahagi ang magagandang kultura at tradisyon ng ating bansa.
   C. Pahalagahan ang kultura at mga tradisyon ng ating bansa.
   D. Isabuhay at pagyamanin ang mga magagandang kultura at tradisyon ng ating bansa.


8. Mahalaga ang pagkakaroon ng wika sa pagbuo ng isang kabihasnan. Alin sa mga sumusunod ang hindi katangian nito?
   A. Batayan sa paghubog ng kultura
   B. Nagsisilbing pagkakilanlan ng mga grupo ng tao
   C. Dahilan ng hindi pagkakaintindihan ng mga tao dahil sa pagkakaroon ng iba't ibang wika
   D. Nakatutulong sa pagkakaisa ng mga mamamayan

9. Bakit mahalagang mapaunlad ang kasanayan ng mga mamamayan sa pamamagitan ng edukasyon?
   A. Susi sa kaganapan
   B. Susi sa kapayapaan
   C. Susi sa kalangitan
   D. Susi sa kaunlaran

10. Isa sa mahahalagang katangian ng isang kabihasnan ay ang pagkakaroon ng paniniwala at relihiyon. Ano ang ibig sabihin ng relihiyon?
   A. Pagkilala sa pinagmulang lahi ng isang tao.
   B. Nagpapairal ng mga dapat sundin sa mga lipunan.
   C. Ito ay ang pagkilala ng tao sa isang kapangyarihang nakapaghahari sa lahat ng bagay at ang kanyang mga batas at utos ay sinusunod.
   D. Ito ay ang palaisipang hindi malaman ang simula, ang patutunguhan, at ang wakas.

11. Noong Panahong Paleolitiko, ang mga sinaunang tao ay mangangaso. Walang katiyakan na sila ay magkakaroon ng makakain. Paano tinugunan ng mga sinaunang tao ang ganitong suliranin?
   A. Natutuhan nilang gamitin ang apoy.
   B. Natutuhan nilang gumawa ng *compass.*
   C. Natutuhan ng tao na magsaka at mag-alaga ng hayop.
   D. Natutuhan nilang gumawa ng kasangkapan sa pagluluto.

12. Suriin ang mga larawan ng mga tao sa ibaba. Paano mo mapatutunayan na ang kultura ng sinaunang tao ay dumaan sa iba't ibang yugto ng pag-unlad?




   A. May mga labi ng kasangkapan na natuklasan sa iba't ibang lugar sa mundo.
   B. May mga natuklasan na iba't ibang uri ng sandata.
   C. May mga sining ang mga sinaunang tao ang natagpuan sa mga yungib.
   D. May mga labi ng sinaunang tao na natuklasan.

13. Paano nagkakaiba ang kabihasnan at sibilisasyon?
    A. Ang kabihasnan ay ang pinakamataas na antas ng kultura samantalang ang sibilisasyon ay ang kabuuan ng lahat ng nagawa ng tao.
    B. Ang kabihasnan ay ang kabuuan ng lahat nang nagawa ng tao samantalang ang sibilisasyon ay ang paraan ng pamumuhay ng tao.
    C. Ang kabihasnan ay ang kabuuan ng lahat nang nagawa ng tao samantalang ang sibilisasyon ay ang pinakamataas na antas ng pamumuhay.
    D. Ang kabihasnan ay ang paraan ng pamumuhay samantalang ang sibilisasyon ay ang pinakamataas na antas ng kultura.

14. Bakit mahalaga sa pag-unlad ng pamumuhay ng tao ang pagkakatuklas ng agrikultura?
    A. Nagkaroon ng permanenteng tahanan ang mga sinaunang tao.
    B. Naiwasan ang mababangis na hayop sa kapaligiran.
    C. Nagkaroon ng tiyak na mapagkukunan ng pagkain ang mga tao.
    D. Nagsimulang umunlad ang kultura ng mga sinaunang tao.

15. Paano pinaghahandaan ng mga sinaunang tao ang mga hamon ng kalikasan?
    A. Nagtanim sila ng maraming puno sa tabi ng ilog.
    B. Nagtayo sila ng mga dike na siyang haharang sa tubig na maaaring sumira sa kanilang lupain.
    C. Nagtatago sila sa kuweba tuwing panahon ng tag-ulan.
    D. Nagtatayo sila ng dike, nagtatanim ng malalaking puno sa tabi ng ilog at inaayos ang mga daluyan ng tubig upang hindi ito makapasok sa kanilang pamayanan.

16. Bilang isang lider ng Samahan ng mga Mag-aaral sa Kasaysayan sa iyong paaralan, ikaw ay naatasang ipalaganap ang mga naiambag ng mga sinaunang tao sa iyong paaralan upang maipagmalaki ng iyong kapwa mag-aaral na sila ay Asyano. Paano mo ito maisasagawa?
    A. Magpapamahagi ng *booklet* sa mga kamag-aral.
    B. Magpapagawa ng *brochure* sa mga kamag-aral.
    C. Magsasagawa ng *forum* at mag-aanyaya sa mga mag-aaral na dumalo dito.
    D. Mag-aanyaya sa mga kamag-aral na magsagawa ng isang “cultural show” na ipapakita sa iba pang antas sa paaralan.

17. Sa paanong paraan mo ipakikita ang kultura, tradisyon, at kagandahan ng Asya sa isang pagpupulong sa kabila ng mga masasamang impresyon ukol sa Asya at mga Asyano?
    A. Babasahin ang *progress report* ng Asya.
    B. Mamahagi ng *pamphlet* ukol sa kultura, tradisyon at magagandang tanawin sa Asya.
    C. Magpapakita ng *video presentation* ng mga ipinagmamalaking kultura, tradisyon at mga taong nagpapahalaga nito.
    D. Magpapakita ng *power point presentation* ng magaganda at itinatanging kultura ng mga Asyano.

18. Matapos mong mapag-aralan kung papaano umusbong ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya, ikaw ay naatasan ng iyong guro na magpakita ng isang presentasyon ukol sa paksang ito. Ano ang gagawin mong pamantayan sa pagbuo ng presentasyon?
    A. Kasaysayan, sino ang natatag at saan naitatag ang pilosopiya
    B. Kasaysayan at mahahalagang aral ng pilosopiya
    C. Kasaysayan, sino ang nagtatag, saan naitatag at impluwensiya ng pilosopiya
    D. Kasaysayan, mahahalagang aral, impluwensiya at kahalagahan ng pilosopiya sa kasalukuyang panahon.

19. Ikaw ay inatasan ng iyong guro na gumawa ng sanaysay ukol sa kahalagahan ng mga naging ambag ng mga sinaunang tao sa pagbuo at pag-unlad ng pagkakakilanlan ng mga bansa sa Asya. Ano-ano ang dapat na maging katangian nito?
    A. Pagpapaunlad ng gawain, pakikibahagi, pakikipagtulungan, at paggawa
    B. Pokus, atensiyon, pakikinig, at pagtulong
    C. Nilalaman, pagtalakay, organisasyon, at paglalahad
    D. Pagkasunud-sunod ng mga pangyayari, kawastuhan, at paglalahad ng nilalaman

20. Ikaw ay naatasan ng iyong guro na gumawa ng *investigation chart* na nagpapatunay na ang ating bansa ay may mataas na antas ng kabihasnan. Ano ang dapat na katangian ng iyong *investigation chart* upang ito ay maging katangi-tangi sa panghihikayat?
    A. Malinaw ang pagkakalahad ng mensahe
    B. Masining ang pagkakalahad ng mensahe
    C. Malabo ang pagkakalahad ng mensahe
    D. May kalabuan ang pakakalahad ng mensahe

## GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

**Disyerto** – rehiyong may malawak na tuyong lupa at buhangin.

**Diverse Habitat** – Iba-ibang panahanan o tirahan.

**Etnisidad** – mistulang kamag-anakan. Kapag kinikilala ng isang grupo ng tao ang mga sarili at ang isa't isa bilang kasapi ng isang grupong etnolingguwistiko.

**Etnolingguwistiko** – tumutukoy sa pagkakapareho at pagkakaiba ng mga tao sa isang bansa ayon sa kultura, wika, at etnisidad.

**Kabihasnan** – pamumuhay na kinagawian ng maraming pangkat.

**Kaunlaran** – ang pagbabago mula sa mababa tungo sa mataas na antas ng pamumuhay.

**Konsepto** – ideya o kaisipan.

**Kultura** – ang kabuuang huwaran ng kaalaman, paniniwala, gawi at katangiang materyal ng isang pangkat.

**Ninuno** – matatandang tao na siyang pinagmulan ng lahi ng mga kasalukuyang mamamayan.

**Pag-usbong** – simula ng paglaki tulad ng sa halaman.

**Pamunuan** – pangasiwaan, mga pinunong nagpapalakad ng samahan.

**Panahanan** – lugar na kinatatayuan ng mga bahay at tinitirahan ng mga tao.

**Pangkat** – grupo

**Sinaunang tao** – kauna-unahan o pinakanunong taong nanirahan sa mundo.

**Teknolohiya** – maunlad at makabagong pamamaraan.

**Tradisyon** – Maunlad at makabagong pamamaraan.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

Badilla, et. al. (2006) ***Social Studies in Perspective: History of the World***. Manila; Diwa Publishing House.

Barrientos, G. (2005) ***World History***. Manila; St. Bernadette Publishing House.

Flores, et. al. (2006). ***Social Studies in Perspective***. Manila: Diwa Publishing House

Imperial, et. al. (2007). ***Turning Points II***, Rex Publishing House.

Leutano, F. (2002). ***World History***. Manila; St. Agustine Publications.

Leuterio, F. (2004). ***Asian History and Civilization***. Manila: Vibal Publishing House.

Mateo, et. al. (2005). ***History and Culture***. Manila: Ibon Publishing.

Tabing, et. al. (2004). ***Asian History and Civilization***. Manila: St. Bernadette Publishing House.

Villoria, et. al. (1998) ***The World History and Civilization***. Manila; Vibal Publishing House.

http://www.penfield.edu/webpages/jgiotto/onlinetextbook.cfm?subpage=1525824
*Ito ay isang website tungkol sa Panahong Paleolitiko.*

http://www.penfield.edu/webpages/jgiotto/onlinetextbook.cfm?subpage=1525826
*Ito ay isang website tungkol sa Panahong Neolitiko*

http://www.stone-age-experience.com/stone-age-life
Ito ay tungkol sa pamumuhay ng mga tao sa panahon ng bato.

http://humanorigins.si.edu/evidence/behavior
Ito ay isang *website* ukol sa ebolusyon ng tao at sa kultura nito.

http://www.ancient.eu.com/Bronze_Age/
Ito ay tungkol sa Panahon ng Bronse.

http://www.ancient.eu.com/bronze/
Ito ay tungkol sa Panahon ng Bronse.

http://www.btm.hu/old/varmuzeum/allando/oskor/aoskor.html
Ito ay *website* ukol sa kasaysayan noong panahon ng prehistoriko.

http://billyjawboiles.wordpress.com/2013/06/29/ang-pinagsimulan-ng-kabihasnan/
Ito ay tungkol sa konsepto ng sibilisasyon.
http://www.grahamhancock.com/forum/BartlettX1.php
*Ito ay isang website tungkol sa konsepto ng sibilisasyon.*

http://history-world.org/civilization.htm
*Ito ay isang artikulo tungkol sa konsepto ng sibilisasyon at kultura.*

http://priyakate.weebly.com/important-characteristics-of-a-civilization.html
*Ito ay isang artikulo tungkol sa mga katangian ng kabihasnan.*

http://www.p12.nysed.gov/ciai/socst/ghgonline/projects/8FeaturesCivilization.pdf
Ito ay tungkol sa mga katangian ng isang sibilisasyon.

https://www.youtube.com/watch?v=CRyC1Am4z08
Ito ay tungkol sa mga katangian ng isang sibilisasyon.

https://www.youtube.com/watch?v=rKuwTKEXNwY
Ito ay isang *video* kung papaano nabuo ang isang kabihasnan.
http://education.nationalgeographic.com/education/encyclopedia/civilization/?ar_a=1
*Ito ay isang artikulo kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan.*

https://www.youtube.com/watch?v=CRyC1Am4z08
Ito ay tungkol sa mga katangian ng isang sibilisasyon at kung papaano ito nabubuo.

## Aralin 2: MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA

☑ **Panimula at mga Pokus na Tanong**

Alam mo ba kung ano-ano ang mga sinaunang kabihasnan na umusbong sa Asya? Paano kaya nabuo at umunlad ang mga sibilisasyong ito? May kinalaman nga kaya ang pilosopiya at relihiyon sa paghubog ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya? ***Paano kaya nakatulong ang mga sinaunang kabihasnan sa paghubog ng kasalukuyang sibilisasyon ng mga bansa sa Asya at sa pagkabuo ng pagkakilanlang Asyano? Bilang isang kabataan, paano ka kaya makatutulong sa paghubog at pag-unlad ng sibilisasyon ng iyong bansa sa kasalukuyan?***

Matutunghayan mo sa modyul na ito, kung paano nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya at ang papel na ginampanan nito sa pagbuo at pag-unlad ng kasalukuyang sibilisasyon sa Asya at pagkakakilanlang Asyano. Upang ito'y iyong malaman, iyong saliksikin ang mga sagot sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano-ano ang mga bagay at isipang piinagbatayan sa pagkilala sa sinaunang kabihasnan?
2. Paano nakaapekto ang mga pananaw, paniniwalang relihiyon, pilosopiya at tradisyon sa paghubog sa kasaysayan at pagkakakilanlan ng mga Asyano?
3. Ano-ano ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
4. Paano nabuo at umunlad ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
5. Ano-ano ang mga ambag ng mga sinanunang kabihasnan sa Asya?
6. Bakit mahalaga ang mga ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
7. Ano ang naging sanhi ng pagbagsak ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya?


### ☑ Saklaw ng Modyul

Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin 1 | Mga Bagay at Isipang Pinagbatayan (sinocentrism, divine origin, devajara) sa Pagkilala sa Sinaunang Kabihasnan | • Napapahalagahan ang mga bagay at isipang pinagbatayan (*sinocentrism, divine origin, devajara*) sa pagkilala sa sinaunang kabihasnan.<br>• Nasusuri ang bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwalang relihiyon, pilosopiya at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan at pagkakakilanlan ng mga Asyano. | |
| Aralin 2 | Mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya (Sumer, Tsina, Indus) | • Napaghahambing ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya (Sumer, Tsina, Indus).<br>• Nasusuri ang mahahalagang pangyayaring naganap sa Asya mula sa pagkakatatag ng sinaunang kabihasnan hanggang ika-16 na siglo sa pamahalaan, kabuhayan, teknolohiya, lipunan, edukasyon, paniniwala, pagpapahalaga, sining at kultura. | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.




## ☑ Inaasahang mga Kasanayan

Pagkatapos na mapag-aralan at gawin ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:


9. Nakapagsasaliksik ng mga terminolohiyang hindi mo alam ang kahulugan.
10. Nasasagutan ang mga pagsasanay sa araling ito.
11. Nakapagsusuri ng mga dokumento, pelikula, larawan, mapa at mga datos.
12. Nakapagsusulat ng mga paraan kung paano makatutulong ang mga mamamayan sa pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.


Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Tignan ang mapa sa baba. Anong bansa ang tinatawag na lupain sa pagitan ng dalawang ilog?





a. Indus Valley
b. Ganges Valley
c. Huang Ho Valley
d. Mesopotamia

2. Alin ang hindi kontribusyon ng mga Sumerian?

a. b. c. d.

3. Alin sa mga sumusunod ang sistema ng pagsulat ng mga Tsino?

a. b. c. d.

4. Bumagsak ang Kabihasnang Sumer dahil sa ito ay binubuo ng magkakahiwalay na estado. Dahil sa kawalan ng pagkakaisa, madali itong nasakop at bumagsak. Tulad ng Mesopotamia, ang ating bansa ay binubuo ng maraming pulo kung kaya't nagkaroon tayo ng iba't ibang pangkat at kultura. Kung ikaw ang kasalukuyang pangulo ng ating bansa, anong proyekto ang maaari mong gawin upang magkaroon ng ugnayan at pagkakaisa ang iba't ibang pangkat ng mga Pilipino?
    a. Mamahagi ng mga aklat na naglalarawan ng kultura ng lahat ngpangkat ng mga Pilipino upang maunawaan ang kultura ng bawat isa.
    b. Magsasagawa ng mga proyektong pagpapatayo ng tulay upangmapagdugtung-dugtong ang mga kapuluan sa Pilipinas
    c. Magpanukala ng batas na nag-uutos na dapat magkaisa ang mga Pilipino upang ang lahat ay obligadong gawin ito.
    d. Magsagawa ng mga proyektong pangkultural na maaring lahukan ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas upang magkaroon ng pagkakataon namakipag-interaksyon sa bawat isa.

5. Ano ang pinakamahalagang salik sa pagbuo ng sinaunang kabihasnan sa Asya?
   a. pang-ekonomiya
   b. panlipunan
   c. pisikal
   d. politikal

6. Alin sa mga sumusunod ang hindi kaisipang umusbong sa Asya?
   a. Confucianism
   b. Sinocentrism
   c. Divine Theory
   d. Realism

7. Anong kabihasnan ang unang umusbong sa Asya?
   a. Harappa
   b. Shang
   c. Sumer
   d. Mohenjodaro

8. Paano nakaapekto ang mga pilosopiya, paniniwala at kaisipan sa paghubog at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
   a. Nagdulot ito ng rehiyonalismo sa Asya.
   b. Nagkaroon ang mga Asyano ng mataas na moralidad at pamumuhay sa lipunann batay sa kanilang makatarungang paniniwala.
   c. Nakatulong ang mga ito sa paglinang ng kultura at pamumuhay ng mga Asyano.
   d. Nagdulot ito ng mga labanan, pagmamalupit at pagkakahati ng mga sinaunang kabihasnan.

9. Ang mga paniniwala at pananaw ng mga Asyano ay nagbigay-daan sa paghubog at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Bakit dumami ang mga tagasunod nito at nanatili pa rin ito sa kasalukuyan?
   a. Nasasaklawan ng mga pilosopiya at paniniwala ang buong aspekto ng pamumuhay ng tao
   b. Naipapaliwanag ng mga pilosopiya at paniniwala ang kaugnayan ng mga pangyayari sa buhay ng sangkatauhan.
   c. Nasasagot ng mga pilosopiya at paniniwala ang mga tanong ukol sa layunin at katuturan ng tao sa daigdig.
   d. Ipinalaganap ito ng mga sinaunang tao sa Asya.

10. Ano ang dilaw na *banlik* na nagpapataba sa lambak ng Huang Ho?
   a. ceramics
   b. kaolin
   c. loess
   d. murex

11. Paano nabuo ang paniniwalang *sinocentrism* ng mga Tsino?
    a. Ang mga Tsino ay may kakaibang kulay ng balat.
    b. Ang mga Tsino ay may kakaibang kaanyuang pisikal.
    c. Ang mga Tsino ay may maunlad na kabuhayan.
    d. Ang bansa ng mga Tsino ay nakahiwalay sa ibang bansa.

12. Ang kaisipang *sinocentrism* ay nagmula sa bansang Tsina. Paano ito nakaapekto sa pamumuhay ng mga tao sa Tsina?
    a. Nang sinakop ng mga Kanluranin ang Tsina kaagad nitong tinanggap ang mga Tsino.
    b. Tinaboy ng mga Tsino ang mga kanluraning mananakop.
    c. Binigyan ng mga Tsino ang mga Kanluranin ng saklaw na inpluwensya sa kanilang bansa.
    d. Naging madali para sa mga Tsino ang makipagkasundo sa mgakanluranin

13. Ang Kabihasnang Sumer ay mahalaga sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang ambag ng Kabihasnang Sumer?
    a. ang Kodigo ni Hammurabi
    b. ang paglikha ng mga kanal at dike
    c. ang sistema ng pagsulat na cuneiform
    d. ang templong ziggurat

14. Ikaw ay isang lider ng isang barangay at naatasang maging tagapagsalita sa isang programa sa inyong barangay sa nalalapit na kapistahan na may temang "Nasa Ating mga Kamay ang Kaunlaran". Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghandaan sa iyong talumpati?
    a. Ang mga halimbawang ipapakita ay nakakatawa upang hindi mawala ang interes ng mga manonood.
    b. Ang mga larawang ipakikita ay makukulay upang ito ay maging kabigha-bighani sa mga manonood.
    c. Magpapakita ng mg larawan na nagpapakita ng mga nagawa ng ating mga ninuno na naging kapaki-pakinabang sa kasalukuyan upang makapagbigay ng inspirasyon sa mga manonood.
    d. Gagamit ng makabagong teknolohiya upang maging kapani-paniwala sa mga manonood.

15. Saan nakabatay ang mga pandigdigang pananaw ng mga Asyano?
    a. bansang kabilang
    b. estado ng pamumuhay
    c. katauhan
    d. relihiyon

16. Paano pinahahandaan ng mga tao ang mga hamon ng kalikasan tulad ng malaking pagbaha at kalamidad sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
    a. Nagtanim sila ng maraming puno sa tabi ng ilog.
    b. Nagtayo sila ng mga dike na siyang haharang sa tubig at na maaaring sumira sa kanilang lupain.
    c. Nagtatago sila sa kuweba tuwing panahon ng tag-ulan.
    d. Nagtatayo sila ng dike, nagtatanim ng malalaking puno sa tabi ng ilog at inaayos ang mga daluyan ng tubig upang hindi ito makapasok sa kanilang pamayanan.

17. Bilang isang lider ng Samahan ng mga Mag-aaral sa Kasayasayan sa iyong paaralan, ikaw ay naatasang ipalaganap ang mga naiambag ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa iyong paaralan upang maipagmalaki ng iyong kapwa mag-aaral na sila ay Asyano. Paano mo ito maisasagawa?
    a. Magpapamahagi ng *booklet* sa mga kamag-aral.
    b. Magpapagawa ng *brochure* sa mga kamag-aral.
    c. Magsasagawa ng *forum* ukol at mag-aanyaya sa mga mag-aaral na dumalo dito.
    d. Mag-aanyaya sa mga kamag-aral na magsagawa ng isang *cultural show* na ipapakita sa iba pang antas sa paaralan.

18. Ikaw ay naatasan ng iyong paaralan na lumahok sa isang paligsahan ng debate sa inyong dibisyon ukol sa pilosopiya ng iyong paaralan. Anong paghahanda ang dapat mong gawin bago ang paligsahan?
    a. Magbabasa ng maraming aklat.
    b. Magsasaliksik at maghahandang humarap sa debate.
    c. Magbabasa at manonood ng mga balita sa telebisyon.
    d. Gagawa ng mga posibleng maging isyu o paksa sa debate at magsasaliksik ukol dito.

19. Sa paanong paraan mo ilalahad ang kultura, tradisyon, at kagandahan ng Asya sa isang pagpupulong sa kabila ng mga masasamang impresyon ukol sa Asya at mga Asyano?
    a. Babasahin ang *progress report* ng Asya.
    b. Mamahagi ng *pamphlet* ukol sa kultura, tradisyon at magagandang tanawin sa Asya .
    c. Magpapakita ng *video presentation* ng mga ipinagmamalaking kultura, tradisyon at mga taong napapahalaga nito.
    d. Magpapakita ng *power point presentation* ng magaganda at itinatanging kultura ng mga Asyano.

20. Matapos mong mapag-aralan ang mga pilosopiyang pinagbatayan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya, ikaw ay naatasan ng iyong guro na magpakita ng isang presentasyon ukol sa paksang ito. Ano ang gagawin mong pamantayan sa pagbuo ng presentasyon?
    a. Kasaysayan, sino ang natatag at saan naitatag ang pilosopiya
    b. Kasaysayan at mahahalagang aral ng pilosopiya
    c. Kasaysayan, sino ang natatag, saan naitatag at impluwensya ng pilosopiya
    d. Kasaysayan, mahahalagang aral, impluwensya at kahalagahan ng pilosopiya sa kasalukuyang panahon.


## PAGTUKLAS

Bago natin simulan ang talakayan sa modyul na ito tungkol sa ***paano nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya,*** subukan mo munang gawin at sagutan ang mga gawaing inihanda.

### GAWAIN 1 Ang Iyong Henerasyon!


Tingnan at basahin ang mga larawan sa ibaba.










Panoorin ang mga video link at sagutan ang mga inihandang tanong.

1. **http://www.youtube.com/watch?v=LRIKol4Usxw&feature=fvwre**
   Ito ay isang *cartooned video* ukol sa kabihasnan ng tao noon at ngayon.

   *Old vs New. Mark Fiore. 25 May 2009 http://www.MarkFiore.com 5 November 2012 <http://www.youtube.com/watch?v=LRIKol4Usxw&feature=fvwrel>*

2. **http://www.youtube.com/watch?v=37OLJPjoews&feature=related**
   Ito ay isang *cartooned video* kung paano naaapektuhan ng teknolohiya ang isang pamilya.

*Technology and the Family. Eliezer Castillo. 20 October 2009. http://www.eliezerc.com. 5 November 2012. <http://www.youtube.com/watch?v=37OLJPjoews&feature=related>*

3. **http://www.youtube.com/watch?v=esiqB_Cd9PQ&feature=related**
   Ito ay isang *video* ukol sa pagbabago sa paraan ng pamumuhay ng tao sa kasalukuyan.

   *How Technology Is Changing Work Culture. Epipheo Studios. 30 May 2011. http://microsoft.com/consumerization 5 November 2012. <http://www.youtube.com/watch?v=esiqB_Cd9PQ&feature=related>*

4. **http://www.youtube.com/watch?v=yuKu6PZXCIY&feature=related**
   Ito ay isang maikling *animated video* ukol sa pagbabago ng teknolohiya at lipunan ng mga tao sa lipunan at kung paano ito nakakaapekto sa interaksyon ng mga tao sa kasalukuyan.

5. *An Ever Changing World. Armadillo Creative. 29 June 2011. http://www.armadillo-creative.com 5 November 2012 <http://www.youtube.com/watch?v=yuKu6PZXCIY&feature=related>*

Matapos mong mapanood ang mga *video*, sagutan mo ang mga tanong.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Tungkol saan ang napanood mong *video?*

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Ano-ano ang mga kagamitang ginagamit ng mga tao sa kasalukuyan lalong-lalo na ng mga kabataang tulad mo?

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

3. Batay sa *video* na iyong pinanood, ilarawan mo ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa kasalukuyan.

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

4. Sa iyong palagay, bakit naging moderno ang paraan ng pamumuhay ng mga tao sa kasalukuyan?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. Bilang kabataan sa kasalukuyan, paano ka makakatulong sa pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan ng ating daigdig?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

## GAWAIN 2 Pagisipan Mo!

I-klik ang tsek ( / ) kung ikaw ay sumasang-ayon sa sinasabi ng pahayag at ekis kung hindi ( X ). Sagutan lamang ang hanay na sagot **Bago ang Aralin.**

| Sagot Bago ang Aralin | Mga Sinaunang Sibilisasyon | Sagot Matapos ang Aralin |
|---|---|---|
| | 1. Umusbong ang mga sinaunang kabihasnan sa lambak ng ilog. | |
| | 2. Walang magandang naidulot ang pabagu-bagong pamamahala at pananakop sa isang lugar. | |
| | 3. Ang mga relihiyon sa Timog-Kanlurang Asya ay nakaimpluwensiya sa mga pananaw sa buhay ng mga Asyano. | |
| | 4. Sentro ng sinaunang kabihasnan kung papaano maitataguyod ng bawat isa ang kanilang pamumuhay. | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**


Magaling! Nakapagbigay ka na ng iyong pahayag batay sa iyong dating kaalaman. ***Paano nga kaya nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya? Paano ito nakatulong sa paghubog ng pagkakakilanlang Asyano?*** Alamin natin ang tamang sagot sa mga tanong na ito matapos mapag-aralan ang susunod na aralin.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, aalamin mo kung papaano nga ba nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Sa bahagi ito, ikaw ay inaasahang maunawaan at makapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa papel na ginampanan ng pilosopiya at relihiyon sa paghubog ng sinaunang kabihasnan sa Asya. Gawin at sagutan ang mga gawaing inihanda upang iyong malaman at maunawaan kung paano nga ba nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya.

## GAWAIN 3 Insignia

Punan ang blangkong dayagram na nasa ibaba upang makabuo ng *insignia* ukol sa iyong sarili.




Sagutin mo ang mga tanong.

1. Paano nakaapekto ang iyong paniniwala at pagpapahalaga sa iyong pamumuhay? Magbigay ng halimbawa o pangyayari na nakaapekto ito sa iyong buhay.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano-ano ang mga hakbanging iyong ginagawa upang makamit mo ang iyong layunin sa buhay?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

3. Masasabi mo bang nakaapekto ang iyong paniniwala at pagpapahalaga sa iyong katauhan? Paano mo nasabi?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________

4. Sa iyong palagay, mahalaga ba ang mga paniniwala at pagpapahalaga ng isang tao sa pag-unlad ng isang katauhan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
_______________

**TANDAAN**

Ang pilosopiya ay mula sa salitang <u>Latin</u> na *philosophia* nanagmula naman sa dalawang <u>wikang Griyego</u> na *filein* na ang ibig sabihin ay "ibigin" at *sofia* na ang ibig sabihin ay karunungan kung kaya't ang literal na kahulugan nito ay "pag-ibig sa karunungan".

Sa mga sinaunang Griyego ito ay isang pangunahing gawain na maraming sinasakop, o isang paraan upang harapin ang buhay, kaysa mga tiniyak na kalipunan ng mga katanungang pinag-aaralan.

Ang pagpapahalaga o *value* ay tumutukoy sa mga katangian ng mga bagay na itinuturing nating kanais-nais at mahalaga sa tao at sa lipunan. Ito ay galing sa salitang Latin na *valere* na ang ibig sabihin ay "maging matatag at malakas". Nabibigyan natin ng importansya ang isang bagay o tao dahil sa ating pagpapahalaga dito.

Ang salitang relihiyon naman ay nanggaling sa salitang latin na *religio* na ang ibig sabihin ay "muling pagkakaisa". Ang relihiyon ay nakatutulong upang magkabuklod-buklod ang mga tao sa lipunan.

Ang pilosopiya, pagpapahalaga at relihiyon ay malaking papel ang ginagampanan sa paghubog ng isang katauhan. Ang mga ito rin ang nagiging batayan ng isang tao kung paano niya pauunlarin ang kanyang sarili. Gayundin sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Ang mga ito rin ang naging gabay ng mga Asyano upang mabuo ang kanilang kabihasnan.

Ayon kay Dr. Zeus Salazar, ang kabihasnan ay ang uri ng pamumuhay at pag-uugali na kinagisnan at pinapino ng mga grupo ng mga tao. Nagmula ito sa salitang *bihasa* na nangangahulugang “nilinang at sinanay sa mahabang panahon upang lalong mapagbuti ang kinasanayang gawi at pamumuhay.”

Ngayong alam mo na kung paano nakatutulong ang pilosopiya, pagpapahalaga at relihiyon sa paghubog ng isang katauhan, iyo namang aalamin sa susunod na aralin ang iba’t ibang pilosopiya, pagpapahalaga at relihiyon ng mga Asyano na naging batayan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya.

## GAWAIN 4 Alamin Mo!

Basahin ang teksto na nasa ibaba.


**Ang Tsina Bilang Gitnang Kaharian**
*ni Christie L. Busito*




Isa sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya ay ang Tsina na umusbong sa tabi ng Ilog Huang Ho. Noong sinaunang panahon, tinatawag ng mga Tsino ang kanilang bansa bilang Zhungguo na ang ibig sabihin ay *middle kingdom* o gitnang kaharian. Ang pilosopiyang ito ay tinatawag na *sinocentrism*. Ito ang

paniniwala ng mga Tsino na ang Tsina ang pinakasentro ng daigdig. Pinaniniwalaan din nila ang pagiging superior  at natatangi ang kanilang kultura at kabihasnan. Makikita sa sinaunang mapa ng Tsina sa ibaba na ito ang sentro ng daigdig. Ito ay napaliligiran ng anyong tubig at mga kahariang pulo.

Ayon sa mga sinaunang paniniwala ng mga Tsino, ang mundo ay binubuo ng 100 bansa, na ang 25 nito ay napaliligiran ng karagatan, ang 45 ay nasa kabila ng karagatan at ang 30 naman nito ay nasa kabila pa ng susunod na karagatan. Ang apat na karakter sa itaas.Sa ibaba at magkabilang gilid ng mapa ang nagtuturo ng direksyon. Ang dalawang linya na animo sanga ng puno sa mapa ang nagtuturo ng direksyon. Ang dalawang linya na animo sanga ng puno sa mapa ay ang Huang Ho River na nasa hilaga at Yangtze River sa timog (Samson 2010).




Isa pa sa kanilang paniniwala na ang kanilang emperador ay "Anak ng Langit" o *Son of Heaven*. Naniniwala sila na ang kanilang emperador ay pinili ng langit na mamuno dahil siya ay puno ng kabutihan. Kapag siya ay naging masamang pinuno ito ay babawiin ng kalangitan at ibibigay sa susunod na

taong puno ng kabutihan. Ito rin ang dahilan kung bakit makapangyarihan ang emperardor sa Tsina sapagkat ito ay may basbas ng kalangitan (mandate of heaven).

Ang prinsipyong *mandate of heaven* ang dahilan din ng pagpapalit-palit ng emperador at dinastiya sa kasaysayan ng Tsina. Maaaring maagaw ng isang tao sa emperador ang kapangyarihang mamuno sa bansa. Kapag ito ay nagtagumpay, maaari niyang gamitin ang prinsipyong *mandate of heaven* na ang ibig sabihin ay binigyan siya ng biyaya o pahintulot na pamunuan ang bansa. Ngunit kung hindi naman siya naging matagumpay sa pag-agaw ng trono, patunay lamang ito ng pananatili sa kapangyarihan ng kasalukuyang emperador.



Isa rin sa mga paniniwala ng mga Tsino ay ang mga pilosopiyang nagmula sa pilosopong si Confucius. Isa sa mga ito ang *propriyedad* na ang ibig sabihin ay kagandahang asal ng tao. Si Confucius ay nangaral para sa mabuting kahihinatnan ng kaluluwa ng isang tao. Itinuro niya ang pagkakaroon nang magkasundong relasyon sa pagitan ng mga tao at pamahalaan, indibidwal sa kapwa indibidwal, at anak sa magulang at nakatatanda. Ayon kay Confucius, matatamo lamang ito sa pamamagitan ng *propriyedad* o kagandahang asal na kung saan isinasagawa ng isang indibidwal ang kanyang mga tungkulin.

Kapuri-puri ang mga Tsino sapagkat ipinalaganap nila sa ibang bansa tulad ng Hapon, Korea at Vietnam ang mga kaisipang ito. Sa kanilang bansa nagsimula ang pagpapahalaga sa pamilya ng mga Asyano. Sa Tsina rin nagsimula ang mataas na pagtingin sa mga kalalakihan sa pamilya, pamahalaan at lipunan. Dahil dito nagsimula ang tungkulin ng isa ama na pangalagaan ang kanyang pamilya. Natutuhan din natin sa mga Tsino na ang bawat mamamayan ay may karapatan ngunit ito ay may katumbas na tungkulin. At ang higit sa lahat, tungkulin ng pamahalaan na pangalagaan ang kapakanan ng mga mamamayan nito.



Basahin ang teksto sa ibaba.

**5Teksto**

**Teorya ng Divine Origin: Pinagbatayan ng Kabihasnang Hapon**
*ni Christie L. Busito*



Si Amaterasu O-mi-kami

Ang Hapon ay isa sa mga bansa sa Asya na nakapagtatag ng mataas na uri ng kultura. Sila ay nakapagtatag ng isang pamahalaang pinamumunuan ng isang emperador. Mataas ang kanilang pagtingin sa kanilang pinuno sapagkat sila ay naniniwala sa teorya ng *divine origin* o banal na pinagmulan. Naniniwala ang mga Hapones na ang kanilang emperador ay banal na apo ng kinikilala nilang *Sun Goddes* na si Amaterasu O-mi-kami. Dahil dito naging makapangyarihan ang emperador. Naniniwala ang mga Hapones na ang kanilang emperador ay mayroong pinakadakilang kapangyarihang mamuno. Samakatuwid, hindi maaaring palitan o tanggalin sa puwesto ang emperador. Banal o sagrado ang emperador. Kinilala ito ng mga Hapones at ito ay naging epektibo sa pamamahala sa Hapon.Dahil din dito, itinuring nila ang kanilang sarili at bansa ang pinakasuperyor sa buong daigdig.  Sa katunayan,tumagal ito hanggang sa pagtatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Sa ngayon, bagamat hindi na diyos ang pananaw ng mga Hapones sa kanilang emperador, nanatili ang kanilang paggalang, respeto at pagmamahal dito. Ang emperador ang simbolo ng pagkakaisa ng mga Hapones.

Dahil sa paniniwalang banal ang pinagmulan ng mga Hapones at emperador, naging mataas ang pagpapahalaga ng mga Hapones sa kanilang nasyon. Maaaring ang teorya ng *divine origin* ang naging gabay ng mga Hapones sa pag-aakalang sila ang tanging tagapagtanggol ng mga bansa sa Asya. Maaari ring ito ang naging batayan nila upang sakupin at pamunuan ang buong kontinente ng Asya. Sinasabing ito rin ang naging dahilan ng


pagiging agresibo at militante at pagkakaroon ng masidhing nasyonalismo ng mga Hapones.



Basahin ang teksto sa ibaba.

**Teksto 3**

**Ang Devaraja sa India**
*ni Christie L. Busito*



Manu – Unang Hari ng India

Ang India ay kilala sa tawag na *home of ancient religions* o pinagmulan ng mga sinaunang relihiyon sa daigdig. Unang sinamba ng mga Hindu ang mga bagay sa kapaligiran. Ang paniniwalang ito ay tinatawag na animismo.

Ayon sa alamat ng India, ang kanila unang hari ay si Manu na nabuo sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga bahagi na sinisimbolo ng iba't ibang diyos. Ito ay ang tubig, apoy, araw, buwan, hangin, kayamanan at kamatayan. Dahil dito, sinisimbolo ng hari ang iba't ibang diyos kung kayat tinitingala siya ng mga tao. Para sa kanila, ang hari ay mataas at walang kapantay. Tinatawag nila ang hari na *devaraja* na ang ibig sabihin ng *deva* ay nangangahulugang diyos at ang *raja* ay hari.



Siddharta Gautama Buddha



Brahma, Vishnu at Shiva (Mga Diyos ng Hindu)

Ilan sa mga relihiyong umusbong sa India ay ang Hinduismo at Budismo. Naniniwala ang relihiyong ito na ang tahanan ng mga diyos ay ang Mount Meru, na aksis ng isang bilog na mundo. Pinaniniwalaang dito nakatira sa tuktok ng Mount Meru ang diyos ng digmaan at responsible sa panahon. Ang hari naman ay nakaupo sa trono at kinikilalang *cakravatin* o hari ng buong daigdig. Ito ang dahilan kung bakit naniniwala ang mga Hindu na ang kanilang hari ay hari ng daigdig. Ang mga taong kanyang nasasakupan ay nangangako ng kanilang katapatan at ang hari naman ay nangangako sa kanyang nasasakupan ng pagiging makatuwiran at mapagkalinga sa mamamayan at relihiyon.

Pinamumunuan ng hari ang mga ritwal para sa kanilang mga diyos. Ang puting payong at royal *elephant* ang simbolo ng katayuan at kapangyarihan ng hari. Lumaganap sa Timog Silangang Asya ang Hinduismo at Budismo. Dahil dito lumaganap ang pananaw ng mga Hindu ukol sa hari na tinitingnan bilang buhay na imahen ng diyos. Halimbawa nito ay sa bansang Vietnam na ang mga diyos ay dating hari na ginawang banal sa kanilang pagkamatay. Tumayong kinatawan at imahen ng diyos ng kalupaan ang mga hari.

**GAWAIN 5** **Ano ito? Gawin Mo! Sagot Mo!**

Batay sa tekstong iyong nabasa, gawin at sagutan ang qawain sa ibaba.

**A. ANO ITO? SINO AKO?:** Batay sa datos na iyong nabasa, kilalanin kung anong pananaw o relihiyon ang tinutukoy ng mga larawan. Piliin ang iyong sagot sa kahon na nasa ibaba at sulat lamang ang titik ng iyong sagot sa loob ng kahon sa tapat ng larawan.




**MGA PAGPIPILIAN:**

A. Banal na Pinagmulan
B. Budismo
C. Propriyedad
D. Hinduismo
E. *Sinocentrism*
F. *Devajara*
















**B. GAWIN MO!**

Batay sa mga datos na iyong binasa, punan ang mga grapikong pantulong na nasa ibaba. Alamin ang epekto ng mga sumusunod na aspekto sa paraan ng pamumuhay ng tao.




*DEVARAJA*
PAG-UUGALI NG TAO
PAMAHALAAN
TRADISYON


PROPRIYEDAD
PAG-UUGALI NG TAO
PAMAHALAAN
TRADISYON

**C. SAGOT MO!**

Batay sa mga datos na iyong nabasa, sagutan ang mga sumusunod na tanong.

1.Paano nakaapekto ang paniniwala at relihiyon sa paraaan ng pamumuhay ng tao?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2.Gaano kahalaga ang mga pilosopiya at paniniwala sa pagbubuo ng sibilisasyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3.Sa kasalukuyan, paano ka naapektuhan ng iyong paniniwala at relihiyon?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito ng modyul, iyong natutuhan ang papel na ginagampanan ng paniniwala at relihiyon sa pag-uugali at paraan ng pamumuhay ng tao.

Upang iyong lubusang maunawaan ang papel na ginampanan ng paniniwala at relihiyon sa pag-unlad ng kabihasnan at paghubog ng pakakilanlang Asyano, ikaw ay dadako na sa susunod na aralin ukol sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya.


## PAGPAPALALIM


Iyong nalaman sa nakaraang aralin ang papel na ginagampanan ng paniniwala at relihiyon sa pag-uugali at paraan ng pamumuhay ng tao. Sa bahaging ito ng modyul, ikaw ay inaasahang makapagsusuri ng mga datos ukol sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya upang iyong lubusang maunawaan ang papel na ginampanan ng paniniwala at relihiyon sa pag-unlad ng kabihasnan at pagkakakilanlan ng mga Asyano sa kasalukuyan.

### GAWAIN 6 Maglakbay Tayo

Ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya ay ang Mesopotamia, India at Tsina. Alamin natin ang heograpiya nito upang maunawaan natin kung bakit sa mga bansang ito nagmula ang mga sinaunang kabihasnan.

Suriing mabuti ang mapa at sagutan ang mga sumusunod na tanong batay dito.




Black Sea
Caucasus Mts.
Caspian Sea
ASIA MINOR
FERTILE CRESCENT
ASSYRIA
Nineveh
Assur
IRAN
Zagros Mountains
Çatal Hüyük
Taurus Mts.
Euphrates
Tigris
AKKAD
Ebla
Cyprus
PHOENICIA
Tyre
Babylon
Umma
Lagash
Uruk
SUMER
Ur
Eridu
Syrian Desert
Mediterranean Sea
PALESTINE
Jordan R.
Jericho
Jerusalem
Dead Sea
Arabian Desert
Persian Gulf
LOWER EGYPT
SINAI
Nile R.
Sahara
Red Sea
0 200 400 600 Kilometers
0 200 400 Miles


(MONGOLIA)
(MANCHURIA)
SEA OF JAPAN
(JAPAN)
(Beijing)
SHANDONG PENINSULA
KOREAN PENINSULA
(Anyang)
Yellow R.
Wei R.
Luoyang
Xian
(HENAN)
Huai R.
Han R.
YELLOW SEA
C H I N A
Yangtze R.
(Shanghai)
Hangzhou
(SICHUAN)
EAST CHINA SEA
(TAIWAN)
Xi R.
PACIFIC OCEAN
SOUTH CHINA SEA
INDOCHINA
0 200 400 miles





Sagutin mo ang mga tanong.

1. Punan ang tsart sa ibaba at alamin kung saang bansa matatagpuan ang mga sumusunod na ilog:

| ILOG | LOKASYON |
|---|---|
| Tigris | |
| Euphrates | |
| HuangHo | |
| Indus | |

2. Sa Timog-Kanlurang Asya matatagpuan ang tinatawag na *fertile crescent*. Dito sa *fertile crescent* umusbong ang kauna-unahang kabihasnan sa Asya, ang Kabihasnang Sumer. Tinatawag ang *fertile crescent* na *crossroad of the world* na ang ibig sabihin ay daanan ng mga bansa sa daigdig. Matatagpuan din sa *fertile crescent* ang tatlong mahahalagang ilog sa Timog-Kanlurang Asya. Basahin ang teksto sa *link* na nasa ibaba at suriin ang mapa ng *fertile crescent*.

http://www.mrdowling.com/603mesopotamia.html
Ito ay tungkol sa kabihasnang nabuo sa *fertile crescent*.




1. Ano ang tatlong ilog na matatagpuan sa *fertile crescent*?

   a. _____________
   b. _____________
   c. _____________

2. Tingnan ang mapa ng *fertile crescent* sa Timog-Kanlurang Asya. Ano-ano ang mga bansang matatagpuan sa *fertile crescent*?

   a. ________________
   b. ________________
   c. ________________
   d. ________________
   e. ________________
   f. ________________

3.Bakit tinatawag na *fertile crescent* ang mga lupaing malapit sa mga ilog sa mapang ito at paano nakatulong ang ilog sa paghubog ng paraan ng pamumuhay ng tao?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4.Sa iyong palagay, paano na nakatulong ang heograpiya sa paghubog at pag-unlad ng pagkakilanlan ng mga Asyano at ng kasalukuyang kabihasnan nito?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

5.Suriin ang kinalalagyan ng fertile crescent sa mapa at pag-ugnayin ang mga ilog at bangsang matatagpuan sa fertile crescent. Sa iyong palgay, bakit tinatawag na crossroad of the work anf fertile crescent?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

6.Muling alalahanin ang aralin sa unang modyul ukol sa mga anyong lupa at anyong tuibg. Sa iyong palagay, bakit sa lambak ng ilog umusbong ang mga sinaunang kabihasnan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

I-klik ang mga link sa ibaba at basahin ang mga teksto na matatagpuan dito.

1. http://mesopotamia.lib.uchicago.edu/mesopotamialife/index.php
   Ito ay tungkol sa kabihasnang nabuo sa Mesopotamia.

   *Ancient Mesopotamia: This History, Our History. Oriental Institute Museum.1 December 201<http://mesopotamia.lib.uchicago.edu/mesopotamialife/index.php>*
2. http://www.youtube.com/watch?v=h534FTPHQoY&feature=related
   Ito ay tungkol sa kabihasnang nabuo sa Mesopotamia.

   *Lost civilisations - 01 - Mesopotamia.avi. Bahman Bahrami. 7 February 2011. Youtube.com. 10 November 2012 <http://www.youtube.com/watch?v=h534FTPHQoY&feature=related>*

3. http://www.youtube.com/watch?v=D33m1_9uL8s&feature=related
   Ito ay tungkol sa kabihasnang nabuo sa Mesopotamia.

   *IRAQ: Cradle of Civilzation. Vangelis721. 8 January 2011. Youtube.com. 10 Bovember 2012. <http://www.youtube.com/watch?v=D33m1_9uL8s&feature=related>*



Basahin ang teksto sa ibaba.

**Teksto 4**

**Kabihasnang Mesopotamia**
*ni Christie L. Busito*

Umusbong ang sinaunang kabihasnan sa Timog-Kanlurang Asya sa bahagi kung saan matatagpuan ang isang masaganang lupain na tinatawag na *fertile cescent.* Ang *fertile crescent* ay ang paarkong matabang lupa na matatagpuan sa Kanlurang Asya. Ito ay nagmumula sa Golpo ng Persia hanggang sa dalampasigan ng dagat Mediterano. Nasa silangang bahagi nito ang kambal na ilog ng Euphrates at Tigris at ang pinagigitnaang lupa ng dalawang ilog na ito ay tinatawag na Mesopotamia na nangangahulugang lupain 'sa pagitan ng dalawang ilog' sa wikang Griyego. Ang Mesopotamia ay kilala ngayon bilang Iraq. Sa Mesopotamia umusbong ang kabihasnang Sumer na siyang kauna unahang kabihasnan ng umusbong sa buong daigdig.

**Ang Kabihasnang Sumer (2500 B.C.E)**



*Ziggurat*



*Cuneiform*

Ang Sumer ay matatagpuan sa ibabang bahagi ng Mesopotamia. Ang mga Sumerian ay nagtatatag ng kabihasnan sa Timog-kanlurang Asya noong Panahon ng Tanso o 5000 taon na ang nakararaan. Ang kabihasnang Sumer ay isang kabihasnang lungsod at ito ay binubuo ng mga lungsod-estado. Ang Ur ang pinakamatandang lungsod-estado na nalinang ng mga Sumerian.  Bawat lungsod ay binubuo ng ilang templong pamayanan. *Theocracy* ang uri ng pamahalaan ng mga Sumerian. Ito ang pamahalaang pinamumunuan ng puno ng simbahan. Tinatawag na *patesi* ang pinunong pari. Siya ang nangangasiwa sa mga lungsod-estado at namamahala sa pagpapagawa ng irigasyon at iba pang proyekto sa kanyang nasasakupan.



Clay Tablet


Ang relihiyon ng mga Sumerian ay *polytheism* o paniniwala sa maraming diyos. Ang halimbawa ng kanilang mga diyos ay si *Anu* na diyos ng kalangitan, si *Enlil* na diyos ng mga ulap at hangin at si *Ea* na diyos ng tubig at baha.Ang Ziggurat ang sentro ng pamayanan at relihiyon ng mga Sumerian. Ito ay  isang templo na maraming palapag.

Ang lipunang Sumerian ay nahahati sa apat na antas ng tao.Ang mga pari at hari ang pinakamataas na lipunan. Sumunod naman ang mga artisano o “craftsmen” na ang ibig sabihin ay mga manggagawang may karanasan. Ang bumubuo naman sa ikatlong antas ay ang mga magsasaka. Ang pinakamababa sa lipunan ay ang mga alipin na maaaring nabihag sa labanan.



*Gulong*

Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga mamamayan dito. Ang lambak ng ilog Tigris at Euphrates ay matabang lupa kaya mainam sa pagsasaka. Subalit may panahon na ang ilog ay umaapaw kung kayat upang mabigyan ng lunas ang suliraning ito ay nagpagawa ng dike at kanal sa paligid at ginamit ang kalendaryo upang mabatid kung kailan aapaw ang ilog. Ang mga Sumerian ay magsasaka at umusbong ang kanilang kabihasnan noong panahon ng metal kung kayat ang kanilang mga sandata at kagamitan ay yari sa tanso.



*Araro at Irigasyon*

Marami rin ang nangangalakal at manggagawang may karanasan o "craftsmen" ang nagkaroon ng mga negosyo sa paligid ng Ziggurat kaya nangailangan silang magtatag ng mga bangko. Ang mga produktong telang lana ay kadalasang ipinagpalit nila sa mga kahoy at mahahalagang metal.

Dahil sa malawak ang kalakaran at negosyo dito, nabuo ang kanilang sistema ng pagsulat na tinatawag na *cuneiform*. *Stylus* o matulis na metal o ang kanilang gamit sa pagsusulat sa lapidang luwad na binilad sa araw.

Upang maiwasan ang pinsalang dulot ng pag-apaw ng ilog Tigris at Euphrates, nagtulungan ang mga tao at naghukay ng mga kanal ng irigasyon. Umunlad ang mga pamayanan at naging lungsod-estado na malaya at nagsasarili. Ngunit dahil sa ang kabihasnang Sumer ay binubuo ng maraming lungsod, walang pagkakaisa ang mga ito. Madalas ang labanan ng mga lunsod-estado dahil sila ay nag-aagawan sa lupaing malapit sa kambal na ilog sapagkat ang lugar na ito ay mainam sa pagsasaka. Hindi nagtagal ang mga lungsod-estado dahil sa kawalan ng pagkakaisa at ito rin ang dahilan kung bakit madali itong nasakop ng ibang pangkat.

## GAWAIN 7 Imbestigahan

Punan ang tsart sa ibaba ukol sa Kabihasnang Sumer at sagutan ang gabay na mga tanong ukol dito.

**KABIHASNANG SUMER**

| PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | EDUKASYON | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Batay sa datos na iyong nakalap, ilarawan ang kabihasnang Sumer.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Bakit bumagsak ang mga imperyo sa Mesopotamia? Paano kaya maiiwasan ang ganitong suliranin?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Bakit mahalaga ang sibilisasyong Sumer sa kultura at kasaysayan ng ating daigdig ngayon? Paano nakatulong ang Kabihasnang Sumer sa pahubog at pag-unlad ng pagkakakilanlang Asyano?

____________________________________________________________

4.Hindi lahat ng kabataan ay may pagkakataon na makapag-aral sa lipunang Sumer. Ang sistema ng edukasyon ay napakasalimuot sapagkat ang mga aralin mula sa guro ay kailangan mong isulat sa tableta sa paaralan at iuwi ang mga tableta upang sauluhin. Kung ikaw ay nabubuhay noong panahon ng mga sinaunang Sumerian at may pagkakataon na makapag-aaral, mag-aaral ka ba? Bakit?

____________________________________________________________

5.Paano nakatulong ang Kabihasnang Sumer sa paghubog ng kasalukuyang kabihasnan ng daigdig?

____________________________________________________________

**GAWAIN 8** **Magmasid-masid**


Basahin at gawin ang nilalaman ng mga link na nasa ibaba. Magbigay ng tatlong ambag ng kabihasnang Mesopotamia at ipaliwanag kung papaano ito nakatulong sa kasalukuyang kabihasnan sa Asya.

1. http://mesopotamia.lib.uchicago.edu/interactives/index.html

Ito ay isang *interactive website* ukol sa kbihasnang Mesopotamia.

*Ancient Mesopotamia: This History, Our History. Oriental Institute Museum.1 December 2012.*
< http://mesopotamia.lib.uchicago.edu/interactives/index.html>

**MGA AMBAG NG KABIHASNANG SUMERIAN AT NG IMPLIKASYON NITO SA KASALUKUYAN**



**GAWAIN 9** **Katangi-tangi**

Batay sa mga napag-aralan ukol sa kabihasnang Sumer, magbigay ng tatlong katangian ng mga sinaunang tao sa Sumer at iyong suriin kung ito ay makikita pa rin sa mga Asyano sa kasalukuyan.Ipaliwanag din kung papaano ito naipapakita ng mga Asyano. Isulat ang iyong sagot sa grapikong pantulong na nasa ibaba.

**MAHAHALAGANG KATANGIAN NG MGA TAGA-SUMER**

| KATANGIANG TINATAGLAY NG MGA TAGA SUMER | NAKIKITA PA BA ITO SA KASALUKUYAN? | PAANO ITO NAIPAPAKITA |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

**TANDAAN**

Ang Kabihasnang Sumer ay napakahalaga sa kasaysayan at kultura ng daigdig. Dahil ito ang kauna-unahang kabihasnan sa daigdig, ang lahat ng paraan ng ating pamumuhay ay batay sa kabihasnang ito. Ang kanilang mga ambag ay naging mahalaga sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakikilanlan ng mga Asyano.

Ngayong alam mo na ang papel na ginampanan ng kabihasnang Sumer sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakikilanlan ng mga Asyano, ikaw naman ay dadako sa susunod na aralin ukol sa kabihasnang Indus.

**TANDAAN**

Nalaman mo sa nakaraang aralin ang papel na ginampanan ng kabihasnang Sumer sa paghubog at pag-unlad ng pagkakakilanlang Asyano at ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya. Maliban sa kabihasnang Sumer, isa pa sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya ang Kabihasnang Indus.

Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin ang pinagdaanang kasaysayan ng mga tao sa kabihasnang Indus upang iyong malaman ang mga katangian at kontribusyon ng kabihasnang ito sa kultura ng mga Asyano. Sinasabing isa sa pinakamalaking bansa sa daigdig ay ang India dahil sa lawak nito at yaman ng kultura. ***Paano nga kaya nakatulong ang Kabihasnang Indus sa paghubog at pag-unlad ng pakakakilanlang Asyano at ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya?*** Gawin ang gawain sa ibaba upang iyong malaman ang sagot sa tanong na ito.

Basahin ang mga sumusunod na *link* at teksto ukol sa kabihasnang Indus at gawin ang mga gawain ukol dito.

1. http://www.youtube.com/watch?v=csClwPSzoOI&feature=related
   http://india.mrdonn.org/indus.html
   Ito ay tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Indus.

   *Arslan Akhtar. 2006 - The Indus Valley Civilisation (The Masters of the River) of India / Pakistan. 11 September 2012. www.youtube.com. 11 November 2012 <http://www.youtube.com/watch?v=csClwPSzoOI&feature=related http://india.mrdonn.org/indus.html>*

2. http://www.bbc.co.uk/schools/primaryhistory/indus_valley/land_of_the_indus/
   Ito ay tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Indus.

   *Primary History: Indus Valley. BBC.co.UK. 11 November 2013. <http://www.bbc.co.uk/schools/primaryhistory/indus_valley/land_of_the_indus/>*

3. http://www.youtube.com/watch?v=ALfUOfxfSos
   Ito ay tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Indus.

   *AllHistories. The Story of India - 1of2 Harappa. 13 September 20019. www.youtube.com. 11 November 2012 <http://www.youtube.com/watch?v=ALfUOfxfSos>*

4. http://www.youtube.com/watch?v=cRNgJJjTh8I&feature=relmfu
   Ito ay tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Indus.

   *AllHistories. The Story of India - 1of2 Harappa. 13 September 20019. www.youtube.com. 11 November 2012 <http://www.youtube.com/watch?v=cRNgJJjTh8I&feature=relmfu>*

Teksto

## Kabihasnang Mohenjo-Daro at Harappa (2500-1500 B.C.E.)

*ni Christie L. Busito*







Ang bansang India ay isa rin sa mga bansa na pinag-usbungan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Bagama't mahirap lubusang mabatid ang matandang kasaysayan ng India dahil sa malaking bahagi ng kasaysayan nito ay hindi naitala ng mga sinaunang Indian. Ang mga nahukay na labi sa bansang ito ng mga arkeologo ang naging batayan upang maunawaan ang sinaunang kasaysayan nito.

Ang India ay matatagpuan sa Timog Asya. Ang Timog Asya ay isang malawak na tangway na hugis tatsulok. Noong sinaunang panahon, ang *Timog Asya* ay tumutukoy sa subkontinente ng India. Sa kasalukuyan, ito ay binubuo ng mga bansang *India, Pakistan, Bangladesh, Afghanistan, Bhutan, Sri Lanka, Nepal at Maldives.* Ang rehiyong ito ay kakaiba dahil sa katangiang heograpikal at kultural. Dahil dito, tinawag itong bilang *subkontinente* ng India.

Ang subkontinenteng Indian ay binubuo sa kasalukuyan ng India, Pakistan, Nepal at Bangladesh. Ang rehiyong ito ay nahihiwalay sa Silangang Asya dahil sa Himalayas. Makikita ito sa paanan ng Hindu Kush, Karakom at Himalayas. Matatagpuan dito ang mga lambak ng ilog Indus at Ganges. Ang tubig ng ilog dito ay nagmumula sa mala-yelong kabundukan ng Himalayas sa timog Tibet. Ito ay may habang 1000 milya na bumabagtas sa Kashmir patungong kapatagan ng Pakistan.Sa katimugang bahagi ng mga lambak ng ilog na ito ay matatagpuan ang talampas ng Deccan.

Ang ilog Indus ang naging lundayan ng unang kabihasnan sa India. Noong 250 BCE tinatayang umunlad ang kabihasnang Indus na pinangungunahan ng dalawang lungsod, ang Mohenjo Daro at Harappa. Ang Kabinasnang Indus ay napapaligiran ng mga natural na balakid, makikita sa hilagang bahagi nito ang kabundukan ng Himalaya, sa timog ay ang malawak na Indian Ocean, sa silangan ay ang disyerto ng Thar at Hindu Kush naman sa kanluran nito.

Ang lungsod ng Mohenjo Daro at Harappa ang pinakabagong tuklas ng mga sinaunang sentro ng kabihasnan sa kasalukuyang panahon. Ang mga labi ng dalawang lungsod ay natagpuan ng mga arkeologo noong dekada 1920. Ang mga lipunang ito ay kasabay rin halos na umusbong ng Sumer noong 2500 BCE.

Ang lupain sa Indus ay mas malawak kung ihahambing sa sinaunang Ehipto at Mesopotamia sapagkat sakop nito ang malaking bahagi ng hilagang-kanluran ng dating India at ang lupain kung saan matatagpuan ang Pakistan sa kasalukuyan. Sa kasalukuyan, tinatayang mahigit sa 1000 lungsod at pamayanan ang natatagpuan dito, partikular sa rehiyon ng ilog Indus sa Pakistan.

Ang pagkakaroon ng matabang lupa ay naging mahalaga sa pagsisimula ng mga lipunan at estado sa sinaunang India. Sa pagitan ng buwan ng Hunyo at Setyembre bawat taon ay umaapaw ang ilog at nagdudulot ito ng pataba sa lupa. Dahil sa pag-apaw ng ilog, nalinang ang mga lupaing malapit dito. Dahil dito, daan-daang pamayanan ang matatagpuan sa lambak kapatagan ng Indus. Ang mga pamayanang ito ay maliliit ngunit may mga tanggulan at may maayos na kalsada. Ang mga kalsada nito ay nakaayos na animo ay isang grid. Mayroon ding mga kanal na pang-irigasyon at mga istrukturang pumipigil sa mga pagbaha. Natuklasan ng mga arkeologo ang *citadel*. Ang *citadel* ay napapalibutan ng matitibay na pader na nakahiwalay sa tirahan ng tao. Ito ay ginawa ng mga tao upang ilihis ang tubig-baha. Ang mga gusali at tirahan ay gawa sa *bricks* na magkakatulad ang sukat. Mayroon ding palikuran ang mga tirahan at gusali nito. Ang mga magkakatulad na plano at konstruksyon ng mga lungsod ay nagpapatunay ng ang kabihasnang Indus ay nakalinang ng isang matatag at sentralisadong pamahalaan. Kapuna-punang wala ni isa mang pinuno mula sa sinaunang kabihasnang Indus ang kilala sa kasalukuyan. Ito ay dahil sa wala itong iniwang mga tala at larawan at tila hindi nangailangang ipagmalaki ang kanilang mga ginawa.



Citadel ng Mohenjo Daro

Dahil sa matabang lupa, pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga tao dito. May mga nahukay na relikyang nagpapatunay na nakipagkalakalan ang sinaunang India sa Mesopotamia tulad ng mga inukit na batong panselyo na ginamit sa pagtatak ng mga kalakal. Ang mga *artifacts* na rebulto na natagpuan dito ay nagpapatunay na ang mga sinaunang tao sa India ay mayroon ding relihiyon. Nakatagpo ang mga arkeologo ng mga rebulto ng kanilang mga diyos at diyosa.

Kagaya din ng ibang kabihasnan sa Asya, naharap din sa maraming hamon at pagsubok ang kabihasnang Indus. Ang pagbaha ay isa sa piakamalaking suliranin ng kabihasnang Indus dahil hindi tulad ng Tigris at Euphrates ang mga ilog sa kabihasnang Indus. Hindi batid ng mga tao kung kailan ito aapaw. Kailangang sumabay at makibagay ang tao sa Indus sa pabago-bagong panahon. Ang malakas na pag-ulan ay nagdudulot ng baha at ang tagtuyot naman ay nagiging sanhi ng kasalatan sa lupain.

Sa paglipas ng panahon ang kabihasnang Indus ay naglaho. Hindi batid ng mga arkeologo at mananalaysay ang dahilan ng pagkawala nito. Maaaring nagbago ang daloy ng ilog Indus at nawala ang kasaganahan sa lupaing ito. Maaari ring nagkaroon ng malaking pagbaha na naging dahilan ng pagkawala ng mga tao rito. Maaari ring lumikas ang mga tao dito dala ng pananakop ng mga Aryan noong 1500 BCE.

**Mga Larawan ng mga Ambag ng Kabihasnang Indus**



Gintong Rebulto ng Paring-hari




Mga Selyong Pantatak



Si Shiva na Selyong Pantatak



Gintong Rebulto ng Mananayaw na Babae



Selyong Swastika




Sistema ng Pagsulat

Pinaniniwalaang ang mga sinaunang tao sa India ay mayroon ng sistema ng pagsulat. Hanggang sa ngayon ay hindi pa rin lubusang nauunawaan ng mga arkeologo ang mga sistema ng kanilang pagsulat ngunit pinaniniwalaan nilang ginamit nila ito sa pakikipagkalakalan.

## GAWAIN 10 Pagsusuri

Punan ang grapikong pantulong na nasa ibaba at sagutin ang gabay na mga tanong ukol dito.



Sagutin mo ang mga tanong.

1.Batay sa mga *video link* at tekstong iyong nabasa, bakit tinatawag ang India ng Lupain ng Misteryo? Ano ang kaugnayan nito sa pag-usbong ng Kabihasnang Mohenjo Daro at Harappa?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2.Batay sa grapikong pantulong na iyong ginawa, ilarawan mo ang kabihasnan Mohenjo Daro at Harappa.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3.Paano nakatulong ang mga paniniwala at relihiyon ng mga Hindu sa pag-unlad ng kanilang kabihasnan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4.Paano nakaapekto sa kasalukuyang panahon ang mga paniniwala at relihiyon ng mga Hindu sa kasalukuyan? Magbigay ng halimbawa o pangyayari na nakaapekto ito sa kanilang pamumuhay sa kasalukuyan.

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Sa nakaraang aralin, iyong nalaman kung papaano umusbong ang kabihasnang Indus at kung paano ito nakatulong sa paghubog at pag- unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Ngayon naman ay alamin nating ang tungkol sa kabihasnamg Tsina at kung papaano ito nakatulong sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano.

Panoorin ang *video link* at basahin ang teksto na nasa ibaba ukol sa kabihasnang Tsina. Matapos basahin, sagutin ang inihandang mga tanong ukol dito.

1. **http://www.youtube.com/watch?v=_kOeL5cDSIg**
   Ito ay tungkol sa unang kabihasnang nabuo sa Tsina.

   Sa *Kabihasnang Tsino. Afcghonesty. 22 October 2011. Youtube.com. 21 November 2012 <http://www.youtube.com/watch?v=_kOeL5cDSIg>*

2. ***http://www2.newcanaan.k12.ct.us/education/components/docmgr/default.php?sectiondetailid=7021&fileitem=757&catfilter=377***
   Ito ay tungkol sa unang kabihasnang nabuo sa Tsina.

   *Elaine Scott. Shang Dynasty Emerging from Myth. 30 June 2005. News Canaan. 21 November 2012. <http://www2.newcanaan.k12.ct.us/education/components/docmgr/default.php?sectiondetailid=7021&fileitem=757&catfilter=377>*

### *Ang Kabihasnang Tsino*



**Teksto 6**

Ang Kabihasnang Tsino ay umusbong sa lambak ng Huang Ho at Yangtze. Ang Tsina ay nahihiwalay sa iba pang lupain sa daigdig dahil sa mga likas na hadlang. Nasa silangan nito ang karagatang Pasipiko, sa kanluran naman ay ang disyerto ng Taklimakan at mga talampas ng Tibet, sa timog-kanluran naman ay ang Himalayas, sa hilaga naman ay ang disyerto ng Gobi at talampas ng Mongolia. Ang ilog Huang Ho at Yangtze ay dumadaloy mula sa mga bundok at talampas ng bansa patungo sa karagatang Pasipiko.

Dahil sa katangian ng heograpiya ng Tsina, umusbong ang sinaunang kabihasnan sa mga kapatagan ng Ilog Huang Ho at Yangtze. May 90 na bahagdan ng lupain ng bansa ay naaangkop sa pagsasaka ay matatagpuan sa pagitan ng dalawang ilog. Ang lambak na ito ang nagsilbing sentro ng kasaysayan ng Tsina sa mahabang panahon.

Ang ilog Huang Ho ay nagdedeposito ng dilaw na *banlik* (silt) sa kapatagan sa tuwing ito ay umaapaw. Ang tawag sa *banlik* na ito ay *loess* na isang uri ng matabang lupa na tinatangay ng hangin mula sa disyertong kanluran ng Tsina. Tinatawag ang Huang Ho na “Pighati ng Tsino” dahil sa pag-apaw nito ay nagiging sanhi ito ng pagbaha na nagiging dahilan sa pagkamatay ng maraming Tsino.

Bagamat ang Tsina ay may likas na mga hadlang na naghihiwalay sa bansang ito sa ibang lupain ay hindi ito nakaligtas sa pananakop ng mga taga-hilaga at kanluranin. Ito rin ay naging biktima ng pananakop ng mga barbaro.

Ang kabihasnan sa lambak ng ilog Huang Ho sa Tsina ay ipinalalagay na sumibol noong 1700 B.C.E o Panahon ng Bronse. Ang kaalaman ukol sa kabihasnangTsina ay batay sa mga nahukay na labi at kagamitan sa lalawigan ng Honana, malapit sa ilog Huang Ho. Ang mga nahukay na ito ay nagpapatunay na rin na hindi lamang isang alamat ang dinastiyang Shang. Subalit, hanggang ngayon ay wala namang nahukay na katibayan na nagpapatotoo na mayroong unang dinastiyang Hsia bago pa nagkaroon ng dinastiyang Shang.

Ang kasaysayan ng Tsina ay nagsimula sa dinastiyang Shang noong 1532 B.C.E. Batay sa mga nahukay na *oracle bone* sa Anyang, mayroon ng sistema ng pagsulat ang mga tao sa dinastiyang Shang. Ang Anyang ay ang kabisera ng Shang. Ang dinastiyang Shang ay isang lipunang pansakahan. Mayroong pagtutulungang namagitan sa mga tao upang mabigyang lunas ang pagbaha ng ilog Huang Ho. Mayroon ding sistema ng pagsusulat at gumagamit na rin sila ng gulong at ng *chariot* o sasakyan pang- mandirigma. Ang mga relikyang itak, kampanilya at iba pang mga gamit ay gawa sa tanso. May sarili na ring relihiyon ang dinastiyang Shang. Ito ay pinagsamang animismo at pagsamba sa ninuno. Ang animismo ay tumutukoy sa paniniwalang ang lahat ng bagay sa kapaligiran ng tao, may buhay man o wala ay may kaluluwa. Sinasabing ang Shang ay isang lipunang alipin. Ito ay sa dahilang may mga natagpuang labi ng aliping nakagapos at inilibing na kasama ng kanilang amo at karamihan sa mga alipin ay bilanggo ng digmaan. Ang kanilang lipunan ay nahahati sa pangkat ng mga maharlika, mga *noble* at magbubukid. Ang mga taong may kasanayan sa kanilang lipunan ay gumagawa na ng mga sandata, alahas, at iba pang mga gamit ng maharlika.

Ang dinastiyang Shang ay bumagsak nang sakupin ito ng dinastiyang Chou. May paniniwala ang mga Tsino na ang kanilang puno o emperador ay "anak ng langit". Siya ay banal at inatasang mamuno sa mga tao. Ayon sa mga salaysay, ang Shang ay bumagsak dahil sa pagkawala ng "kapangyarihan mula sa langit." Nang bumagsak ang Shang ang kabihasnang Tsina ay nagpatuloy sa ilalim ng mga iba't ibang dinastiya.

**Gawain 11: Pagpuno ng Tsart**

Matapos mabasa ang mga link at mga teksto,punan mo ng sagot ang mga kahon.

**KABIHASNANG TSINO**

| ASPEKTO | KATANGIAN |
|---|---|
| PAMAHALAAN | |
| KABUHAYAN | |
| RELIHIYON | |
| LIPUNAN | |
| EDUKASYON | |
| SINING AT IMBESYON | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Batay sa datos na iyong nakalap, ilarawan ang kabihasnang Tsino.

2.Bakit bumagsak ang mga dinastiyang Shang? Paano kaya maiiwasan ang ganitong suliranin?

3.Bakit mahalaga ang kabihasnang Tsino sa kultura at kasaysayan ng ating daigdig ngayon? Paano nakatulong ang kabihasnang Tsino sa pahubog at pag-unlad ng pagkakakilanlang Asyano?

4.Suriin ang mga naging ambag ng kabihasnang Tsino, paano ito nakatulong sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan at pagkakakilanlan ng mga Asyano?


## GAWAIN 12 Ang Iyong Damdamin

Kung iyong susuriin, ang dinastiyang Shang ay bumagsak nang sakupin ito ng dinastiyang Chou. May paniniwala ang mga Tsino na ang kanilang puno o emperador ay "anak ng langit". Siya ay banal at inatasang mamuno sa mga tao.

Kung ikaw ay nabuhay noong panahong ito, ano ang iyong magiging damdamin ukol dito? Paano ka makatutulong sa paglutas ng suliraning ito? Gumawa ng *bubble map* na nagpapahayag ng iyong damadamin ukol dito. Gawin ito sa http://www.wisemapping.com/. Maaari mong lagyan ng sariling pamagat ang iyong *bubble map*. Matapos mong gumawa ng *bubble map*, idikit ang URL link nito sa dashboard na nasa ibaba Ayon sa mga salaysay, ang Shang ay bumagsak dahil sa pagkawala ng "kapangyarihan mula sa langit."

## GAWAIN 13 Ikaw ang Saksi!

Iyong nasaksihan sa kabihasnang Tsino ang naging reaksyon ng mga Tsino sa kanilang mga suliranin sa lipunan. Sa kasalukuyan, papaano nilulutas ng mga Asyano ang kanilang mga suliranin sa lipunan? Magbigay ng tatlong suliranin ng mga Asyano sa kasalukuyan. Ibigay kung papaano ito nilulutas at ipaliwanag kung bakit ito ang pinakamabisang paraan ng paglutas ng suliranin.Isulat ang sagot sa grapikong pantulong.





## GAWAIN 14 Paghambingin ang mga Sinaunang Kabihasnan sa Asya

Panoorin ang *video link* na nasa ibaba at balikan ang mga iyong natutuhan sa mga nakaraang aralin.Iyong paghambingin ang mga kabihasnang Mesopotamia, Indus, at Tsina. Punan ang tsart na nasa ibaba upang iyong mapaghambing ang mga ito.

http://www.ancientcivilizations.co.uk/home_set.html
Ito ay tungkol sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya.

**"MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA"**



## GAWAIN 15 Ang Iyong Konklusyon

Ngayong alam mo na ang kasasayan, katangian at kontribusyong ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya, paano nakatulong ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan nito at pagkakakilanlan ng mga Asyano? Isulat sa loob ng kahon ang sagot.

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito ng modyul, iyong nalaman ang papel na ginampanan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya
at pagkakakilanlan ng mga Asyano.

Ngayon naman ay dadako ka sa susunod na bahagi ng modyul na ito upang alamin ang kahalagahan ng mga sinanuang kabihasnan sa Asya sa buhay ng bawat Asyano.

## PAGLILIPAT

**Level 2**

**GAWAIN 16** **Museo ng Pagbabago**

Magsaliksik ng mga larawan sa *metropolitan museum* na nagpapakita ng naiambag ng kabihasnang Mesopotamia, India at Tsina sa kultura ng Asya. Matapos mong makapili ng larawan, ikaw ay muling magsaliksik ng mga larawan na nagpapakita ng epekto o implikasyon ng larawan ng ambag ng sinaunang kabihasnan na napili mo sa kasalukuyan.

Gumawa ng isang grapikong pantulong sa http://museumbox.e2bn.org/ na nagpapakita ng mga ambag at implikasyon ng mga sinaunag kabihasnan sa Asya. Isulat sa loob ng kahon.

Halimbawa:
Gulong ng mga Sumerian = Kotse sa kasalukuyan

## RUBRIK PARA SA GRAPIKONG PANTULONG

| PAMANTAYAN | KATANGI-TANGI 4 | MAHUSAY 3 | PAPAUNLAD 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | Kapansin-pansin na hindi lang kumpleto, mayroon ding karagdagang impormasyon at paksa ang natatalakay sa ginawang grapikong pantulong at kinakikitaan ito ng mahusay na pananaliksik. | Kumpleto ang impormasyon at maraming paksa ang natatalakay sa ginawang grapikong pantulong at kinakikitaan ito ng sapat na pananaliksik. | May iilang impormasyon at paksa ang natatalakay at nabigyan ng diin sa ginawang grapikong pantulong ngunit may ilang maling detalye at nagpapakita ito ng ebidensya ng pananaliksik. | Kaunti lang ang impormasyon at limitado ang paksa na natatalakay sa ginawang grapikong pantulong at mapapansin na nagkulang sa pananaliksik. |
| **PAG-UUGNAY** | Malinaw at malikhain na naipakita ang kaugnayan at kahulugan ng mga datos | Malinaw na naipakita ang kaugnayan at kahulugan ng mga datos | May ilang kamalian ang ipinakitang kaugnayan at kahulugan ng mga datos. | Hindi naipakita ang kaugnayan at kahulugan ng mga datos. |
| **KAAYUSAN** | Napakalinis at napakaayos ang pagkakagawa | Malinis at maayos ang pagkakagawa | Hindi gaanong malinis at maayos ang pagkakagawa. | Hindi malinis at maayos ang pagkakagawa. |
| **PAGLALAHAD** | Lubhang malinaw at nauunawaan ang pagkaklahad ng mga datos. | Malinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos. | Hindi gaanong malinaw at nauunawaan ang pagkakalahad ng mga datos. | Malabo at hindi maunawaan ang pagkakalahad ng mga datos. |
| **DISENYO** | Napakamasining ang pagkakagawa. | Masining ang pagkakagawa. | Ordinaryo ang pagkakagawa. | Magulo ang pagkakagawa. |

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Ngayong alam mo na mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga sinauanang kabihasnan sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan at pagkakakilanlang Asyano, sa bahaging ito ng modyul, ikaw ay inaatasang sumulat ng isang kodigo o kartilya na naglalaman ng mga prinsipyo, pagpapahalaga at katangiang dapat taglayin at isabuhay ng isang makabansang Asyano.

**GAWAIN 17** **Pagpapahalaga**

Sa iyong palagay, ano kaya ang mga prinsipyo, pagpapahalaga at katangiang dapat taglayin at isabuhay ng isang makabansang Asyano? Isulat ito sa loob ng kahon sa ibaba.

**"KARTILYA NG MAKABANSANG ASYANO"**

## PAGTATAYA NG SARILING KAALAMAN SA MODYUL

Sa bahaging ito ng modyul ay atin nang aalamin ang iyong mga natutuhan. Sagutang muli ang gawain na iyong sinagutan sa simula ng modyul na ito. Sagutan naman ang bahaging Pagkatapos ng Aralin.

Lagyan ng tsek (✓) ang kahon kung ikaw ay sumasang-ayon sa sinasabi ng pahayag at ekis kung hindi ( X ).

| Sagot Bago ang Aralin | Mga Sinaunang Sibilisasyon | Sagot Matapos ang Aralin |
|---|---|---|
| | 1. Umusbong ang mga sinaunang kabihasnan sa lambak ng ilog. | ✓ ✗ |
| | 2. Walang magandang naidulot ang pabago-bagong pamamahala at pananakop sa isang lugar. | ✓ ✗ |
| | 3. Ang mga relihiyon sa Timog-Kanlurang Asya ay nakaimpluwensiya sa mga pananaw sa buhay ng mga Asyano. | ✓ ✗ |
| | 4. Sentro ng sinaunang kabihasnan kung papaano maitataguyod ng bawat isa ang kanilang pamumuhay. | ✓ ✗ |

### GAWAIN 18 Mga Gintong Aral

Sa modyul na ito ay iyong natutuhan ang mahalagang papel na ginagampanan ng mga sianunang kabihasnan sa Asya sa pagbuo at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya at paghubog ng pagkakakilanlang Asyano.

Ano-ano ang iyong natutuhan sa mga paksang tinalakay sa modyul na ito? Paano mo ito maisasabuhay?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**Katapusang Bahagi ng Modyul**

Tunay na mahalaga ang papel na ginagampanan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Lahat tayo ay may kanya-kanyang tungkulin na dapat gampanan para sa ating sarili at bansa. Nakasalalay sa ating lahat ang pagsulong at pag-unlad ng ating mga sarili at bansa. Kaya't bilang isang kabataang Asyano, nawa'y maisabuhay mo ang mga aral na natutuhan mo sa modyul na ito ukol sa mga **Sinaunang Kabihasnan sa Asya** at pagsisikap ng ating mga ninuno na mapaunlad ang ating kasalukuyang kabihasnan.

**PAGTATAYA NG SARILING KAALAMAN MULA SA MODYUL**

Buong katapatang sagutan ang rubrik ng ebalwasyon upang masukat ang iyong pagkatuto sa kabuuan ng modyul na ito. Pindutin ang numerong tumutukoy sa antas ng iyong natutuhan sa modyul na ito.

**1 – Walang alam** **2 – Nalilito** **3 – Mahusay** **4 - Napakahusay**

| | |
|---|---|
| **Pagpapaliwanag:** Nauunawaan na ang pagkabuo at pag-unlad ng kabihasnan ay batay sa mga paniniwala at relihiyon. | ① ② ③ ④ |
| **Interpretasyon:** Nasusuri ang iba't ibang paraan na ginawa ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya upang mapaunlad ito. | ① ② ③ ④ |
| **Paglalapat:** Nakapagbibigay ng paraan kung papaano makatutulong sa pag-unlad ng ating kasalukuyang kabihasnan. | ① ② ③ ④ |
| **Perspektibo:** Nakabubuo ng sariling pananaw ukol sa pagkakilanlan ng mga Asyano. | ① ② ③ ④ |
| **Empatiya:** Nailalagay ang sarili sa katauhan ng mga sinaunang tao na nagsumikap at napapahalagahan ang kanilang mga nagawa upang mapaunlad ang kasalukuyang kabihasnan. | ① ② ③ ④ |
| **Pagkilala sa Sarili:** Nakabubuo ng isang kaisipan ukol sa kahalagahan ng mga mamamayan sa pagbuo at pag-unlad ng isang kabihasnan. | ① ② ③ ④ |

## PANGHULING PAGTATAYA


Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem.Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul.

Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor,kailangan mong balikang muli ang modyul.


Basahin at unawaing mabuti ang mga tanong. I-klik ang titik nang napiling sagot.

1. Saan umusbong ang sinaunang kabihasnan sa Asya?

a.




b.




c.




d.



2. Tingnan ang mapa sa ibaba. Anong bansa ang tinatawag na " lupain sa pagitan ng dalawang ilog."?




a. Indus Valley
b. Ganges Valley
c. Huang Ho Valley
d. Mesopotamia

3. Alin ang hindi kontribusyon ng mga Sumerian?


a.


b.


c.


d.

4. Alin sa mga sumusunod ang sistema ng pagsulat ng mga Tsino?


a.


b.


c.


d.

5. Ano ang pinakamahalagang salik sa pagbuo ng sinaunang kabihasnan sa Asya?

    a. pang-ekonomiya
    b. panlipunan
    c. pisikal
    d. politikal

6. Anong kabihasnan ang unang umusbong sa Asya?

    a. Harappa
    b. Shang
    c. Sumer
    d. Mohenjodaro

7. Ano ang tawag sa dilaw na *banlik* na nagpapataba sa lambak ng Huang Ho?

    a. ceramics
    b. kaolin
    c. loess
    d. murex

8. Saan nakabatay ang mga pandigdigang pananaw ng mga Asyano?

    a. bansang kabilang
    b. estado ng pamumuhay
    c. katauhan
    d. relihiyon

9. Paano nakaapekto ang mga pilosopiya, paniniwala at kaisipan sa paghubog at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya?

    a. Nagdulot ito ng rehiyonalismo sa Asya.
    b. Nagkaroon ang mga Asyano ng mataas na moralidad at pamumuhay sa lipunan batay sa kanilang makatarungang paniniwala.
    c. Nakatulong ang mga ito sa paglinang ng kultura at pamumuhay ng mga Asyano.
    d. Nagdulot ito ng mga labanan, pagmamalupit at pagkakahati ng mga sinaunang kabihasnan.

10. Ang mga paniniwala at pananaw ng mga Asyano ay nagbigay-daan sa paghubog at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Bakit dumami ang mga tagasunod nito at nanatili pa rin ito sa kasalukuyan?

a. Nasasaklawan ng mga pilosopiya at paniniwala ang buong aspekto ng pamumuhay ng tao.
b. Naipaliliwanag ng mga pilosopiya at paniniwala ang kaugnayan ngmga pangyayari sa buhay ng sangkatauhan.
c. Nasasagot ng mga pilosopiya at paniniwala ang mga tanong ukol sa layunin at katuturan ng tao sa daigdig.
d. Ipinalaganap ito ng mga sinaunang tao sa Asya.

11. Paano nabuo ang paniniwalang *sinocentrism* ng mga Tsino?

a. Ang mga Tsino ay may kakaibang kulay ng balat.
b. Ang mga Tsino ay may kakaibang kaanyuang pisikal.
c. Ang mga Tsino ay may maunlad na kabuhayan.
*d. Ang bansa ng mga Tsino ay nakahiwalay sa ibang bansa.*

12. Ang kaisipang *sinocentrism* ay nagmula sa bansang Tsina. Paano ito nakaapekto sa pamumuhay ng mga tao sa Tsina?

a. Nang sinakop ng mga Kanluranin ang Tsina kaagad nitong tinanggap ang mga Tsino.
b. Tinaboy ng mga Tsino ang mga kanluraning mananakop.
c. Binigyan ng mga Tsino ang mga Kanluranin ng saklaw na inpluwensya sa kanilang bansa.
d. Madali para sa mga Tsino ang makipagkasundo sa mga Kanluranin.

13. Ang Kabihasnang Sumer ay mahalaga sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya. Alin sa mga sumusunod ang pinakamahalagang ambag ng Kabihasnang Sumer?

a. Ang Kodigo ni Hammurabi
b. Ang paglikha ng mga kanal at dike
c. Ang sistema ng pagsulat na cuneiform*
d. Ang templong ziggurat

14. Ikaw ay isang lider ng isang barangay at naatasang maging tagapagsalita sa isang programa sa inyong barangay sa nalalapit na kapistahan na may temang “Nasa Ating mga Kamay ang Kaunlaran”. Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghandaan sa iyong talumpati?

a. Ang mga halimbawang ipapakita ay nakakatawa upang hindi mawala ang interes ng mga manonood.
b. Ang mga larawang ipakikita ay makukulay upang ito ay maging kabigha-bighani sa mga manonood.

c. Magpapakita ng mg larawan na nagpapakita ng mga nagawa ng atingmga ninuno na nagging kapaki-pakinabang sa kasalukuyan upang makapagbigay ng inspirasyon sa mga manonood.*
d. Gagamit ng makabagong teknolohiya upang maging kapani- paniwala sa mga manonood.

15. Paano pinaghahandaan ng mga tao ang mga hamon ng kalikasan tulad ng malaking pagbaha at kalamidad sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya?

    a. Nagtanim sila ng maraming puno sa tabi ng ilog.
    b. Nagtayo sila ng mga dike na siyang haharang sa tubig at na maaaring sumira sa kanilang lupain.
    c. Nagtatago sila sa kuweba tuwing panahon ng tag-ulan.
    d. Nagtatayo sila ng dike, nagtatanim ng malalaking puno sa tabi ng ilog at inaayos ang mga daluyan ng tubig upang hindi ito mkapasok sakanilang pamayanan.

16. Bilang isang lider ng Samahan ng mga Mag-aaral sa Kasayasayan sa iyong paaralan, Ikaw ay naatasang ipalaganap ang mga naiambag ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa iyong paaralan upang mapamalaki ng iyong kapwa mag-aaral na sila ay Asyano. Paano mo ito maisasagawa?

    a. Magpapamahagi ng *bookle*t sa mga kamag-aral.
    b. Magpapagawa ng *brochure* sa mga kamag-aral.
    c. Magsasagawa ng *forum* ukol at mag-aanyaya sa mga mag-aaral na dumalo dito.
    d. Mag-aanyaya sa mga kamag-aral na magsagawa ng isang “cultural show” na ipapakita sa iba pang antas sa paaralan.

17. Ikaw ay naatasan ng iyong paaralan na lumahok sa isang paligsahan ng debate sa inyong dibisyon ukol sa pilosopiya ng iyong paaralan. Anong paghahanda ang dapat mong gawin bago ang paligsahan?

    a. Magbabasa ng maraming aklat.
    b. Magsasaliksik at maghahandang humarap sa debate.
    c. Magbabasa at manonood ng mga balita sa telebisyon.
    d. Gagawa ng mga posibleng maging isyu o paksa sa debate atmagsasaliksik ukol dito.

18. Sa paanong paraan mo ilalahad ang kultura, tradisyon, at kagandahan ng Asya sa isang pagpupulong sa kabila ng mga masasamang impresyon ukol sa Asya at mga Asyano?

    a. Babasahin ang *progress report* ng Asya.
    b. Mamahagi ng *pamphlet* ukol sa kultura, tradisyon at magagandang tanawin sa Asya.

c. Magpapakita ng *video presentation* ng mga ipinagmamalaking kultura,tradisyon at mga taong napapahalaga nito.
d. Magpapakita ng *power point presentation* ng magaganda at itinatanging kultura ng mga Asyano.

19. Matapos mong mapag-aralan ang mga pilosopiyang pinagbatayan sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya, ikaw ay naatasan ng iyong guro na magpakita ng isang presentasyon ukol sa paksang ito. Ano ang gagawin mong pamantayan sa pagbuo ng presentasyon?

    a. Kasaysayan, sino ang nagtatag at saan naitatag ang pilosopiya
    b. Kasaysayan at mahahalagang aral ng pilosopiya
    c. Kasaysayan, sino ang nagtatag, saan naitatag at impluwensya ng pilosopiya
    d. Kasaysayan, mahahalagang aral, impluwensiya at kahalagahan ng pilosopiya sa kasalukuyang panahon.

20. Bumagsak ang Kabihasnang Sumer dahil sa ito ay binubuo ng magkakahiwalay na estado. Dahil sa kawalan ng pagkakaisa, madali itong nasakop at bumagsak. Tulad ng Mesopotamia, ang ating bansa ay binubuo ng maraming pulo kung kaya't nagkaroon tayo ng iba't ibang pangkat at kultura. Kung ikaw ang kasalukuyang pangulo ng ating bansa, anong proyekto ang maaari mong gawin upang magkaroon ng ugnayan at pagkakaisa ang iba't ibang pangkat ng mga Pilipino?

    a. Mamahagi ng mga aklat na naglalarawan ng kultura ng lahat ng pangkat ng mga Pilipino upang maunawaan ang kultura ng bawat isa.
    b. Magsasagawa ng mga proyektong pagpatayo ng tulay upang mapagdugtung-dugtong ang mga kapuluan sa Pilipinas.
    c. Magpanukala ng batas na nag-uutos na dapat magkaisa ang mga Pilipino upang ang lahat ay obligadong gawin ito.
    d. Magsagawa ng mga proyektong pangkultural na maaaring lahukan ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas upang magkaroon ng pagkakataon na makipag-interaksyon sa bawat isa.

## GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

**Calligraphy** – sistema ng pagsulat ng mga Tsino.

**Confucianism** – isang pilosopiya na nakatuon sa pagpapabuti ng ugali sa pamamagitan ng pagtataguyod sa mga *virtue* ng kagandahang loob, tamang pag-uugali, at pagkamagalang.

**Cuneiform** – sistema ng pagsulat ng mga Sumerian na nakasulat sa tabletang luad.

**Dhamma** – aral ni Buddha na nagbibigay halaga sa prinsipyong walang karahasan at kapayapaan para sa lahat.

**Karma** – Ang ating mga gawain ay kasama natin, maglalakbay kahit saan at kahit gaano kalayo man ang ating marating sa buhay. Kung anuman ang ating mga nagawa noon ay siyang naghubog kung ano tayo ngayon.

**Monotheismo** – paniniwala sa iisang Diyos.

**Oracle bone** – tawag sa mga *tortoise shell* at *cattle bone* na ginagamit upang mabatid ang mensahe o saloobin ng mga diyos ng mga Tsino.

**Pananaw** – saloobin o opinyon ng isang tao batay sa kanyang paniniwala.

**Pantheismo** – paniniwala na ang Diyos ay matatagpuan sa lahat ng bagay na matatagpuan sa kapaligiran.

**Pilosopiya** – ang mapagkilatis na pag-aaral sa mga pinakamalalim na katanungan na maaaring itanong sa sangkatauhan. Nagmula ang *philo* ay nangangahulugang “pagmamahal” at *sophia* naman ay “karunungan”. Kung pagsasamahin ito ay “pagmamahal sa karunungan”.

**Reincarnation** – paniniwala na ang kaluluwa ay muling mabubuhay sa mas mataas o mababang kalagayan sa lipunan batay sa kabuuang pagkilos ng tao.

**Relihiyon** – isang organisadong sistema ng pananampalataya, pamimitagan, paggalang, kaugalian, at pananalig na nakasentro sa isa o higit pang kinikilalang diyos.

**Scribe** – mga tagatala ng pangyayari at kasaysayan sa panahon ng sinaunang kabihasnan.

**Sibilisasyon** – masalimuot na pamumuhay sa lungsod.

**Sinocentrism** – tumutukoy sa paniniwala at pilosopiya ng mga Tsino na ang Tsina ang pinakasentro ng daigdig.

**Son of Heaven** – ang emperador ay pinili ng langit upang mamuno na may itinakdang kasaganaan at kapayapaan.

**Theocracy** – pamahalaang pinamamahalaan ng puno ng simbahan.

**Ziggurat** – Templo ng mga sinaunang Mesopotamia tulad ng Sumerian na pinaniniwalaang pinaninirahan ng diyos.

**TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL**

Badilla, et. al. (2006) ***Social Studies in Perspective: History of the World***. Manila; Diwa Publishing.

Barrientos, G. (2005) ***World History***. Manila; St. Bernadette Publishing House.

Flores, et. al. (2006). ***Social Studies in Perspective***. Manila: Diwa Publishing House.

Imperial, et. al. (2007). ***Turning Points II***, Rex Publishing House.

Leutano, F. (2002). ***World History***. Manila; St. Agustine Publications.

Leuterio, F. (2004). ***Asian History and Civilization***. Manila: Vibal Publishing House.

Mateo, et. al. (2005). ***History and Culture***. Manila: Ibon Publishing.

Tabing, et. al. (2004). ***Asian History and Civilization***. Manila: St. Bernadette Publishing House.

Villoria, et. al. (1998) ***The World History and Civilization***. Manila; Vibal Publishing House.

http://www.ancientcivilizations.co.uk/home_set.html

http://www.youtube.com/watch?v=_kOeL5cDSIg

http://www2.newcanaan.k12.ct.us/education/components/docmgr/default.php?sectiondetailid=7021&fileitem=757&catfilter=377

http://www.history.com/videos/seven-wonders-the-great-wall#history-of-the-great-wall

http://www.youtube.com/watch?v=csClwPSzoOI&feature=related
http://india.mrdonn.org/indus.html

http://www.bbc.co.uk/schools/primaryhistory/indus_valley/land_of_the_indus/

http://www.youtube.com/watch?v=ALfUOfxfSos

http://www.youtube.com/watch?v=cRNgJJjTh8I&feature=relmfu

http://mesopotamia.lib.uchicago.edu/interactives/index.html

http://mesopotamia.lib.uchicago.edu/mesopotamialife/index.php

http://www.youtube.com/watch?v=h534FTPHQoY&feature=related

http://www.youtube.com/watch?v=D33m1_9uL8s&feature=related

http://www.mrdowling.com/603mesopotamia.html

http://www.youtube.com/watch?v=LRlKol4Usxw&feature=fvwrel

http://www.youtube.com/watch?v=37OLJPjoews&feature=related

http://www.youtube.com/watch?v=esiqB_Cd9PQ&feature=related

http://www.youtube.com/watch?v=yuKu6PZXCIY&feature=related

# Aralin 3: IBA PANG SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA

## ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Alam mo ba kung ano-ano pa ang iba pang mga sinaunang kabihasnan na umusbong sa Asya? Paano kaya nabuo at umunlad ang mga kabihasnang ito? ***Paano kaya nakatulong ang iba pang mga sinaunang kabihasnan sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlang Asyano? Bilang isang kabataan, paano ka kaya makatutulong sa paghubog at pag-unlad ng kabihasnan ng iyong bansa sa kasalukuyan?***

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang kritikal na makapagsusuri at iyong matutunghayan kung paano nabuo ang iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya at ang papel na ginampanan nito sa pagbuo at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlang Asyano. Upang ito'y iyong malaman, iyong saliksikin ang mga kasagutan sa mga sumusunod na tanong:

8. Ano-ano ang iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
9. Paano nabuo at umunlad ang iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
10. Ano-ano ang mga ambag ng iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
11. Bakit mahalaga ang mga ambag ng iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
12. Ano ang naging sanhi ng pagbagsak ng iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
13. Paano nakatulong ang iba pang mga sinanunang kabihasnan sa Asya sa paghubog ng mga kasalukuyang bansa nito?
14. Paano nakatulong ang iba pang kabihasnan sa pagbabago, pag-unlad, at pagpapatuloy ng kabihasnan tungo sa pagkakakilanlan ng mga Asyano?


## ☑ Saklaw ng Modyul

Sa modyul na ito, masasagot mo ang mga tanong sa itaas kung pag-aaralan at uunawain mo ang sumusunod na aralin.

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Blg. ng Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin 1 | Iba Pang Sinaunang Kabihasnan sa Mesopotamia | • Napaghahambing ang iba pang kabihasnan sa Mesopotamia.<br>• Nasusuri ang mahahalagang pangyayaring naganap sa Mesopotamia mula sa pagkakatatag ng sinaunang kabihasnan hanggang ika-16 na siglo sa pamahalaan, kabuhayan, teknolohiya, lipunan, edukasyon, paniniwala, pagpapahalaga, sining at kultura. | |
| Aralin 2 | Iba Pang Sinaunang Kabihasnan sa India | • Napaghahambing ang iba pang kabihasnan sa India.<br>• Nasusuri ang mahahalagang pangyayaring naganap sa India mula sa pagkakatatag ng sinaunang kabihasnan hanggang ika-16 na siglo sa pamahalaan, kabuhayan, teknolohiya, lipunan, edukasyon, paniniwala, pagpapahalaga, sining at kultura. | |
| Aralin 3 | Iba Pang Sinaunang Kabihasnan sa China | • Napaghahambing ang iba pang kabihasnan sa China.<br>• Nasusuri ang mahahalagang pangyayaring naganap sa China mula sa pagkakatatag ng sinaunang kabihasnan hanggang ika-16 na siglo sa pamahalaan, kabuhayan, teknolohiya, lipunan, edukasyon, paniniwala, pagpapahalaga, sining at kultura. | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.




## ☑ Inaasahang mga Kasanayan

Upang higit na maunawaan mo ang nilalaman ng modyul na ito ay inaasahang isasagawa mo ang mga sumusunod:

13. Nakapagsasaliksik ng mga terminolohiyang hindi mo alam ang kahulugan.
14. Nasasagutan ang mga pagsasanay sa araling ito.
15. Nakapagsusuri ng mga dokumento, pelikula, larawan, mapa at mga datos.
16. Nakasusulat ng mga paraan kung paano makakatulong ang mga mamamayan sa pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan.
17. Nakasusulat ng repleksyon at realisasyon tungkol sa iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya.


## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong.Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

1. Alin sa mga sumusunod ang HINDI ambag ng Mesopotamia?

a. 

c. 

b. 


d. 

2. Alin ng HINDI ambag ng kabihasnang Tsino?


a. 

c. 

b.



d.




3. Alin sa mga suumusunod ang ambag ng kabihasnang Indus?

a.



c.



**b.**



d.



4. Ano ang tawag sa sistemang panlipunan ng mga tao sa India?
   a. Caste
   b. Vedic
   c. Barter
   d. Vedas

5. Ano ang tawag sa pagsusulit na ibinibigay sa mga nais maglingkod sa pamahalaan?
   a. Civil Service
   b. Calligraphy
   c. Satrapy
   d. Cuneiform

6. Ang Zoroastrianismo ang naging pangunahing relihiyon ng imperyong Persia sa panahon ni Darius I. Alin sa mga ito ang turo ng Zoroastrianismo?

a. Ang daigdig ay labanan ng puwersa ng kabutihan at puwersa ng kasamaan.
b. Ang kaluluwa ng isang mabuting tao ay muling isisilang sa isang taong may mataas na kalagayan.
c. Huwag mong gawin sa kapwa mo ang ayaw mong gawin sa iyo.
d. Ang pagdurusa ay sanhi ng makasariling paghahangad.

7. Sino ang malupit ngunit mahusay na hari ng Babylonia?
   a. Sargon I
   b. Daarius I
   c. Hammurabi
   d. Nebuchadnezzar

8. Ano ang pinakamahalagang ambag ng mga Phoenicia sa kabihasnan?
   a. alpabeto
   b. salamin
   c. marex
   d. kulay lilang tela

9. Pinalitan ni Prinsipe Cheng ang kanyang pangalan na “Shih Hung Ti” na ang ibig sabihin ay “unang emperador”. Bakit niya ito ginawa?
   a. Upang hanguin sa pangalan niya ang pangalan ng bansang “China”
   b. Dahil ayaw niya ng kanyang orihinal na pangalan na “Cheng”
   c. Dahil nais niyang igalang siya ng mga Tsino
   d. Nais niyang sa kanya magsimula ang kasaysayan ng China

10. Bakit ipinagawa ni Shih Huang Ti ang Great Wall?
    a. Upang ipakita sa ibang imperyo sa Asya na maunlad ang imperyo ng mga Tsino.
    b. Upang ipakita sa ibang imperyo sa Asya ang kapangyarihan at kayamanan ng imperyo ng mga Tsino.
    c. Upang magsilbing proteksiyon laban sa pananalakay ng mga dayuhan
    d. Upang maraming dayuhan ang bumisita sa kanilang bansa.

11. Suriin ang pahayag kung tama o mali: *Ang Great Wall of China ay ang natatanging imprastraktura na gawa ng tao sa daigdig na makikita mula sa buwan.*
    a. Mali, sapagkat hindi lamang ito ang natatanging imprastraktura sa daigig na makikita mula sa buwan.
    b. Mali, sapagkat wala nang kahit anong imprastraktura sa daigdig ang makikita mula sa buwan.
    c. Tama, sapagkat ito ay naitala sa *Second Book of Marvels* ni Richard Halliburton’s noong 1938.
    d. Tama, sapagkat may mga larawang magpapakita na ang *Great Wall of China* ang tanging imprastraktura na makikita mula sa kalawakan.

12. Kung ikaw si Dakilang Darius mula sa imperyong Persia, papaano mo itataguyod ang iyong malawak na imperyo?
    a. Paggawa ng mga kanal para sa irigasyon o agrikultura.
    b. Paggawa ng mga sentro ng komunikasyon para sa mga mamamayan.
    c. Pagtatag ng daan tungo sa buong imperyo upang mapaunlad ang kalakalan.
    d. Pagtatakda ng mata at tainga ng hari upang subaybayan ang mga satrapy.

13. Bakit sinasabing hindi makatarungan ang batas noong unang panahon kagaya ng Kodigo ni Hammurabi?
    a. Dahil wala silang tagapagtanggol
    b. Dahil marahas ang mga kaparusahan sa mga kasalanan
    c. Dahil sobrang bagal ng paglilitis
    d. Dahil walang paglilitis na isinasagawa

14. Ang mga Phoenicians ay nakilala bilang "tagapagdala ng sibilisasyon" dahil sa kanilang pakikipagkalakan sa iba't ibang bansa sa Asya. Bakit nakikipag-kalakalan pa rin hanggang sa kasalukuyan ang mga bansa sa Asya?
    a. Dahil ang lahat ng bansa sa Asya ay nakadepende sa kalakalan
    b. Dahil nakapagpapayaman ito ng kultura
    c. Dahil nakatutulong sa pagsulong at pag-unlad ng bansa ang pakikipagkalakalan
    d. Ang pakikipag-ugnayan sa ibang bansa ay nagdudulot ng pagbabago sa pamumuhay ng mga Asyano

15. Ikaw ay inatasan ng iyong guro sa Araling Panlipunan na gumawa ng balita ukol sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Alin sa mga sumusunod ang hindi nararapat isaalang-alang sa pagsulat ng balita?
    a. Isaad kung ano ang naganap, sino ang mga tao na sangkot, saan naganap at ano ang kahalagahan ng pangyayari.
    b. Isaad ang pinakamahalagang detalye ng artikulo sa unang talata.
    c. Huwag isaad ang mga sanggunian, pagkilala, at kawing.
    d. Laging isaisip ang balangkas ng proyektong akda.

16. Magkakaroon ng debate sa inyong silid-aralan ukol sa "Makatarungan Ba o Hindi Makatarungan ang Kodigo ni Hammurabi". Ikaw ay isa sa mga kalahok. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** nararapat isaalang-alang sa pakikipag-debate?
    a. Isaalang-alang ang antas ng pang-unawa ng mga nakikinig.
    b. Kailangang walang katumbas na katibayan ang lahat ng katuwiran at hindi ito nakalahad sa isang maayos na pagpapahayag.
    c. Ilahad nang maayos at mahinahon ang mga mali sa katuwiran at kalaban.
    d. Ipaliwanag ang mga kahinaan ng mga ebidensiya o patunay na inilahad ng kalaban.

17. Ikaw ay isang punong barangay at nagnanais na magbigay ng serbisyo sa inyong barangay upang mapaunlad ito. Alin sa mga sumusunod ang higit na nararapat na maging katangian ng serbisyong ibibigay mo?
    a. Nag-iiwan ng impresyon sa uri at kalidad ng serbisyong pampubliko.
    b. Tumutugon sa pangangailangan ng buong komunidad.
    c. Tumutugon sa pangangailangan at sa kakayahang pinansiyal.
    d. Nagsisilbing mukha ng pamahalaan.

18. Bilang mag-aaral sa kasaysayan ng Asya, ikaw ay inatasan ng iyong guro na ipalaganap ang mga naging ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya sa iyong Unibersidad sa loob ng isang araw lamang. Paano mo ito magagawa?
    a. Maggpunta sa bawat klase at ipahayag ang mga naging ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya.
    b. Magpasimula ng isang simposyum ukol sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya.
    c. Mamahagi ng brochure na naglalaman ng mga naging ambag ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya at ang kahalagahan nito.
    d. Magpalabas ng dula-dulaan ukol sa mga naging ambag ng sinaunang kabihasnan sa Asya.

19. Ikaw ay naatasang maging representante ng Asya sa gaganaping UN Summit. Paano mo itatangahal ang kultura, yaman, tradisyon at kagandahan ng Asya sa kabila nang di magagandang balita ukol dito?
    a. Mamahagi ng *brochure* na naglalaman ng mga naging ambag ng mga sinaunan kabihasnan sa Asya at ang kahalagahan nito.
    b. Magpapalabas ng dula-dulaan ukol sa mga naging ambag ng sinaunang kabihasnan sa Asya.
    c. Magpapakita ng *powerpoint presentation* ng magaganda at natatanging kultura sa Asya.
    d. Magpapakita ng *video presentation* ukol sa ipinagmamalaking kultura, tradisyon, yaman, imbensyon at mga taong nakilala sa buong daigdig.*

20. Bilang pagsuporta sa pagdiriwang ng Araw ng Deklarasyon ng mga Karapatang Pantao, magkakaroon ng UN Summit sa Pilipinas na may layuning maitaguyod ang pagkakapantay-pantay at katarungan para sa lahat. Ikaw ay isang mambabatas at naatasan kang gumawa ng batas upang mapagtibay ang layuning ito. Anong hakbangin ang iyong gagawin upang makabuo ka ng batas na angkop dito?
    a. Magsaliksik ng mga ugat ng paglabag sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan upang magawan ito ng angkop na batas.
    b. Tanggalin sa puwesto ang mga pinunong lumalabag sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan.
    c. Ipakulong ang lahat ng tao na lumalabag sa mga karapatang pantao ng mga mamamayan.

d. Magsaliksik ng mga batas sa ibang bansa na nagtataguyod ng mga karapatang pantao ng mga mamamayan at gawin din itong batas sa Pilipinas.

## PAGTUKLAS

Bago natin simulan ang talakayan sa modyul na ito ukol sa kung paano nabuo ang iba pang mga kabihasnan sa Asya at ang naging papel nito sa pagbuo at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano, subukan mo munang gawin at sagutan ang mga gawaing inihanda.

### GAWAIN 1 Sino Ba Siya?

Tingnan ang mga larawan na nasa ibaba. Ang unang *set* ng mga larawan ay ang mga Asyano noon at ang pangalawang *set* ng mga larawan ay ang mga Asyano sa kasalukuyan. Kilalaning mabuti ang nasyon ng mga tao na nasa larawan. Tukuyin kung sino sa kanila ang *Filipino*, *Japanese, Korean, Chinese, Hindu*, at *Arabs* at sagutin ang mga inihandang tanong.

**SET A: ASYANO NOON**











**SET B: ASYANO NGAYON**











Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

5. Batay sa mga larawan, ano ang masasabi mo sa mga Asyano?

6. Paano mo natukoy ang nasyon ng mga Asyano noon? Ano-ano ang iyong naging batayan?

7. Paano mo naman natukoy ang nasyon ng mg Asyano sa kasalukuyan? Ano-ano ng iyong naging batayan?

8. Sa iyong palagay, paano kaya nahubog at umunlad ang mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at ang pagkakakilanlan ng mga Asyano?

## GAWAIN 2 Pag-isipan Mo!

Pindutin ang tsek (✓) kung ikaw ay sumasang-ayon sa sinasabi ng pahayag at ekis kung hindi ( X ).

| Sagot Bago ang Aralin | Iba Pang Sinaunang Kabihasnan sa Asya | Sagot Matapos ang Aralin |
|---|---|---|
| | 1. Dahil sa pagbabago ng kapaligiran, natuto ang tao na sumabay sa hamon ng kalikasan at nanatili na lamang ito sa isang lugar. | |
| | 2. Ang *Great Wall of China* ang tanging imprastraktura ng gawa ng tao na makikita mula sa buwan. | |
| | 3. Walang magandang naidulot ang pabagu-bagong pamamahala at pananakop sa isang lugar. | |
| | 4. Ang mga imperyo sa Timog-kanlurang Asya ay nakaimpluwensiya sa mga pananaw sa buhay ng mga Asyano. | |
| | 5. Sentro ng sinaunang kabihasnan kung papaano maitataguyod ng bawat isa ang kanilang pamumuhay. | |
| | 6. Ang pagkakakilanlan ng mga Asyano ay batay sa mga kanluraning sumakop dito. | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Magaling! Nakapagbigay ka na ng iyong pahayag batay sa iyong dating kaalaman. Paano nga kaya nabuo ang iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya? Paano ito nakatulong sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlang Asyano?  Alamin natin ang tamang sagot sa mga tanong na ito matapos mapag-aralan ang susunod na aralin.


## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul, iyong aalamin kung papaano nga ba nabuo ang iba pang mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Sa bahaging ito, inaasahan kang maunawaan at makapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa papel na  ginampanan ng iba pang kabihasnan sa Asya sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at ng pagkakakilanlan ng mga Asyano. Gawin at sagutan ang mga gawain sa ibaba upang iyong malaman at maunawaan kung paano nga ba nabuo ang iba pang sinaunang kabihasnan sa Asya.

**GAWAIN 3** **Maglakbay Tayo!**

Batay sa nakaraang aralin, ibigay muli ang mga pangalan ng lambak ng ilog na pinagmulan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Isulat ang sagot sa loob ng kahon. Sagutin ang mga tanong ukol dito.







Magaling at iyong nasagutan ang pinagmulan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Batay sa nakaraang aralin, iyong nalaman ang papel na ginampanan ng mga lambak ng ilog sa pag-usbong at pag-unlad ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Ngayon naman ay alamin natin ang iba pang naging epekto ng mga lambak ng ilog sa kasaysayan at paraan ng pamumuhay ng mga tao sa mga sinaunang kabihasnan sa Asya. Suriin ang mapa ng mga lundayan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya at sagutin ang mga tanong ukol dito.

| LUNDAYAN NG MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA ASYA | EPEKTO SA PARAAN NG PAMUMUHAY NG TAO | SAGOT SA TANONG |
|---|---|---|
|   | Naging mainam ang mga lupain sa Sumeria dahil sa Ilog Tigris at Euphrates. Dahil dito, maraming lungsod-estado ang nanirahan dito. Nagkaroon din ng mga alitan ang mga lungsod-estado dahil sa pag-aagawan sa mga lupaing malapit sa ilog. Paano nakaapekto ang kawalan ng pagkakaisa sa ng mga tao sa Sumer? | |

| | | |
|---|---|---|
|  | Ang pag-apaw ng ilog Indus ay hindi batid ng mga tao sa Mohenjo, Daro at Harappa. Sinasabing isa sa maaaring naging sanhi ng pagkawala ng kabihasnang Indus ay ang pagkakaroon ng malaking pagbaha na naging dahilan ng pagkawala ng mga tao dito. Sa iyong palagay, ano ang maaaring sumunod na mangyari sa pagkawala ng mga tao dito? | |
|  | Ang mga tao sa Dinastiyang Shang ay may pagkakaisa kung kaya't nakagawa ito ng daluyan ng tubig at harang sa baha. Ito rin ay may mga natural na hangganan laban sa mga mananakop. Sa iyong palagay, ano ang naging sanhi ng pagbagsak ng Dinastiyang Shang? | |

**ANG IYONG KONGKLUSYON!**

1. Batay sa mga iyong naging kasagutan sa tsart, ano ang kinahinatnan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya?

2. Ano sa palagay mo ang maaaring maidulot ng pagkawala ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya?

3. Ang mamamayan at pinuno ay may malaking papel na ginagampanan sa pag-unlad at pagbagsak ng isang kabihasnan. Bilang Asyano, paano mo mapapanatiling maunlad at masagana ang iyong kabihasnang kinabibilangan sa kasalukuyan?

## GAWAIN 4 Alamin at Suriin

Basahin ang mga teksto at panoorin ang mga *video* sa mga *URL link* na nasa ibaba at sagutan ang mga gawain ukol dito.

http://mesopotamia.lib.uchicago.edu/mesopotamialife/index.php
*Ito ay teksto tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Mesopotamia.*

http://www.youtube.com/watch?v=h534FTPHQoY&feature=related
*Ito ay video tungkol sa sinaunang kabihasnan sa Mesopotamia.*

http://www.timemaps.com/civilization/Ancient-Mesopotamia
*Ito ay isang teksto ukol sa kultura at kasaysayan ng iba pang mga kabihasnan sa Mesopotamia.*

http://www.mesopotamia.co.uk/time/explore/main_mes.html#1100B.C.
*Ito ay isang timeline na nagpapakita ng kasaysayan ng iba pang mga kabihasnan sa Asya.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/akkadians.htm
*Ito ay teksto tungkol sa mga Akkadian.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/assyrians.htm
*Ito ay teksto tungkol sa mga Assyrians.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/hammurabi.htm
*Ito ay teksto tungkol sa mga Babylonian.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/hittites.htm
*Ito ay teksto tungkol sa mga Hittites.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/lydians.htm
*ito ay teksto tungkol sa mga Lydians.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/phoenicians.htm
*Ito ay teksto tungkol sa mga Phoenicians.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/jews.htm
*Ito ay teksto tungkol sa mga Jews.*

http://www.historyforkids.org/learn/westasia/history/persians.htm
*Ito ay teksto tungkol sa mga Persians.*

**IBA PANG KABIHASNAN SA MESOPOTAMIA**

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| AKKADIAN | | | | | |

*Ang Imperyong Akkadian ay….*

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| BABYLONIA | | | | | |

*Ang Imperyong Babylonian ay….*

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| ASSYRIA | | | | | |

*Ang Imperyong Assyrian ay….*

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| CHALDEA | | | | | |

*Ang Imperyong Chaldean ay….*

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| HITTITES | | | | | |

*Ang kabihasnan ng mga Hittites ay….*

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| LYDIA | | | | | |

*Ang kabihasnan ng mga Lydians ay….*

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| PHOENICIA | | | | | |

*Ang kabihasnan ng mga Phoenicians ay….*

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| HEBREO | | | | | |

*Ang kabihasnan nf mga Hebreo ay….*

______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________
______________________________

| IMPERYO | PAMAHALAAN | KABUHAYAN | RELIHIYON | LIPUNAN | SINING AT IMBESYON |
|---|---|---|---|---|---|
| PERSIA | | | | | |

*Ang Imperyong Pesiano ay….*

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Batay sa datos na iyong nakalap, ilarawan ang iba pang kabihasnan sa Mesopotamia?

Pasinin ang iyong mga gawi sa iyong araw na araw na pamumuhay. Ano-ano ang iyong mga paniniwala sa buhay? Saan nakabatay ang iyong mga gawi at paniniwala sa buhay? ***Papaano kaya nakaimpluwensya sa mga Asyano ang kanilang mga paniniwala?***

Sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang kritikal na makapagsusuri sa mga impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano. Sisikapin mong tuklasin ang bahaging ginampanan ng mga pananaw at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano. Upang ito'y iyong malaman, iyong saliksikin ang mga kasagutan sa mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang kahulugan ng mga konsepto ng tradisyon, pilosopiya at relihiyon?
2. Ano-ano ang mga paniniwala at pananaw ng mga Asyano?
3. Papaano nakaimpluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano?
4. Papaano nakaimpluwensiya ang mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano?
5. Paano nakatulong ang mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng kabihasnan tungo sa pagkakakilanlang Asyano?

## ☑ Saklaw ng Modyul


Sa modyul na ito ay iyong matututuhan ang mga sumusunod:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin 1 | Kahulugan ng mga Konsepto ng Tradisyon, Pilosopiya at Relihiyon | • Nabibigyang kahulugan ang konsepto ng tradisyon, pilosopiya at relihiyon. | |
| Aralin 2 | Impluwensiya ng mga Paniniwala sa Kalagayang Panlipunan, Sining at Kultura ng mga Asyano | • Natataya ang impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano. | |
| Aralin 3 | Bahaging Ginampanan ng mga Pananaw, | • Nasusuri ang bahaging ginampanan ng mga | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | Paniniwala at Tradisyon sa Paghubog ng Kasaysayan ng mga Asyano | pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano. | |

☑ **Concept Map ng Modyul**

Narito ang balangkas ng mga aralin na dapat mong maunawaan sa pagtatapos ng modyul na ito.




☑ **Inaasahang mga Kasanayan**

Upang higit na maunawaan mo ang nilalaman ng modyul na ito ay inaasahan kang maisasagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nakapagsasaliksik ng mga terminolohiyang hindi mo alam ang kahulugan.
2. Nasasagot ang mga pagsasanay sa araling ito.
3. Nakapagsusuri ng mga dokumento, pelikula, larawan, at mga datos.
4. Nakapagsusulat ng mga paraan kung paano makatutulong ang mga mamamayan sa pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan.
5. Nakapagsusulat ng iyong repleksyon at realisasyon tungkol sa impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano.

6. Nabibigyang kahulugan ang mahahalagang konsepto na may kaugnayan sa paksa.
7. Nakabubuo ng mga kongklusyon hinggil sa bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa pahubog ng kasaysayan ng mga Asyano.
8. Napapahalagahan ang mga bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa pahubog ng kasaysayan ng mga Asyano.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong.Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sino sa mga dakilang pilosopong Tsino ang nagbigay-diin sa pagmamahal at paggalang sa mga magulang?
   a. Buddha
   b. Confucius
   c. Lao Tzu
   d. Mohammed

2. Naniniwala ang mga Budhista na ang lahat ng tao ay nakararanas ng paghihirap. Ano ang sanhi ng paghihirap ng tao?
   a. Nais ng tao na maghirap kaysa magkaroon ng mariwasang buhay.
   b. Walang kasiyahan na mararanasan ang tao sa mundo.
   c. Ang kaaway ng tao ang nagpapahirap sa kanila.
   d. Ang matinding paghahangad sa mga bagay na hindi kayang makamit.

3. Alin sa mga paniniwala sa ibaba ang nagpapakita ng pagkakaiba ng Judaismo sa ibang relihiyon?
   a. Pagsamba sa iisang diyos lamang.
   b. Huwag mong gawin sa kapwa mo ang ayaw mong gawin sa iyo.
   c. Paggalang at pagmamahal sa mga magulang at nakatatanda.
   d. Pagkakaroon ng mahusay na ugnayan ng mga magulang at anak.

4. Ang mga Asyano ay naniniwala na sila ay mabubuhay muli pagkaraan nitong mamatay. Sino sa mga Asyano ang may ganitong paniniwala?
   a. Hindu
   b. Muslim
   c. Kristiyano
   d. Budhista

5. Isa sa apat na katotohanan ayon kay Buddha ay " Ang buhay ay punung puno ng paghihirap at pagpapakasakit". Ano ang nais ipahiwatig ng paniniwalang ito?
   a. Ang kahirapan at kalungkutan sa buhay ay hindi matatakasan ng tao.
   b. Makararanas pa rin ng paghihirap ang tao kahit siya ay magsumikap.
   c. Ang paghihirap ng tao ay panghabang buhay.
   d. Ang paghihirap at pagpapakasakit ay bahagi ng buhay ng tao.

6. Ang kultura ay maituturing na salamin ng lipunan. Ang makabagong kultura ng lipunan ng mga Asyano ay nakabatay sa makabagong kultura nito. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito?
   a. Ang kultura ng bansa ay dapat na pahalagahan.
   b. Nararapat na isabuhay at ibahagi ang mga magagandang tradisyon ng isang bansa.
   c. Nararapat na pahalagahan at pagyamanin ang mga tradisyunal na kultura at ituring na mahalagang haligi ng bansa. *
   d. Nararapat na ibagay ang kultura at tradisyon ng mga tao sa mga kaganapang panlipunan.

7. Paano nakaapekto ang mga ritwal at nakakaugaliang selebrasyon ng mga pamilyang Asyano?
   a. Pinagtibay nito ang konseptong *solidarity.*
   b. Nagsimula ang nakagawiang *arranged marriage*.
   c. Napag-igting ang pamilyang nukleyar.
   d. Nagkaroon ng mababang pagtingin sa mga kababaihan.

8. Magkakaroon ng *World Summit* sa taong 2015 na dadaluhan ng lahat ng kinatawan ng mga bansa sa daigdig. Layunin ng *summit* na ito na maisulong ang pagkakaisa at kapayapaan ng lahat ng bansa sa daigdig sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang kultura. Upang magkaroon ng pagkaunawa at kaalaman ang lahat ng bansa sa daigdig ukol sa mga paniniwala at kultura ng mga Asyano, Ikaw ang naatasang mamuno sa paglikha ng presentasyon ukol sa relihiyon at paniniwala ng mga Asyano. Ano-ano ang mga dapat na nilalaman ng iyong presentasyon?
   a. Kasaysayan ng relihiyon, sinong nagtatag, saan natatag, mga paniniwala at tradisyon
   b. Kasaysayan ng relihiyon, mahahalagang aral at mga paniniwala nito
   c. Kasaysayan ng relihiyon, sino ang nagtatag, impluwensiya nito sa bansa at mga tradisyon
   d. Kasaysayan ng relihiyon, mga mahahalagang aral, impluwensiya sa bansa, mga paniniwala at tradisyon at kalagayan nito sa kasalukuyang panahon.

9. Ibaba ang mga katangiang pisikal at heograpiya ng mga bansa sa Asya. Dahil dito, ang mga Asyano ay magkakaiba ng kultura. Kung ikaw ang kasalukuyang *Secretary* ng *United Nations*, anong proyekto ang maaari

mong gawin upang magkaroon ng ugnayan ang iba't ibang pangkat ng mga Asyano?
   a. Mamahagi ng mga aklat na naglalarawan ng kultura ng lahat ng pangkat ng mga Asyano upang maunawaan ang kultura ng bawat isa.
   b. Magsasagawa ng mga proyektong magpapatayo ng tulay upang mapagdugtung-dugtong ang mga bansa sa Asya.
   c. Magpanukala ng batas na nag-uutos na dapat magkaisa ang mga Asyano upang ang lahat ay obligadong gawin ito.
   d. Magsagawa ng mga proyektong pangkultural na maaaring lahukan ng iba't ibang pangkat ng mga Asyano upang magkaroon ng pagkakataon na makipag-interaksyon sa bawat isa.

10. Ikaw ay isang opisyal ng *United Nations* at naatasang maging pangunahing tagapagsalita sa isang kumbensyon ng mga bansa sa daigdig tungkol sa pagpapahalaga sa kanilang kultura. Alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin para paghandaan ang talumpating ito?
   a. Maghahanda ng mga nakaaaliw na halimbawa upang hindi mawala ang interes ng mga makikinig.
   b. Gagawa ng makulay na *multimedia presentation* para makuha ang atensyon ng mga makikinig.
   c. Gagamit ng mga makabagong teknolohiya sa presentasyon upang mapahanga ang mga nakikinig.
   d. Maglalahad ng isang makatotohanang kuwento na makapagbibigay ng inspirasyon sa mga kinatawan ng bansa na mapahalagahan ang kanilang papel sa pagpapanatili, pagsulong at pag-unlad ng kultura ng kanilang bansa.

11. Bilang isang pinakamataas na pinuno ng Departamento ng Edukasyon na nagsusulong ng mga paniniwala at kultura ng mga Pilipino, inaasahang ikaw ay haharap sa mga mamamayan sa iyong barangay upang maipaunawa sa kanila ang kahalagahan ng pagpapanatili at pagpapaunlad ng sariling kultura. Ikaw ay pinaghanda ng iyong kapitan ng isang madamdamin at impormatibong talumpati. Alin sa mga sumusunod na pamantayan ang kailangan mong maabot upang makamit ang layunin ng iyong talumpati?
   a. Paggamit ng mga detalyado at edukadong salita na nagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagpapaunlad ng iyong barangay.
   b. Paggamit ng mga nakakaaliw na salita upang makuha ang atensyon ng mga nakikinig.
   c. Paggamit ng mga malalim na salita upang maipakita ang iyong kagalingan sa pagtatalumpati.
   d. Paggamit ng pili at simpleng salita na nababatid ng mga mamamayan at nagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagpapaunlad ng iyong barangay.

12. Ang Confucianismo at Legalismo ay mga pilosopiyang kapwa nagmula sa bansang Tsino. Ang mga ito ay may magkaibang paniniwala ngunit mayroong iisang layunin lamang para sa Tsina. Suriin ang paniniwala ng dalawang pilosopiya nito sa ibaba at piliin ang titik ng tamang sagot na nagpapakita ng kanilang layunin.

| | |
|---|---|
| Confucianismo | Mabuting relasyon sa pagitan ng mga kasapi ng pamilya, mamamayan at pamahalaan. |
| Legalismo | Pangangailangan ng makapangyarihang pamahalaan para sa katiwasayan sa Tsina. |

a. Pag-iisa ng mga estado at panunumbalik ng mga kaayusan saTsina.
b. Pagkakaroon ng pagkakapantay-pantay sa Tsina
c. Pagkakaroon ng kapayapaan sa Tsina
d. Pagpapaunlad ng ekonomiya ng Tsina

13. Ikaw ay isang manunulat sa isang pahayagan. Nalaman mo na isa sa mga hadlang sa kaunlaran ng ating bansa ay ang kawalan ng kaalaman ng mga mamamayan sa mga paniniwala at kultura ng mga Pilipino. Inatasan kang gumawa ng artikulo na magbibigay mungkahi upang ito ay masolusyunan. Alin sa mga sumusunod ang dapat gawin upang malutas ang suliraning ito?
a. Ipahayag na tanging pamahalaang lokal lamang ang tanging sektor na makakatugon sa suliranin.
b. Ipahayag na ang pamahalaang lokal ay kailangang maglunsad ng polisiya upang matugunan ang suliranin.
c. Ipahayag na ang pamahalaang nasyonal at mga mamamayan ay nararapat na magtulungan upang masolusyonan ang suliranin.
d. Ipahayag na solusyon sa suliranin ay matutugunan ng programa ng isang organisasyon sa bansa.

14. Sa paanong paraan mo ipepresenta ang kultura, tradisyon at kagandahan ng Asya sa isang pagpupulong kung ikaw ay naatasan na kinatawan sa kabila ng iba't ibang balita na nagbibigay ng masamang impresyon sa Asya?
a. *Powerpoint presentation* ng mga magaganda at itinatanging kultura ng Asya.
b. Paghahanda at pagbasa ng *progress report* tungkol dito.
c. *Video presentation* ng mga ipinagmamalaking kultura, tradisyon at mga taong nagpapahalaga dito.
d. Pagbibigay ng *pamphle*t ng mga larawan ng katangi- tanging tanawin at kultura ng Asya.

15. Ilan sa mga pangunahing epekto ng mga paniniwalang Asyano ay nagiging batayan ito ng mga pinuno ng pamahalaan sa kanilang mga batas at

polisiyang pinapairal sa nasasakupan. Paano naipalaganap ng mga pinuno ang Budhismo sa kanilang nasasakupan?
   a. Ipinalaganap niya ang Budhismo sa lahat ng nasasakupan.
   b. Ipinasalin sa kanilang wika ang banal na kasulatan ng Budhismo.
   c. Pinabinyagan ang mga mamamayan sa relihiyong Budhismo.
   d. Ipinasalin sa wikang Budhismo ang lahat ng aklat sa bansa.

16. Ang mga paniniwala at tradisyon ng ma Asyano ay nakaaapekto din sa katayuan ng mga tao sa lipunan. Paano nagkaroon ng pananaw na mababang kalagayan ng mga kababaihan sa lipunang Asyano?
   a. Ito ay dahil sa mga aral ni Confucius a naglalagay sa mababang kalagayan ng mga kababaihan sa pamilya.
   b. Ito ay bunga ng mahinang personalidad ng mga kababaihan.
   c. Ito ay dahil sa mahinang puwersa ng mga kababaihan sa lipunan.
   d. Ito ay dahil sa mga sulatin ng mga Tsino tungkol sa tamang gawi at kaugaliang dapat sundin ng mga kababaihang Tsino.

17. Ang Taoismo ay paniniwala na nagmula sa Tsina. Ano ang pangunahing paniniwala ng Taoismo?
   a. Nararapat na ang tao ay sumabay sa agos ng kalikasan at damhin ang diwa nito.
   b. Ang kayamanan at kaalaman ay dapat pagsumikapang makamit ng tao sa lahat ng pagkakataon.
   c. Ang mga ninanais sa buhay ng tao ay dapat pagpaguran.
   d. Maraming malalaman ang taong pinag-aralang mabuti ang kaganapan sa kalikasan.

18. Ang relihiyon ay bahagi ng lipunan mula po noong sinaunang panahon. Paano ito naipapakita ng mga tao sa lipunan?
   a. Pagkilala ng tao sa kanyang pinagmulang lahi.
   b. Pagkilala ng tao sa isang kapangyarihang nakapaghahari sa lahat ng bagay at ang kanyang mga batas at utos ay sinusunod.
   c. Pagsunod sa mga dapat sundin ng tao sa lipunan.
   d. Pagtulong ng tao sa mga taong nangangailangan.

19. Ang pagyakap ng mga Asyano sa relihiyon ay nakapagpabago sa kanilang pananaw sa buhay. Dahil dito, paano nakatulong ang relihiyon sa mga Asyano?
   a. Nagpatibay sa pananampalataya sa Dakilang Panginoon.
   b. Nagpaunlad sa iba't ibang pananaw at saloobin ng mga tao.
   c. Napanatili ang kaayusan sa lipunan.
   d. Nakapagpabago sa pag-uugali ng tao.

20. Maraming samahang panrelihiyon at pandaigdig ang binuno dahil sa iba't ibang kadahilanan. Anong pagpapahalaga ang ipinakikita ng pagsapi ng mga Asyano sa isang relihiyon?
   1. Pagkakaisa, pagkakapatiran, at pagtatamo ng kaunlaran

2. Pagkakaroon ng kapayapaan at kaayusan
3. Paglinang ng kabayanihan at katapangan
4. Pagpapaligsahan at pagtatagisan ng talino

a. 1 at 2
b. 1 at 3
c. 2 at 3
d. 2 at 4

Ang wastong sagot ay titik a. Sa pamamagitan ng relihiyon ay nagkakaisa ang mga tao dahil sa pagkakaroon nito ng iisang paniniwala.

## PAGTUKLAS

Bago natin simulan ang talakayan sa modyul na ito ukol sa kung papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining, kultura, pagkakakilanlan at kasaysayan ng mga Asyano, subukan mo munang gawin at sagutan ang mga gawaing na nasa ibaba.

### GAWAIN 1 Salamin ng Kasaysayan

Pagmasdan at suriin ang mga larawan na nasa ibaba at sagutin ang mga tanong ukol dito.

**UNANG SALAMIN NG KASAYSAYAN**



1. Tungkol saan ang ipinapakita ng larawan?

2. Sa iyong palagay, saan nakabatay ang gawaing ito ng mga Tsino?

**IKALAWANG SALAMIN NG KASAYSAYAN**



1. Tungkol saan ang ipinapakita ng larawan?

2. Sa iyong palagay, saan nakabatay ang gawaing ito ng mga Hindu?

3. Bakit nila ito ginagawa?

**IKATLONG SALAMIN NG KASAYSAYAN**



1. Tungkol saan ang tema ng larawang nakapinta sa itaas?

2. Sa iyong palagay, bakit ganito ang tema ng larawan? Saan ito nakabatay?

| IKAAPAT NASALAMIN NG KASAYSAYAN |
|---|




1. Tungkol saan ang ipinapakita ng larawan?

2. Saan nakabatay ang gawaing ito ng mga Pilipino? Bakit nila ito ginagawa?

| IKALIMANG SALAMIN NG KASAYSAYAN |
|---|



1. Ilarawan ang kasuotan ng mga kababaihan sa Iraq batay sa larawan.

2. Sa iyong palagay, bakit ganito ang kasuotan ng mga kababaihan sa Iraq? Saan ito nakabatay?

**ANG IYONG KONGKLUSYON:**

Sa iyong palagay, saan nakabatay ang mga gawi at kultura ng mga Asyano? Paano nito naaapektuhan ang pamumuhay ng mga Asyano?

## GAWAIN 2 Mapa ng Pagbabago

Sagutan ang mahalagang tanong sa *IRF sheet* na nasa ibaba. Sagutan lamang ang "Initial" na bahagi.

| ***Papaano kaya nakaimpluwensiya sa mga Asyano ang kanilang mga paniniwala?*** | |
|---|---|
| **Initial:** | |
| Revised: | |
| Final: | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Magaling! Ikaw ay nakapagbigay na iyong pahayag batay sa iyong dating kaalaman. Papaano nga kaya nakaimpluwensiya ang mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining, kultura, pagkakakilanlan at kasaysayan ng mga Asyano? Ano kaya ang kahulugan ng konsepto ng tradisyon, pilosopiya at relihiyon? Bilang isang kabataan, paano ka makakatulong sa pagpapanatili at pagpapaunlad ng iyong magagandang kultura at tradisyon?

Alamin natin ang tamang kasagutan sa mga tanong na ito matapos mapag-aralan ang susunod na aralin.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ay iyong aalamin kung ano ang kahulugan ng konsepto ng tradisyon, pilosopiya at relihiyon at kung papaano ito nakaimpluwensiya sa kalagayang panlipunan, sining, kultura at pagkakakilanlan ng mga Asyano?

Ikaw ay inaasahan din na maunawaan at makapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa papel na ginampanan ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining, kultura, at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Gawin at sagutan ang mga gawain sa ibaba upang iyong malaman at maunawaan kung paano nga ba nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya.

### GAWAIN 3 Ang Iyong Natuklasan

Saliksikin mo ang kahulugan ng mga salitang nasa loob at iyong isulat ang iyong mga sagot sa katapat nitong kahon. Maaari mong saliksikin ang mga kahulugan nito sa www.google.com o kaya sa www.visuwords.com.

| KONSEPTO | KAHULUGAN |
|---|---|
| **TRADISYON** | |
| **PILOSOPIYA** | |
| **RELIHIYON** | |
| **Batay sa iyong mga naging kasagutan, paano nagkakaiba ang tradisyon, pilosopiya at relihiyon? Magsulat ng isang pangkalahatang pangungungusap at ipaliwanag ito.** | |

**GAWAIN 4** **Mga Paniniwala mula sa China**

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang kahulugan ng mga konsepto ng tradisyon, pilosopiya at relihiyon. Ngayon naman ay alamin natin ang mga tradisyon, pilosopiya at relihiyon ng mga Asyano. Basahin at panoorin ang mga nilalaman ng mga *URL link* na nasa ibaba ukol sa tatlong mahahalagang pilosopiya na nakilala sa China. Matapos mo itong mabasa at mapanood ay iyong gawin at sagutan ang mga gawain sa ibaba.

https://www.youtube.com/watch?v=OT4uvY5K17k
*Ito ay video tungkol sa Cofucianismo at ang epekto nito sa China.*

http://crossenhistory.weebly.com/chapter-2-classical-china.html
*Ito ay teksto ukol sa mga pilosopiya at paniiwala ng mga Tsino.*

https://www.youtube.com/watch?v=Hmcjd04J2ag
*Ito ay video tungkol sa kasayasayan at paniniwala ng Daoism.*

https://www.youtube.com/watch?v=z9qgkJHybE8
*Ito ay bidyo ukol sa mga aral at paniniwala ng Legalismo.*

http://www.aboutleaders.com/leaders-honor-thy-people/
*Ito ay isang komentaryo ukol sa pagiging lider.*

http://sportsbetter.hubpages.com/hub/Confucius-Famous-Quotes
*Ito ay isang artikulo ukol sa mga ral mula kay Confucius.*

| PANANAW | PILOSOPO | PALIWANAG |
|---|---|---|
| ***“Punishments should not be anything but severe and definite. This will make people fear them. "*** | | |
| ***"A leader is best when people barely know he exists, when his work is done, his aim fulfilled, they will say: we did it ourselves."*** | . | . |
| . ***"A superior man is modest in his speech, but exceeds in his actions."*** | . | . |

Sagutin mo ang mga tanong:

1.Ano-ano ang mga paniniwala na nagmula sa China?

2. Alin sa mga pananaw sa itaas ang iyong pinapahalagahan? Bakit?

3. Naisasabuhay mo ba ang mga pananaw na ito? Sa paanong paraan?

4. Makikita mo ba sa gawi ng mga Asyano sa kasalukuyan ang mga pananaw na ito? Patunayan.

5. Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwalang ito sa pamumuhay ng mga tao sa China at sa kanilang kasaysayan?

## GAWAIN 5 Mga Paniniwala Mula sa India: Hinduismo

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga paniniwala na nagmula sa China. Ngayon naman ay alamin natin ang mga paniniwala sa India. Basahin at panoorin ang mga nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba at gawin at sagutan ang gawain sa ibaba nito.

http://www.bbc.co.uk/religion/religions/hinduism/
Ito ay isang *website* tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Hinduismo.

http://www.religionfacts.com/hinduism/beliefs/karma.htm
Ito ay artikulo ukol sa karma.

| 15. MGA PANINIWALA | 16. PINAKAMAHALAGANG KONSEPTO | 17. PAANO ITO NAISASABUHAY NG MGA HINDU |
|---|---|---|
| Brahman | | |
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| Pagsamba sa Maraming Diyos | | |
| Dharma | | |
| Karma | | |
| Samsara | | |
| Alin sa mga paniniwala sa itaas ang higit na nakakaapekto sa mga Hindu? Bakit? | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa iyong mga naging kasagutan sa tsart, papaano nagkakaugnay-ugnay ang mga paniniwala ng mga Hindu sa isa't isa?

2. Sa iyong palagay, ano ang puwedeng mangyari sa isang Hindu kapag hindi nila nagawa ang kanilang Dharma?

3. Ano ang iyong interpretasyon tungkol sa kung papaano makakamit ang *nirvana*? Maglahad ng halimbawa upang masuportahan ang iyong paniniwala.


## GAWAIN 6 Mga Paniniwala Mula sa India: Budhismo

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman kung ang mga paniniwala ng Hinduismo. Ngayon naman ay alamin natin ang mga paniniwala ng Budhismo. Basahin at panoorin ang mga nilalaman ng *URL link* na nasa ibaba at gawin at sagutan ang gawain sa ibaba.

http://buddhismbeliefs.org/buddhism-practices
*Ito ay artikulo tungkol sa mga paniniwala ng Budhismo.*

https://www.youtube.com/watch?v=VvrYWD8Kr-E
*Ito ay video tungkol sa paniniwala at tradisyon ng Budhismo.*

http://www.religionfacts.com/buddhism/beliefs.htm
*Ito ay isang website ukol sa Budhismo.*




Sagutin mo ang mga tanong

1. Batay sa *diagram* na iyong ginawa, alin sa palagay mo ang mabuti at magandang paniniwala ng Budhismo? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.

2. Alin naman sa palagay mo ang di mabuti at di magandang paniniwala ng Budhismo? Ipaliwanag ang iyong sagot.


3. Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniiwala ng Budhismo sa mga Hindu?

## GAWAIN 7 Mga Paniniwala Mula sa India: Sikhismo

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga paniniwala ng mga Budhista. Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin naman ang mga paniniwala ng mga Sikhs. Basahin ang nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba. Punan ang grapikong pantulong at sagutin ang mga tanong ukol dito.

http://www.religionfacts.com/sikhism/beliefs.htm
*Ito ay isang website tungkol sa Sikhismo.*

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/sikhism/
*Ito ay isang teksto tungkol sa mga paniniwala ng relihiyong Sikhismo.*



Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa *diagram* na iyong ginawa, alin sa palagay mo ang mabuti at magandang paniniwala ng Sikhismo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Alin naman sa palagay mo ang di mabuti at di magandang paniniwala ng mga Sikhismo? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniiwala ng Sikhismo sa mga Hindu, Budhista at Muslim?

## GAWAIN 8 Mga Paniniwala Mula sa Kanlurang Asya: Islam

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga paniniwala ng mga Budhista. Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin naman ang mga paniniwala ng mga Muslim. Basahin ang nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba. Punan ang grapikong pantulong at sagutin ang mga tanong ukol dito.

http://www.religionfacts.com/islam/practices.htm
Ito ay isang artikulo tungkol sa mga ritwal at paniniwala ng Islam

http://www.islamicbulletin.org/newsletters/issue_24/beliefs.aspx
Ito ay *website* uko sa Islam.

http://www.pbs.org/wgbh/pages/frontline/teach/muslims/beliefs.html
Ito ay isang *website* uko sa Islam.

**MGA PANINIWALA NG MGA MUSLIM**

| ASPEKTO | PANINIWALA | PAANO NAIPAPAKITA |
|---|---|---|
| . Diyeta | . | . |
| . Pagdarasal | . | . |
| . Kasuotan ng mga Kababaihan | . | . |
| . Alak | . | . |
| . Pagkamagalang | . | . |
| . Pagtulong sa Kapwa | . | . |
| . Pagpapatawad | . | . |
| . Paggalang sa Magulang | . | . |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa *diagram* na iyong ginawa, alin sa palagay mo ang mabuti at magandang paniniwala ng mga Muslim? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Alin naman sa palagay mo ang di mabuti at di magandang paniniwala ng mga Muslim? Ipaliwanag ang iyong sagot.

3. Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniiwala ng relihiyong Islam sa pamumuhay ng mga Muslim?

**GAWAIN 9** Mga Paniniwala Mula sa Kanlurang Asya: Judaismo

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga paniniwala ng mga Muslim. Basahin at panoorin ang mga nilalaman ng mga URL link sa ibaba at gawin at sagutan ang mga gawain tungkol dito.

http://www.bbc.co.uk/religion/religions/judaism/history/history_1.shtml
*Ito ay tungkol sa kasaysayan ng Judaismo.*

https://www.youtube.com/watch?v=vYgGXkIXoCU
*Ito ay video tungkol sa Passover.*

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/judaism/
*Ito ay tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Judaismo.*

https://www.youtube.com/watch?v=DWyiAzwwLdA
*Ito ay tungkol sa kasaysayan ng Passover.*

Iyo nang nalaman ang tungkol sa Judaismo. I-*download* ang mga *url link* na nasa ibaba at sagutan ang mga gawain dito. I-*save* ang *file* at ipasa sa *e-mail* ng iyong guro ang mga sagot.

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/worksheets/pdf/judaism_passover_howis.pdf

**PAALALA: Sagutan lamang ang unang gawain sa URL link na ito**

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/worksheets/pdf/judaism_passover_matchact.pdf

**PAALALA: Pagtapat-tapatin lamang ang mga salita sa pamamagitan ng mga guhit.**

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Alin sa palagay mo ang mabuti at magandang paniniwala ng mga *Jewish?* Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Alin naman sa palagay mo ang di mabuti at di magandang paniniwala ng mga Jewish? Ipaliwanag ang iyong sagot.


3 Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniiwala ng relihiyong Judaismo sa pamumuhay ng mga Jewish?

## GAWAIN 10 Mga Paniniwala Mula sa Kanlurang Asya: Kristiyanismo

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga paniniwala ng mga Judaismo. Ngayon naman ay alamin natin ang tungkol sa Kristiyanismo. Basahin at panoorin ang mga nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba at gawin at sagutan ang mga gawain tungkol dito.

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/christianity/
*Ito ay tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Kristiyanismo.*

http://www.religionfacts.com/christianity/beliefs.htm
*Ito ay tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Kristiyanismo.*



Sagutin mo ang mga tanong

1. Alin sa palagay mo ang mabuti at magandang paniniwala ng mga Kristiyano? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. Alin naman sa palagay mo ang di mabuti at di magandang paniniwala ng mga Kristiyano? Ipaliwanag ang iyong sagot.

3. Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniiwala ng relihiyong Kristiyanismo sa pamumuhay ng mga Kristiyano?

## GAWAIN 11 Likumin ang mga Datos

Sa mga nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga paniniwala ng mga Asyano. Ang kanilang mga nagawa ay may malaking impluwensiya sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano at sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at ang pagkakakilanlan ng mga Asyano. Alin kaya sa mga paniniwala ng mga Asyano ang maaaring makatulong sa pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya? Punan ang tsart na naglalaman ng mga mabubuti at di-mabuting paniniwala ng mga Asyano at sagutan ang mga tanong ukol dito.

**MGA PANINIWALA NG MGA ASYANO**

| .MABUTING PANINIWALA | .DI-MABUTING PANINIWALA |
|---|---|
| .<br>.<br>.<br>. | . |
| **.Ang mga paniniwalang Asyano ay…..**<br>.<br>. | |

n mo ang mga tanong.

1. Suriin ang mga mabubuting paniniwala ng mga Asyano na iyong isinulat sa tsart. Paano mo nasabi na ito ay mga mabubuting paniniwala? Ipaliwanag ang iyong sagot.

2. 2.Suriin ang mga di-mabubuting paniniwala ng mga Asyano na iyong isinulat sa tsart. Paano mo nasabi na ito ay mga di-mabubuting paniniwala? Ipaliwanag ang iyong sagot.

3. Alin sa mga paniniwalang Asyano ang dapat pa nating panatilihin sa kasalukuyan? Bakit?

4. Alin sa mga paniniwalang Asyano ang di na dapat pa nating panatilihin sa kasalukuyan? Bakit?

5. Bakit importanteng mapahalagahan ang mga paniniwalang Asyano? Paano ito nakakaapekto sa pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at sa pagkakakilanlan ng mga Asyano?

## GAWAIN 12 Mapa ng Pagbabago

Ngayong alam mo na ang mga paniniwala ng mga Asyano, sagutan ang mahalagang tanong sa *IRF sheet* na nasa ibaba. Sagutan lamang ang "Revised" na bahagi.

| ***Papaano kaya nakaimpluwensiya sa mga Asyano ang kanilang mga paniniwala?*** | |
|---|---|
| **Initial:** | |
| Revised: | |
| Final: | |

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Sa bahaging ito ng modyul iyong natutuhan ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang Asyano at kung papaano nabuo ang mga sinaunang pamayanan. Upang iyong lubusang maunawaan kung papaano nahubog ang mga sinaunang pamayanan, ikaw ay dadako na sa susunod na aralin ukol sa kahulugan ng konsepto ng kabihasnan, mga katangian at kung papaano nabubuo ang isang kabihasnan.

## PAGPAPALALIM

Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang mga paniniwala ng mga Asyano. Sa bahaging ito ng modyul, ikaw ay inaasahang kritikal na makapagsusuri ng mga datos ukol sa impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano. Iyo ring aalamin at susuriin ang bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano.

## GAWAIN 13 Mga Impluwensiya ng Confucianismo

Sa mga nakaraang gawain ay natutuhan moa ng mga paniniwala ng Confucianismo. Alamin naman natin ngayon kung papaano ito nakaimpluwensiya sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano. Basahin ang nilalaman ng *URL link* sa ibaba at gawin at sagutan ang mga gawain sa ibaba ukol dito.

1. http://www.china-mike.com/chinese-culture/understanding-chinese-mind/confucius/
   *Ito ay artikulo tungkol sa impluwensiya ng Confucianismo sa iba't ibang aspekto ng kultura.*

| MGA ASPEKTO NG KULTURA | MGA IMPLUWENSIYA |
|---|---|
| PAMAMAHALA | |
| LIPUNAN | |
| EDUKASYON | |
| PAMILYA | |
| SINING | |
| PAG-UUGALI | |
| **IMPLUWENSIYA SA MGA ASYANO:** | |
| **IMPLUWENSIYA SA BUONG DAIGDIG:** | |

.

| GAWAIN 14 | Impluwensiya ng Hinduismo sa Sining |
|---|---|

Basahin at panoorin ang mga nilalaman ng *URL links* sa ibaba tungkol sa *Ramayana*. Alamin ang impluwensiya ng Hinduismo sa sining. Gawin at sagutan ang mga gawain sa ibaba ukol dito.

1. https://www.yumpu.com/en/document/view/11943021/readers-theater-adaptation-of-the-ramayana-scene-1-5
   Ito ay isang *script* tungkol sa epikong Ramayana.

2. https://www.youtube.com/watch?v=rAM9x_GF9VY
   Ito ay isang *cartooned video* tungkol sa epikong *Ramayana.*

**ANG *RAMAYANA***

| MGA SENARYO | BUOD NG SENARYO | PANINIWALA NG MGA HINDU NA IPINAKITA |
|---|---|---|
| **UNANG SENARYO** | | |
| **PANGALAWANG SENARYO** | | |
| **PANGATLONG SENARYO** | | |
| **PANG-APAT NA SENARYO** | | |
| | | |

| PANG-ANIM NA SENARYO | | |
|---|---|---|

Papaano nakaimpluwensiya ang Hinduismo sa sining?


## GAWAIN 15 Mga Tradisyong Hindu sa Modernong India


Basahin ang nilalaman ng *URL link* sa ibaba tungkol sa mga tradisyon ng modernong Hindu. Alamin ang mga makabagong tradisyon ng mga Hindu at suriin kung anong paniniwala ng mga Hindu ang ipinapakita dito. Punan ang grapikong pantulong na nagpapakita ng tradisyong Hindu at sa tulong ng mga larawan sa ibaba ay sagutan ang mga pamprosesong tanong ukol dito.




http://hinduismfacts.org/hindu-customs-and-traditions/
*Ito ay tungkol sa mga tradisyon ng mga Hindu sa modernong panahon.*

http://hinduism.iskcon.org/
Ito ay isang website ukol sa sa mga tradisyon ng modernong Hindu.

**MGA TRADISYONG HINDU**

| MGA LARAWAN NG TRADISYON | IPINAPAKITA SA LARAWAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
|  | | |

| MGA LARAWAN NG TRADISYON | IPINAPAKITA SA LARAWAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
|  | | |
|  | | |
|  | | |

| MGA LARAWAN NG TRADISYON | IPINAPAKITA SA LARAWAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
|  | | |
|  | | |
|  | | |
|  | | |

| MGA LARAWAN NG TRADISYON | IPINAPAKITA SA LARAWAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
|  | | |

Pinagkunan ng mga Larawan:
http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/IndiaUnit/EncounteringHinduTraditionsModernIndiaAssignment.html

Sagutin mo ang mga tnong:

1.Batay sa tekstong iyong nabasa, sa papaanong paraan hinihikayat ng mga doktor na *aryuvedic* ang mga Hindu sa pagkakaroon ng magandang kalusugan?

2.Ano ang papel na ginagampanan ng mga *brahmins* sa lipunang Hindu?

3.Ano ang Divali? Sa ano-anong paraan ito ipinagdiriwang ng mga Hindu?

4.Bakit ang mga Hindu ay *vegetarian*?

5.Sa papaanong paraan sumasamba ang mga Hindu sa kanilang templo?

6.Sa papaanong paraan ipinapakita ng mga Hindu ang kanilang banal na paglalakbay o *pilgrimage*?

7.Paano itinatrato ng Hindu sa lipunan ang hayop na baka?

8.Sino ang mga *sannyasins*? Paano sila namumuhay?

9.Ano ang pinakamahalagang bahagi o gawain ng *vivaha*?

10.Batay sa iyong mga unang naging sagot sa gawaing ito, papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Hindu sa kanilang kalagayang panlipunan, sining at kultura?

## GAWAIN 16 Mga Impluwensiya ng Judaismo sa Sining

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga impluwensiya ng mga paniniwala ng mga Hindu. Ngayon naman ay alamin natin ang impluwensiya ng Judaismo sa mga Asyano. Basahin ang nilalaman ng *URL link* sa ibaba at gawin at sagutan ang mga gawain sa ibaba ukol dito.

1. http://www.jewfaq.org/shul.htm
   Ito ay teksto na naglalarawan sa *Synagogue.*

2. http://www.greatsynagogue.org.au/traditions/synagoguesymbolism.aspx
   Ito ay teksto na naglalarawan sa *Synagogue.*

3. http://www.reonline.org.uk/specials/places-of-worship/judaism_video.htm
   Ito ay bidyo ukol mga parte ng *Synagoue.*


4. http://www.religionfacts.com/judaism/things.htm
   Ito ay isang *website* na tumatalakay sa ibat-ibang relihiyon.


**SYNAGOGUE: REPLEKSYON NG JUDAISMONG TRADISYON**



| MGA ELEMENTO | KATANGIAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
| **ARKO**  | | |
| **TEN COMMANDMENTS**  | | |

| MGA ELEMENTO | KATANGIAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
| **NER TAMID**  | | |
| **BIMAH**  | | |
| **SHOFAR**  | | |

| MGA ELEMENTO | KATANGIAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
| **MENORAH**  | | |
| **BINTANA**  | | |
| **BALKONAHE**  | | |

| MGA ELEMENTO | KATANGIAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
| **TORAH**  | | |
| **TREES OF LIFE**  | | |
| **CROWN**  | | |

| MGA ELEMENTO | KATANGIAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
| --- | --- | --- |
| **BELLS**  | | |
| **MANTLES**  | | |
| **BREASTPLATE**  | | |

| MGA ELEMENTO | KATANGIAN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN |
|---|---|---|
| **YAD**  | | |
| **PAROCHET**  | | |

Pinagkunan ng mga Larawan:
http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientEgyptNearEastUnit/ModernSynagogueJewishTraditions.html

Sagutin mo ang mga tanong:

1.Ano ang *synagogue*?

2.Ano ang arko? Bakit ang bawat *synagogue* ay mayroon nito?

3.Ano-ano ang sampung utos ng Diyos? Saan ito makikita sa loob ng *synagogue*?

4.Ano ang Ner Tamid? Bakit ito itinuturing ng mga Jewish na mahalagang simbolo?

5.Ano ang *Bimah*? Papaano ito nagagamit sa tuwing magdarasal ang mga Jewish?

6.Ano ang *Shofar*? Bakit ito itinuturing ng mga Jewish na mahalagang simbolo?

7.Ano ang *menorah*? Ano ang sinisimbolo ng mga liwanag nito.

8.Bakit ang mga *synagogue* ay mayroong 12 bintana?

9.Bakit may balkonahe ang mga *synagogue*?

10.Ano ang Torah? Ano-ano ang mga alintuntuning data sundin upang magkaroon ng kopya nito?

11. Ano ang “Mga Puno ng Buhay” o “Trees of Life”. Papaano nito napapadaling basahin at unawain ang Torah?

12. Saan nakalagay ang korona sa *synagogue*? Bakit ito itinuturing ng mga Jewish na mahalagang simbolo?

13. Kailan at papaano ginagamit ang mga *bells* sa pagdarasal ng mga Jewiish?

14. Ano ang *mantle*? Saan at papaano ito ginagamit ng mga Jewish?

15. Saan nakalagay ang *breastplate* sa *synagogue*? Bakit ito itinuturing ng mga Jewish na mahalagang simbolo?

16.Ano ang *yad*? Papaano ito ginagamit sa mga synagogue?

17.Ano *parochet?* Saan ito makikita sa *synagogue*?

18.Batay sa iyong mga naging sagot sa mga unang tanong, papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Jewish sa sining?

## GAWAIN 17 — Impluwensiya ng mga Paniniwala at Pagpapahalaga ng Judaismo sa Kristiyanismo

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga impluwensiya ng mga paniniwala ng Judaismo sa sining. Ngayon naman ay alamin mo ang impluwensiya ng mga paniniwala at pagpapahalaga ng Judaismo sa Kristiyanismo. Basahin ang nilalaman ng *URL link* sa ibaba at punan ang *cause-effect graphic organizer* at sagutan ang mga tanong ukol dito.

1. https://docs.google.com/viewer?a=v&pid=sites&srcid=ZGVmYXVsdGRvbWFpbnxwYm1zd29ybGRoaXN0b3J5fGd4OjdkYzE4NWI2YzZmNTg3ZWU
   I*to ay isang news article ukol sa epekto ng mga pagpapahalaga ng Judaismo sa Kristiyanismo.*

| SANHI: MGA PAGPAPAHALAGA NG JUDAISMO | EPEKTO SA MGA PANINIWALA, GAWI AT TRADISYON NG KRISTIYANISMO |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Ano-ano ang mga pagpapahalaga ng mga Jewish na makikita sa Kristiyanismo?

2.Sa anong aspekto ng kultura ng mga Kristiyano nakaimpluwensiya ang Judaismo?

3.Batay sa artikulong iyong nabasa, patunayan na ang Judaismo at Kristiyanismo ay nakaimpluwensiya sa kultura ng daigdig.

## GAWAIN 18 Impluwensiya ng Islam sa Sining ng Daigdig

Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman kung papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng Judaismo at Kristiyanismo sa paraan ng pamumuhay ng tao. Ngayon naman ay iyong aalamin ang impluwensiya ng mga paniniwala ng Islam sa sining. Basahin at panoorin ang nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba at gawin at sagutan ang gawain ukol dito.

1. http://www.muslimheritage.com/article/introduction-islamic-art
   *Ito ay website na tumatalakay sa mga kontribusyon ng Islam sa sining.*

2. https://www.youtube.com/watch?v=BXgrIAYzyFU
   *Ito ay video tungkol sa impluwensya ng Islam sa arkitektura ng daigdig.*

ISLAM

MGA IMPLUWENSIYA NG ISLAM SA SINING

PANINIWALANG PINAGBATAYAN

Papaano nakaimpluwensiya ang Islam sa sining?

## GAWAIN 19 Impluwensiya ng Hinduismo at Budhismo sa Sining

Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang impluwensiya ng Islam sa sining. Ngayon naman ay aalamin mo ang impluwensiya ng Hinduismo at Budhismo sa sining. Panoorin ang nilalaman ng *URL link* sa ibaba at gawin at sagutan ang gawain sa ibaba ukol dito.

https://www.youtube.com/watch?v=QbG-yhJvNxY
Ito ay tungkol sa impluwensiya ng Hinduismo at Budhismo sa Arkitektura ng Timog Silangang Asya.

HINDUISMO AT BUDHISMO

KATANGIAN NG ARKITEKTURANG HINDUISMO AT BUDHISMO

PANINIWALANG PINAGBATAYAN

Papaano nakaimpluwensiya ang Hinduismo at Budhismo sa arkitektura ng mga bansa sa Timog Silangang Asya.?
Paano naimpluwensiyahan ng Confucianismo ang pamumuhay ng mga tao?

## GAWAIN 20 Impluwensiya ng mga Paniniwalang Asyano sa Uri ng Pagkain na Kanilang Kinakain

1. http://www.healthpromotion.com.au/Documents/Falls_Seminars/FallsNutritionQueeny.pdf
   *Ito ay isang dokumentong naglalaman ng ma uri ng pagkaing kinakain ng mga Asyano sa bawat relihiyon.*

2. http://pages.uoregon.edu/dhealey/s60/yaolin.html
   *Ito ay tungkol sa kung papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Tsino sa uri ng pagkaing kanilang kinakain.*

3. http://indiancusineencylcopedia.blogspot.com/2012/04/religious-influence-on-indian-food.html
   *Ito ay tungkol sa kung papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Hindu sa uri ng pagkaing kanilanng kinakain.*

| RELIHIYON | PAGKAING KINAKAIN | PANINIWALANG PINAGBATAYAN | IMPLIKASYON |
|---|---|---|---|
| *Confucianismo* | | | |
| *Legalismo* | | | |
| *Taoismo* | | | |
| *Hinduismo* | | | |
| *Budhismo* | | | |
| *Sikhismo* | | | |
| *Islam* | | | |
| *Judaismo* | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | |
| *Kristiyanismo* | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Papaano nakaapekto sa kalusugan ng mga Asyano ang uri ng pagkaing kanilang kinakain? Magbigay ng halimbawa at ipaliwanag ito.

2.Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Asyano sa uri ng pagkaing kanilang kinakain?

## GAWAIN 21 Subukan Mo!

Subukan nating alamin ang iyong pagkaunawa ukol sa mga paniniwala ng mga Muslim at Kristiyano. Basahin ang artikulo ukol sa isang taong parehas na naniniwala sa mga aral ng Islam at Kristiyanismo sa mga sumusunod na URL link :

http://www.seattletimes.com/seattle-news/i-am-both-muslim-and-christian/
*Ito ay isang artikulo ukol sa isang taong parehas na naniniwala sa mga aral ng Islam at Kristiyanismo*

Matapos mong mabasa ang artikulo ay gawin at sagutan mo ang mga gawain ukol sa artikulong nabasa sa URL link na:

http://missfarr.cmswiki.wikispaces.net/file/view/christianandmuslimorganizer.pdf/498326656/christianandmuslimorganizer.pdf

I-download ang *file* na ito at ipasa ang iyong sagot sa *e-mail* ng iyong guro.

## GAWAIN 22 Impluwensiya ng mga Paniniwala sa Kulturang Asyano

Sa mga nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga impuwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano. Ngayon ay iyong likumin ang lahat ng kaalaman na iyong naunawaan mula sa mga nakaraang gawain. Sa gawaing ito ay iyong susuriin ang papel na ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kultura, kasaysayan at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Basahin ang nilalaman ng mga *URL link* sa ibaba at punan ang grapikong pantulong ukol dito.

1. http://www.bizymoms.com/vacationsandtravel/asia-pacific/influence-of-religion.html
   *Ito ay teksto tungkol sa impluwensiya ng mga paniniwalang Asyano sa iba't ibang larangan ng kultura*.

2. http://www.niu.edu/cseas/outreach/pdfs/islam_sea_russell.pdf
   *Ito ay tungkol sa impluwensiya ng Islam sa Southeast Asia.*

| MGA RELIHIYON AT PANINIWALA | POPULASYON | LIPUNAN | SINING | PAMAHALAAN |
|---|---|---|---|---|
| Confucianismo | | | | |
| Taoismo | | | | |
| Legalismo | | | | |
| Hinduismo | | | | |

| MGA RELIHIYON AT PANINIWALA | POPULASYON | LIPUNAN | SINING | PAMAHALAAN |
|---|---|---|---|---|
| Budismo | | | | |
| Sikismo | | | | |
| Islam | | | | |
| Judaismo | | | | |
| Kristiyanismo | | | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1.Sa kabuuan, ano ang masasabi mo sa paniniwala ng mga Asyano?

2.Ilarawan mo ang pagkakakilanlan ng mga Asyano batay sa mga paniniwala nito.

3.Papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Asyano sa paghubog at pag-unlad ng kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya at sa pagkakakilanlan ng mga Asyano?

4.Gaano kahalaga ang mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano?

## GAWAIN 23 Likumin ang mga Datos

Ngayong alam mo na kung papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala sa pamumuhay ng mga Asyano, alin sa mga paniniwalang ito ang dapat pa nating panatilihin at hindi na dapat pa nating panatilihin? Ipaliwanag ang iyong mga sagot.

| MGA PANINIWALANG DAPAT PANG PANATILIHIN | MGA PANINIWALANG DI NA DAPAT PANG PANATILIHIN |
|---|---|
| | |
| **ANG IYONG KONGKLUSYON: Bakit dapat itong panatilihin?** | **ANG IYONG KONGKLUSYON: Bakit di na dapat itong panatilihin?** |
| | |

## GAWAIN 24 Ang Iyong Hatol

Kung ikaw ay mabibigyan ng pagkakataong husgahan ang mga paniniwala ng mga Asyano, ano ang magiging hatol mo? Pindutin ang *button* na tumutukoy sa iyong hatol at ipaliwanag ito.

③ Lubos na Karapat-dapat

② Karapat-dapat

① Hindi Karapat-dapat

| MGA PANINIWALA | ANG IYONG HATOL | ANG IYONG PALIWANAG |
|---|---|---|
| Pagsamba sa iisang Diyos. | ① ② ③ | |
| Pagsamba sa maraming Diyos. | ① ② ③ | |
| Pagmamalasakit sa Kapwa | ① ② ③ | |
| Paniniwala sa Reincarnation. | ① ② ③ | |
| Paniniwala sa Karma | ① ② ③ | |
| Hindi pagkain ng karne | ① ② ③ | |

## GAWAIN 25 Pananaw sa Kasaysayan at Katayuan sa Daigdig

Sa mga nakaraang gawain ay iyo nang nalaman ang bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano. Sa gawaing ito, sumulat ka ng isang sanaysay ayon sa tanong na ito:

***"Sa paanong paraan sinasagot o ipinapamalas ng mga paniniwala ang mga pananaw ng tao sa kanyang buhay, kultura at kasaysayan?"***

Gawin ito sa isang *blogging site* na www.blogspot.com. Kung wala ka pang sariling *account* dito, ikaw ay *magsign- up* upang makagawa ka ng sanaysay sa *blog* na ito. Idikit ang URL link nito sa kahon na nasa ibaba.

## GAWAIN 25 Alam Ko Na!

Punan ang hinihiling ng bawat kahon ukol sa impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano.

3 bagay na aking natutuhan:

2 bagay na aking napagtanto:

1 bagay na nais kong baguhin:

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito ng modyul ay iyong nalaman na ang mga impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano. Ikaw rin ay nakapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano.

Ano-anong bagong kaalaman ang iyong nakuha na maaari mong magamit sa pang-araw-araw na pamumuhay at ano ang nakatulong sa'yo upang matamo ang mga ito?

Ngayong may malalim kang pag-unawa sa paksa, handa ka nang gawin ang proyektong nakalaan sa modyul na ito.

## PAGLILIPAT

Ito na nga ang huling bahagi ng aralin na talaga namang inilaan para higit pang mapayaman ang iyong kaalaman at mapagtibay ang anumang bagay na iyong natutuhan. Ang iyong mga natutuhan ay magagamit mo sa pang-araw-araw na pamumuhay. Layunin ng bahaging ito na sukatin ang iyong natutuhan sa pamamgitan ng paglilipat ng kaalaman sa pagsasakatuparan ng proyekto.

**Level 3**

**GAWAIN 27** **Multimedia Presentation**



**TASK** Magkakaroon ng *World Convention* na dadaluhan ng mga kinatawan ng iba't ibang bansa sa daigdig. Layunin ng nasabing *convention* na maisulong ang kapayapaan, pagkakaisa at pagtutulungan sa pagpapaunlad ng ekonomiya. Ikaw ay isa sa mga kinatawan ng isa sa mga bansa sa Asya at naatasang magbahagi ng kaalaman tungkol sa pagkakakilanlan ng mga Asyano sa larangan ng pamahalaan, lipunan, edukasyon, paniniwala, pagpapahalaga, sining at kultura sa pamamagitan ng *multimedia presentation*. Gawin ang iyong *multimedia presentation* sa www.pretzi.com. I-*save* ang *file* at ipasa sa *e-mail* ng iyong guro.

**RUBRIK SA PAGBUO NG MULTIMEDIA PRESENTATION**

| PAMANTAYAN | KAPUGAY-PUGAY 4 | MAGALING 3 | UMUUNLAD 2 | NAGSISIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | Kapansin-pansin na hindi lang kumpleto, mayroon ding karagdagang impormasyon at paksa ang natatalakay at kinakikitaan ito ng mahusay na pananaliksik. | Kumpleto ang impormasyon at maraming paksa ang natatalakay at kinakikitaan ito ng sapat na pananaliksik. | May iilang impormasyon at paksa ang natatalakay at nabigyan ng diin ngunit may ilang maling detalye at nagpapakita ito ng ebidensya ng pananana-liksik. | Kaunti lang ang impormasyon at limitado ang paksa na natatalakay at mapapansin na nagkulang sa pananaliksik. |
| **PROSESO NG PAGTALAKAY O PAGLALAHAD** | Napakamalik-hain ng plano at mahusay ang daloy ng pag-uulat ng resource speaker, organisado at naintindihan ng nakikinig. | Angkop ang plano at maayos ang daloy ng pag-uulat ng resource speaker at interesante para sa mga nakikinig. | May kaunting pagplano ngunit hindi gaanong maayos ang daloy ng pag-uulat ng resource speaker at may ilang bahagi na dapat bigyan linaw at ayusin upang maintindihan ng nakikinig. | May kakulangan sa pagplano at hindi maayos ang daloy ng pag-uulat ng resource speaker at maraming bahagi ang hindi naintindihan ng nakikinig. |
| **PAGKAMALIK-HAIN/DISENYO** | Katangi-tangi at mahusay ang *output* dahil sa ipinamalas na mataas na kalidad at inobasyon. | Ang *output* ay nakapagpakita ng katamtamang kalidad at inobasyon | Ang *output* ay nakapagpakita ng kaunting kalidad at inobasyon. | Ang *output* ay walang sapat na kalidad at inobasyon |
| **KAKUMPLETUHAN NG MATERYALES PANANALIKSIK (RESOURCE MATERIALS) NA GINAMIT SA PRESENTASYON** | Kumpletong naipakitang mga larawan, poster, statistics, news footage at iba pang kagamitan na ginamit sa paksang tinalakay at | Kumpletong naipakitang mga larawan, poster, statistics, news footage at iba pang kagamitan na ginamit sa paksang tinalakay. | May ilang kulang sa mga naipakitang larawan, poster,statistics, news footage at iba pang kagamitan na ginamit sa paksang tinalakay | Maraming kulang sa mga naipakitang larawan, poster,statistics, news footage at iba pang kagamitan na ginamit sa paksang tinalakay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | naglakip pa ng karagdagang impormasyon. | | | |


**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Ngayong alam mo na malaki ang papel na ginampanan ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura at kasaysayan ng mga Asyano at sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano, paano mo mapapahalagahan ang kulturang tinataglay ng iyong bansa at ang mga nagawa ng iyong mga ninuno sa ikauunlad ng kasalukuyang kabihasnan na iyong kinabibilangan? Gawin ang susunod na gawain upang masagot ang katanungang ito.

## GAWAIN 28 Pagpapahalaga


Hindi sapat na nalaman mo na ang papel na ginampanan ng mga paninwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano at sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Ang mahalaga ay magamit mo ito sa iyong buhay upang makatulong ka sa bayan.

Gumawa ng iyong sariling pilosopiya, bisyon at misyon na siyang iyong magiging batayan upang mapaunlad ang iyong sarili.



## GAWAIN 29 Mga Gintong Aral

Sa modyul na ito ay iyong natutuhan ang mahalagang bahagi na ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano at sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Ano-ano ang iyong natutuhan sa mga paksang tinalakay sa modyul na ito? Paano mo ito maisasabuhay?



## GAWAIN 30 Mapa ng Pagbabago

Ngayong alam mo na ang impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano, sagutan ang mahalagang tanong sa *IRF sheet* na nasa ibaba. Sagutan lamang ang "Final" na bahagi.

| ***Papaano kaya nakaimpluwensiya sa mga Asyano ang kanilang mga paniniwala?*** | |
|---|---|
| Initial: | |
| Revised: | |
| **Final:** | |

Batay sa iyong mga sagot sa Mapa ng Pagbabago, pagkumparahin mo ang iyong mga sagot sa Initial, Revised at Final. Anong reyalisasyon ang iyong natanto sa iyong mga naging sagot?

**Katapusang Bahagi ng Modyul**

Tunay na mahalaga ang papel na na ginampanan ng mga pananaw, paniniwala, at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. Lahat tayo ay may kanya-kanyang tungkulin na dapat gampanan para sa ating bansa. Nakasalalay sa ating lahat ang pagsulong at pag-unlad ng ating bansa. Kayat bilang isang kabataang Pilipino, nawa'y maisabuhay mo ang mga aral na natutuhan mo sa modyul na ito.

**Pagtataya ng Sariling Kaalaman Mula sa Modyul**

Pagtataya ng buong katapatan na sagutin mo ang rubrik ng ebalwasyon upang masukat ang iyong pagkatuto sa kabuuan ng modyul na ito. I-klik lamang ang bilang na tumutukoy sa antas ng iyong natutuhan sa modyul na ito at ipaliwanag ang iyong sagot.

Kung handa ka na, narito ang iskala ng mga bilang na magtataya ng iyong natutuhan sa kabuuan ng modyul na ito.
I-klik lang ang simula.

1- **Walang alam**
2- **Nalilito**
3- **Mahusay**
4- **Napakahusay**

| | |
|---|---|
| **Pagpapaliwanag:**<br>Nauunawaan na ang kahulugan ng konsepto ng tradisyon, pilosopiya at relihiyon. | ① ② ③ ④<br>**Paliwanag** |
| **Interpretasyon:**<br>Nasusuri ang mga paniniwala ng mga Asyano. | ① ② ③ ④<br>**Paliwanag** |

| | |
|---|---|
| **Paglalapat:**<br>Nakapagbibigay ng paraan kung papaano makatutulong sa pagpapaunlad ng sariling kultura. | ① ② ③ ④<br><br>**Paliwanag** |
| **Perspektibo:**<br>Nakabubuo ng sariling papananaw ukol sa impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan, sining at kultura ng mga Asyano. | ① ② ③ ④<br><br>**Paliwanag** |
| **Empatiya:**<br>Nailalagay ang sarili sa katauhan ng mga sinaunang Asyano at upang makapagpamalas ng kritikal na pagsusuri sa kung papaano malulutas ang mga suliranin sa lipunan at kung papaano mapapapahalagahan ang mga naiambag ng mga ito sa paghubog at pag-unlad ng mga kasalukuyang kabihasnan sa Asya at pagkakakilanlan ng mga Asyano. | ① ② ③ ④<br><br>**Paliwanag** |
| **Pagkilala sa Sarili:**<br>Nakabubuo ng isang kaisipan ukol sa bahaging ginampanan ng mga pananaw, paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano. | ① ② ③ ④<br><br>**Paliwanag** |

## PANGHULING PAGTATAYA

Ito na ang pagkakataon upang mataya ang iyong natutuhan. I-klik lamang ang titik nang napili mong sagot. Makikita mo ang iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong nakuhang iskor, maaari ka nang pumunta sa susunod na modyul. Kung ang nakuha mong iskor ay wala sa inaasahang lebel o iskor, kailangan mong balikang muli ang modyul.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahin at unawaing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sino sa mga dakilang pilosopong Tsino ang nagbigay-diin sa pagmamahal at paggalang sa mga magulang?
   a. Buddha
   b. Confucius
   c. Lao Tzu
   d. Mohammed

2. Naniniwala ang mga Budhista na ang lahat ng tao ay nakararanas ng paghihirap. Ano ang sanhi ng paghihirap ng tao?
   a. Nais ng tao na maghirap kaysa magkaroon ng mariwasang buhay.
   b. Walang kasiyahan na mararanasan ang tao sa mundo.
   c. Ang kaaway ng tao ang nagpapahirap sa kanila.
   d. Ang matinding paghahangad sa mga bagay na hindi kayang makamit.

3. Alin sa mga paniniwala sa ibaba ang nagpapakita ng pagkakaiba ng Judaismo sa ibang relihiyon?
   a. Pagsamba sa iisang diyos lamang.
   b. Huwag mong gawin sa kapwa mo ang ayaw mong gawin sa iyo.
   c. Paggalang at pagmamahal sa mga magulang at nakakatanda.
   d. Pagkakaroon ng mahusay na ugnayan ng mga magulang at anak.

4. Ang mga Asyano ay naniniwala na sila ay mabubuhay muli pagkaraan nitong mamatay. Sino sa mga Asyano ang may ganitong paniniwala?
   a. Hindu
   b. Muslim
   c. Kristiyano
   d. Budhista

5. Isa sa apat na katotohanan ayon kay Buddha ay " Ang buhay ay punung puno ng paghihirap at pagpapakasakit". Ano ang nais ipahiwatig ng paniniwalang ito?
   a. Ang kahirapan at kalungkutan sa buhay ay hindi matatakasan ng tao.
   b. Makararanas pa rin ng paghihirap ang tao kahit siya ay magsumikap.
   c. Ang paghihirap ng tao ay panghabang buhay.
   d. Ang paghihirap at pagpapakasakit ay bahagi ng buhay ng tao.

6. Ang kultura ay maituturing na salamin ng lipunan. Ang makabagong kultura ng mga Asyano ay batay sa mga tradisyunal na kultura nito. Ang makabagong lipunan ng mga Asyano ay nakabatay sa makabagong kultura nito. Ano ang nais ipahiwatig ng pahayag na ito?
   a. Ang kultura ng bansa ay dapat na pahalagahan.
   b. Nararapat na isabuhay at ibahagi ang mga magagandang tradisyon ng isang bansa.
   c. Nararapat na pahalagahan at pagyamanin ang mga tradisyunal na kultura at ituring na mahalagang haligi ng bansa.
   d. Nararapat na ibagay ang kultura at tradisyon ng mga tao sa mga kaganapang panlipunan.

7. Paano nakaapekto ang mga ritwal at nakaugaliang selebrasyon ng mga pamilyang Asyano?
   a. Pinatibay nito ang konsepto ng *solidarity*.
   b. Nagsimula ang nakagawiang *arranged marriage*.
   c. Napag-igting ang pamilyang nukleyar.
   d. Nagkaroon ng mababang pagtingin sa mga kababaihan.

8. Magkakaroon ng World Summit sa taong 2015 na dadaluhan ng lahat ng kinatawan ng mga bansa sa daigdig. Layunin ng summit na ito na maisulong ang pagkakaisa at kapayapaan ng lahat ng bansa sa daigdig sa kabila ng pagkakaiba ng kanilang kultura. Upang magkaroon ng pagkaunawa at kaalaman ang lahat ng bansa sa daigdig ukol sa mga paniniwala at kultura ng mga Asyano, Ikaw ang naatasan na mamuno sa paglikha ng presentasyon ukol sa relihiyon at paniniwala ng mga Asyano. Ano-ano ang mga dapat na nilalaman ng iyong presentasyon?
   a. Kasaysayan ng relihiyon, sino nagtatag, saan natatag, mga paniniwala at tradisyon
   b. Kasaysayan ng relihiyon, mahahalagang aral at mga paniniwala nito
   c. Kasaysayan ng relihiyon, sino ang nagtatag, impluwensiya nito sa bansa at mga tradisyon
   d. Kasaysayan ng relihiyon, mga mahahalagang aral, impluwensiya sa bansa, mga painiwala at tradisyon at kalagayan nito sa kasalukuyang panahon

9. Iba ang mga katangiang pisikal at heograpiya ng mga bansa sa Asya. Dahil dito, ang mga Asyano ay magkakaiba ng kultura. Kung ikaw ang kasalukuyang *secretary* ng *United Nations*, anong proyekto ang maaari mong gawin upang magkaroon ng ugnayan ang iba't ibang pangkat ng mga Asyano?
    a. Mamahagi ng mga aklat na naglalarawan ng kultura ng lahat ng pangkat ng mga Asyano upang maunawaan aang kultura ng lahat ng pangkat ng bawat isa.
    b. Magsasagawa ng mga proyektong magpapatayo ng tulay upang mapagdugtong-dugtong ang mga bansa sa Asya.
    c. Magpanukala ng batas na nag-uutos na dapat magkaisa ang mga Asyano upang ang lahat ay obligadong gawin ito.
    d. Magsagawa ng mga proyektong pangkultural na maaaring lahukan ng iba't ibang pangkat ng mga Asyano upang magkaroon ng pagkakataon na makipag-interaksyon sa bawat isa.

10. Ikaw ay isang opisyal ng *United Nations* at naatasang maging pangunahing tagapagsalita sa isang kumbensyon ng mga bansa sa daigdig tungkol sa pagpapahalaga sa kanilang kultura. Alin sa mga sumusunod ang iyong gagawin para paghandaan ang talumpating ito?
    a. Maghahanda ng mga nakakaaliw na halimbawa upang hindi mawala ang interes ng mga makikinig.
    b. Gagawa ng makulay na *multimedia presentation* para makuha ang atensyon ng mga makikinig.
    c. Gagamit ng mga makabagong teknolohiya sa presentasyon upang mapahanga ang mga nakikinig.
    d. Maglalahad ng isang makatotohanang kuwento na makapagbibigay ng inspirasyon sa mga kinatawan ng bansa na mapahalagahan ang kanilang papel sa pagpapanatili, pagsulong at pag-unlad ng kultura ng kanilang bansa.

11. Bilang isang pinakamataas na pinuno ng Departamento ng Edukasyon na nagsusulong ng mga paniniwala at kultura ng mga Pilipino, inaasahang ikaw ay haharap sa mga mamamayan sa iyong barangay upang maipaunawa sa kanila ang kahalagahan ng pagpapanatili at pagpapaunlad ng sariling kultura. Ikaw ay pinaghanda ng iyong kapitan ng isang madamdamin at impormatibong talumpati. Alin sa mga sumusunod na pamantayan ang kailangan mong maabot upang makamit ang layunin ng iyong talumpati?
    a. Paggamit ng mga detalyado at edukadong salita na nagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagpapaunlad ng iyong barangay.
    b. Paggamit ng mga nakakaaliw na salita upang makuha ang atensyon ng mga nakikinig.
    c. Paggamit ng mga malalim na salita upang maipakita ang iyong kagalingan sa pagtatalumpati.

d. Paggamit ng pili at simpleng salita na nababatid ng mga mamamayan at nagpapaliwanag ng kahalagahan ng pagpapaunlad ng iyong barangay.

12. Ang Confucianismo at Legalismo ay mga pilosopiyang kapwa nagmula sa bansang Tsino. Ang mga ito ay may magkaibang paniniwala ngunit mayroong iisang layunin lamang para sa Tsina. Suriin ang paniniwala ng dalawang pilosopiya nito sa ibaba at piliin ang titik ng tamang sagot na nagpapakita ng kanilang layunin.

| | |
|---|---|
| Confucianismo | Mabuting relasyon sa pagitan ng mga kasapi ng pamilya, mamamayan at pamahalaan. |
| Legalismo | Pangangailangan ng makapangyarihang pamahalaan para sa katiwasayan sa Tsina. |

a. Pag-iisa ng mga estado at panunumbalik ng mga kaayusan sa Tsina
b. Pagkakaroon ng pagkakapantay-pantay sa Tsina
c. Pagkakaroon ng kapayapaan sa Tsina
d. Pagpapaunlad ng ekonomiya ng Tsina

13. Ikaw ay isang manunulat sa isang pahayagan. Nalaman mo na isa sa mga hadlang sa kaunlaran ng ating bansa ay ang kawalan ng kalaman ng mga mamamayan sa mga paniniwala at kultura ng mga Pilipino. Inatasan kang gumawa ng artikulo na magbibigay mungkahi upang ito ay masolusyunan. Alin sa mga sumusunod ang dapat gawin upang malutas ang suliraning ito?
a. Ipahayag na tanging pamahalaang lokal lamang ang tanging sektor na makakatugon sa suliranin.
b. Ipahayag na ang pamahalaang lokal ay kailangang maglunsad ng polisiya upang matugunan ang suliranin.
c. Ipahayag na ang pamahalaang nasyonal at mga mamamayan ay nararapat na magtulungan upang masolusyunan ang suliranin.
d. Ipahayag na solusyon sa suliranin ay matutugunan ng programa ng isang organisasyon sa bansa.

14. Sa paanong paraan mo ipepresenta ang kultura, tradisyon at kagandahan ng Asya sa isang pagpupulong kung ikaw ay naatasan na kinatawan sa kabila ng iba't ibang balita na nagbibigay ng masamang impresyon sa Asya?
a. *Powerpoint presentation* ng mga magaganda at itatanging kultura ng Asya
b. Paghahanda at pagbasa ng *progress report* tungkol dito.
c. *Video presentation* ng mga ipinagmamalakinng kultura, tradisyon at mga taong nagpapahalaga dito.
d. Pgbibigay ng *pamphlet* ng mga larawan ng katangi-tanging tanawin at kultura ng Asya.

15. Ilan sa mga pangunahing epekto ng mga paniniwalang Asyano ay nagiging batayan ito ng mga pinuno ng pamahalaan sa kanilang mga batas at polisiyang pinapairal sa nasasakupan. Paano naipalaganap ng mga pinuno ang Budhismo sa kanilang nasasakupan?
    a. Ipinalaganap niya ang Budihsmo sa lahat ng nasasakupan.
    b. Ipinasalin sa kanilang wika ang banal na kasulatan ng Budhismo.
    c. Pinabinyagan ang mga mamamayan sa relihiyong Budhismo.
    d. Ipinasalin sa wikang Budhismo ang lahat ng aklat sa bansa.

16. Ang mga paniniwala at tradisyon ng mga Asyano ay nakakaapekto din sa katayuan ng mga tao sa lipunan. Paano nagkaroon ng pananaw na mababang kalagayan ng mga kababaihan sa lipunang Asyano?
    a. Ito ay dahil sa mga aral ni Confucius at naglalagay sa mababang kalagayan ng mga kababaihan sa pamilya.
    b. Ito ay bunga ng mahinang personalidad ng mga kababaihan.
    c. Ito ay dahil sa mahinang puwersa ng mga kababaihan sa lipunan.
    d. Ito ay dahil sa mga sulatin ng mga Tsino tungkol sa tamang gawi at kaugaliang dapat sundin ng mga kababaihang Tsino.

17. Ang Taoismo ay paniniwala na nagmula sa Tsina. Ano ang pangunahing paniniwala ng Taoismo?
    a. Nararapat na ang tao ay sumabay sa agos ng kalikasan at damhin ang diwa nito.
    b. Ang kayamanan at kaalaman ay dapat pagsumikapang makamit ng tao sa lahat ng pagkakataon.
    c. Ang mga ninanais sa buhay ng tao ay dapat pagpaguran.
    d. Maraming malalaman ang taong pinag-aralang mabuti ang kaganapan sa kalikasan.

18. Ang relihiyon ay bahagi ng lipunan mula po noong sinaunang panahon. Paano ito naipapakita ng mga tao sa lipunan?
    a. Pagkilala ng tao sa kanyang pinagmulang lahi.
    b. Pagkilala ng tao sa isang kapangyarihang nakapaghahari sa lahat ng bagay at ang kanyang mga batas at utos ay sinusunod.
    c. Pagsunod sa mga dapat sundin ng tao sa lipunan.
    d. Pagtulong ng tao sa mga taong nangangailangan.

19. Ang pagyakap ng mga Asyano sa relihiyon ay nakapagpabago sa kanilang pananaw sa buhay. Dahil dito, paano nakatulong ang relihiyon sa mga Asyano?
    a. Nagpapatibay sa pananampalataya sa Dakilang Panginoon.
    b. Nagpaunlad sa iba't ibang pananaw at saloobin ng mga tao.
    c. Napanatili ang kaayusan sa lipunan.
    d. Nakapagpabago sa pag-uugali ng tao.

20. Maraming samahang panrehiyon at pandaigdig ang binuo dahil sa iba't ibang kadahilanan. Anong pagpapahalaga ang ipinakikita ng pagsapi ng mga Asyano sa isang relihiyon?

    1. Pagkakaisa, pagkakapatiran at pagtatamo ng kaunlaran
    2. Pagkakaroon ng kapayapaan at kaayusan
    3. Paglinang ng kabayanihan at katapangan
    4. Pagpapaligsahan at pagtatagisan ng talino.
        a. 1 at 2
        b. 1 at 3
        c. 2 at 3
        d. 2 at 4

## GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL

**Konsepto** – ideya o kaisipan.

**Kultura** – ang kabuuang huwaran ng kaalaman, paniniwala, gawi at katangiang materyal ng isang pangkat.

**Pilosopiya** - Ang salitang pilosopiya ay kuha sa mga ugat na salitang Griyego na nangangahulugang "pag-ibig sa karunungan." Ayon sa paggamit dito, ang pilosopiya ay hindi nakasalig sa paniniwala sa Diyos, kundi sinisikap nito na ibigay sa mga tao ang isang nagkakaisang pangmalas sa sansinukob at gawin silang palaisip at mapanuri. Ang pangunahing ginagamit nito sa paghanap ng katotohanan ay ang kuru-kuro at hindi obserbasyon.

**Tradisyon** – Maunlad at makabagong pamamaraan.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL

Badilla, et. al. (2006) ***Social Studies in Perspective: History of the World***. Manila; Diwa Publishing

Barrientos, G. (2005) ***World History***. Manila; St. Bernadette Publishing House

Flores, et. al. (2006). ***Social Studies in Perspective***. Manila: Diwa Publishing House

Imperial, et. al. (2007). ***Turning Points II***, Rex Publishing House

Leutano, F. (2002). ***World History***. Manila; St. Agustine Publications

Leuterio, F. (2004). ***Asian History and Civilization***. Manila: Vibal Publishing House
Mateo, et. al. (2005). ***History and Culture***. Manila: Ibon Publishing

Tabing, et. al. (2004). ***Asian History and Civilization***. Manila: St. Bernadette Publishing House

Villoria, et. al. (1998) ***The World History and Civilization***. Manila; Vibal Publishing House

https://www.youtube.com/watch?v=OT4uvY5K17k
*Ito ay video tungkol sa Cofucianismo at ang epekto nito sa China.*

http://crossenhistory.weebly.com/chapter-2-classical-china.html
*Ito ay teksto ukol sa mga pilosopiya at paniiwala ng mga Tsino.*

https://www.youtube.com/watch?v=Hmcjd04J2ag
*Ito ay video tungkol sa kasayasayan at paniniwala ng Daoism.*

https://www.youtube.com/watch?v=z9qgkJHybE8
*Ito ay bidyo ukol sa mga aral at paniniwala ng Legalismo.*

http://www.aboutleaders.com/leaders-honor-thy-people/
*Ito ay isang komentaryo ukol sa pagiging lider.*

http://sportsbetter.hubpages.com/hub/Confucius-Famous-Quotes
*Ito ay isang artikulo ukol sa mga ral mula kay Confucius.*

http://www.bbc.co.uk/religion/religions/hinduism/
Ito ay isang *website* tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Hinduismo.

http://www.religionfacts.com/hinduism/beliefs/karma.htm
Ito ay artikulo ukol sa karma.

http://buddhismbeliefs.org/buddhism-practices
*Ito ay artikulo tungkol sa mga paniniwala ng Budhismo.*

https://www.youtube.com/watch?v=VvrYWD8Kr-E
*Ito ay video tungkol sa paniniwala at tradisyon ng Budhismo.*

http://www.religionfacts.com/buddhism/beliefs.htm
*Ito ay isang website ukol sa Budhismo.*

http://www.religionfacts.com/sikhism/beliefs.htm
*Ito ay isang website tungkol sa Sikhismo.*

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/sikhism/
*Ito ay isang teksto tungkol sa mga paniniwala ng relihiyong Sikhismo.*

http://www.religionfacts.com/islam/practices.htm
Ito ay isang artikulo tungkol sa mga ritwal at paniniwala ng Islam

http://www.islamicbulletin.org/newsletters/issue_24/beliefs.aspx
Ito ay *website* uko sa Islam.

http://www.pbs.org/wgbh/pages/frontline/teach/muslims/beliefs.html
Ito ay isang *website* uko sa Islam.

http://www.bbc.co.uk/religion/religions/judaism/history/history_1.shtml
*Ito ay tungkol sa kasaysayan ng Judaismo.*

https://www.youtube.com/watch?v=vYgGXklXoCU
*Ito ay video tungkol sa Passover.*

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/judaism/
*Ito ay tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Judaismo.*

https://www.youtube.com/watch?v=DWyiAzwwLdA
*Ito ay tungkol sa kasaysayan ng Passover.*

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/worksheets/pdf/judaism_passover_howis.pdf
Ito ay worksheet ukol sa *Passover.*

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/worksheets/pdf/judaism_passover_matchact.pdf
Ito ay worksheet ukol sa *Passover.*

http://www.bbc.co.uk/schools/religion/christianity/
*Ito ay tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Kristiyanismo.*

http://www.religionfacts.com/christianity/beliefs.htm
*Ito ay tungkol sa mga paniniwala at tradisyon ng Kristiyanismo.*

http://www.china-mike.com/chinese-culture/understanding-chinese-mind/confucius/
*Ito ay artikulo tungkol sa impluwensiya ng Confucianismo sa iba't ibang aspekto ng kultura.*
https://www.yumpu.com/en/document/view/11943021/readers-theater-adaptation-of-the-ramayana-scene-1-5
Ito ay isang *script* tungkol sa epikong Ramayana.

https://www.youtube.com/watch?v=rAM9x_GF9VY
Ito ay isang *cartooned video* tungkol sa epikong *Ramayana.*

http://hinduismfacts.org/hindu-customs-and-traditions/
*Ito ay tungkol sa mga tradisyon ng mga Hindu sa modernong panahon.*

http://hinduism.iskcon.org/
*Ito ay isang website ukol sa sa mga tradisyon ng modernong Hindu.*

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/IndiaUnit/EncounteringHinduTraditionsModernIndiaAssignment.html

Ito ay website ukol sa tradisyo at paniniwal ang mga Hindu.
http://www.jewfaq.org/shul.htm
Ito ay teksto na naglalarawan sa *Synagogue.*

http://www.greatsynagogue.org.au/traditions/synagoguesymbolism.aspxIto ay teksto na naglalarawan sa *Synagogue.*

http://www.reonline.org.uk/specials/places-of-worship/judaism_video.htm
Ito ay bidyo ukol mga parte ng *Synagoue.*

http://www.religionfacts.com/judaism/things.htm
Ito ay isang *website* na tumatalakay sa ibat-ibang relihiyon.

http://www.mitchellteachers.org/WorldHistory/AncientEgyptNearEastUnit/ModernSynagogueJewishTraditions.html
Ito ay mga larawan ng synagogue.
https://docs.google.com/viewer?a=v&pid=sites&srcid=ZGVmYXVsdGRvbWFpbnxwYm1zd29ybGRoaXN0b3J5fGd4OjdkYzE4NWI2YzZmNTg3ZWU
*Ito ay isang news article ukol sa epekto ng mga pagpapahalaga ng Judaismo sa Kristiyanismo.*

http://www.muslimheritage.com/article/introduction-islamic-art
*Ito ay website na tumatalakay sa mga kontribusyon ng Islam sa sining.*

https://www.youtube.com/watch?v=BXgrIAYzyFU
*Ito ay video tungkol sa impluwensya ng Islam sa arkitektura ng daigdig.*

https://www.youtube.com/watch?v=QbG-yhJvNxY
Ito ay tungkol sa impluwensiya ng Hinduismo at Budhismo sa Arkitektura ng Timog Silangang Asya.
http://www.healthpromotion.com.au/Documents/Falls_Seminars/FallsNutritionQueeny.pdf
*Ito ay isang dokumentong naglalaman ng ma uri ng pagkaing kinakain ng mga Asyano sa bawat relihiyon.*

http://pages.uoregon.edu/dhealey/s60/yaolin.html
*Ito ay tungkol sa kung papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Tsino sa uri ng pagkaing kanilang kinakain.*

http://indiancusineencylcopedia.blogspot.com/2012/04/religious-influence-on-indian-food.html

*Ito ay tungkol sa kung papaano nakaimpluwensiya ang mga paniniwala ng mga Hindu sa uri ng pagkaing kanilanng kinakain.*

http://www.seattletimes.com/seattle-news/i-am-both-muslim-and-christian/
*Ito ay isang artikulo ukol sa isang taong parehas na naniniwala sa mga aral ng Islam at Kristiyanismo*

http://missfarr.cmswiki.wikispaces.net/file/view/christianandmuslimorganizer.pdf/498326656/christianandmuslimorganizer.pdf
Ito ay isang worksheet ukol sa epekto ng Islam sa Kristiyanismo.
http://www.bizymoms.com/vacationsandtravel/asia-pacific/influence-of-religion.html
*Ito ay teksto tungkol sa impluwensiya ng mga paniniwalang Asyano sa iba't ibang larangan ng kultura*.

http://www.niu.edu/cseas/outreach/pdfs/islam_sea_russell.pdf
*Ito ay tungkol sa impluwensiya ng Islam sa Southeast Asia.*

# Aralin 5: ANG MGA KABABAIHAN SA ASYA

## ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Ang kabihasnan ay nakatutulong sa pagkakakilanlan ng isang nasyon. ***Paano nga ba nabuo at nahubog ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya?*** Naniniwala ka ba na ang mga pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano ay may kinalaman sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy ng kabihasnan sa Asya.

Sa modyul na ito ikaw ay inaasahan na kritikal na makapagsusuri sa mga pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano na nagbibigay daan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan at sa pagbuo ng pagkakilanlang Asyano. Gayundin, mapapahalagahan mo ito sa kasalukuyang panahon.

## ☑ SAKLAW NG MODYUL


Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| **Aralin Blg.** | **Pamagat** | **Matutuhan mo ang…** | **Bilang ng Oras** |
|---|---|---|---|
| Aralin1 | **98.** Konsepto at Kahulugan ng Kabihasnan | • Matukoy ang pinagmulan ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya.<br>• Masuri kung paano nagsimula ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya.<br>• Maipahayag ang pagpapahalaga sa bahaging ginagampanan ng tao sa pag-usbong at pag-unlad ng kabihasnan.<br>• Mailarawan ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang kabihasnan.<br>• Maipaliwanag ang kalagayan ,pamumuhay at pag-unlad ng mga sinaunang pamayanan.<br>• Makabuo ng konklusyon sa kalagayan hinggil sa pamumuhay at pag-unlad ng mga sinaunang pamayanan.<br>• Maisa-isa at naipaliliwanag ang mga salik sa pagbuo ng kabihasnan.<br>• Maiugnay ang mga salik ng kabihasnan sa pagbuo ng kasalukuyang sibilisasyon. | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Aralin 2 | Mga Sinaunang kabihasnan sa Asya | • Makabasa at makapagsuri ng mga mapa ng mga sinaunang sibilisasyon.<br>• Mapaghambing ang paraan ng pamumuhay ng mga sinaunang kabihasnan sa Asya.<br>• Mabigyang halaga ang mga kontribusyon ng mga sinaunang kabihasnan.<br>• Mapahalagahan ang mga bagay at isipang pinagbatayan sa pagkilala sa sinaunang kabihasnan. | |
| Aralin 3 | Sinaunang Pamumuhay | • Mabigyang kahulugan ang mga konsepto ng tradisyon,pilosopiya at relihiyon.<br>• Masuri ang mga mahahalagang pangyayari mula sa sinaunang kabihasnan hanggang sa ika-16 siglo | |
| Aralin 4 | Impluwensiya ng mga Sinaunang Kabihasnan | • Mataya ang mga impluwensiya ng mga paniniwala sa kalagayang panlipunan,sining at kultura ng mga Asya<br>• Masuri ang bahaging ginampanan ng mga pananaw,paniniwala at tradisyon sa paghubog ng kasaysayan ng mga Asyano | |
| Aralin 5 | Mga Kababaihan sa Asya | • Masuri ang mga kalagayang legal at tradisyon ng mga kababaihan sa iba't ibang uri ng pamumuhay<br>• Mapahalagahan ang bahaging ginampanan ng kababaihan sa pagtataguyod at pagpapanatili ng mga Asyanong pagpapahalaga<br>• Mapahalagahan ang mga kontribusyon ng mga sinaunang lipunan at komunidad sa Asya | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.




## ☑ Inaasahang mga Kasanayan

Upang mapagtagumpayan na masagutan ang modyul at malinang nang lubos ang iyong pag-unawa, kinakailangang tandaan at gawin mo ang mga sumusunod:

1. Nakapagsasaliksik ng mga datos.
2. Nakapagsusuri ng mga kalagayang legal at tradisyon ng mga kababaihan sa iba't ibang uri ng pamumuhay.
3. Napapahalagahan ang bahaging ginampanan ng kababaihan sa pagtataguyod at pagpapanatili ng mga Asyanong pagpapahalaga.
4. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong.
5. Nakababasa ng mapa.
6. Nakagagawa ng powerpoint presentation.
7. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
8. Nakapagsusuri ng mga dokumento.
9. Nakabubuo ng konseptong mapa.
10. Nakikilahaok sa pangkatang talakayan.
11. Nakalilikha ng mga alternatibong sitwasyon.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin nating ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong, I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Alin sa mga salik ang may malaking bahagi sa pagbuo ng kabihasnang Asyano?
   a. pisikal
   b. panlipunan
   c. pang-ekonomiya
   d. politikal

2. Alin sa mga lugar ang HINDI matatagpuan ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya?
   a. Tsina
   b. Sumeria
   c. India
   d. Pilipinas


3. Sa bandang ika-15 dantaon, ang Asya ay nagsimula nang magkaroon ng malawak na ugnayan sa mga taga-kanluran. Alin dito ang isa sa mga natutuhan ng mga Hindu sa mga Persian?
   a. Ang kaalaman sa pamamalakad ng pamahalaan at malawak na lupain.
   b. Ang kulturang Hellenistic mula kay Dakilang Alexander.
   c. Ang paggamit ng arko at dome sa arkitekturang Indian.
   d. Ang pagtataas ng moralidad ng tao gaya ng pagbabawal sa sugal at alak.

4. Alin sa mga sumusunod ang sistema ng pagsulat ng mga Tsino?


a.



b.



c.



d.



5. Alin ang hindi kontribusyon ng mga Sumerian?


a.



b.



c.



d.




6. Anong tradisyon ng India ang nagpapakita ng pagsasakripisyo ng babae sa pamamagitan ng pagsabay sa sinusunog na labi ng kanyang asawa ?
   a. Dalit
   b. Sati
   c. Shakti
   d. Veda

7. Paano naapektuhan ng mga pilosopiya, paniniwala, at kaisipang Asyano ang kanilang kabihasnan?
   a. Ang mga ito ay nakatulong upang matamo ng mga Asyano ang mataas na moralidad at makasanayang mamuhay sa lipunang nakabatay sa makatarungang paniniwala.
   b. Ito ay nagdulot ng rehiyonalismong pananaw sa mga Asyano na naging sanhi ng hindi pagkakaunawaan.
   c. Nakatulong ang mga ito sa paglinang ng kultura at pamumuhay ng mga Asyano.
   d. Ito ay nagbigay daan sa labanan, pagmamalupit, at pag-uusig at maging pagkakahati ng mga sinaunang kabihasnan.

8. Naging suliranin ng mga taga-Mesopotamia ang madalas na pagguho ng lupa dala ng hindi tiyak na pag-apaw ng Ilog Tigris at Euphrates. Bukod dito, alin pa ang nagdulot ng pangamba sa mga tao?
   a. Kakulangan sa aspektong militar.
   b. Kawalan ng likas na hadlang sa rehiyon.
   c. Paghahati-hati ng maraming lungsod estado na may kanya-kanyang pinuno.
   d. Pagkakaisa ng simbahan at pamahalaan.

9. Tingnan ang mapa sa ibaba. Anong bansa ang tinatawag na lupain sa pagitan ng dalawang ilog?
   a. Indus Valley
   b. Ganges Valley
   c. Huang Ho Valley
   d. Mesopotamia




http://mrordovensky.edublogs.org/files/2012/11/fertilecrescent4-1asfa9s.png

10. Ang iba't ibang paniniwala at pananaw ng mga Asyano (hal. Buddhism, Hinduism, Sinocentrism, Divine Origin at iba pa) ay nagsilbing gabay sa paglinang ng kanilang kabihasnan. Bakit lumitaw at tuluyang nakaaakit ng mga tagasunod ang iba't ibang paniniwala at pilosopiya hanggang sa kasalukuyan?
   a. Sapagkat ang buong aspekto ng buhay ng tao ay nasasaklawan ng mga pilosopiya at paniniwala.
   b. Sapagkat nagbibigay ang mga ito ng paliwanag sa pagkakaugnay-ugnay ng mga pangyayari sa buhay ng sangkatauhan.

c. Sapagkat ang mga ito ang nagbibigay kasagutan sa mga katanungan tungkol sa layunin at katuturan ng buhay sa daigdig.
d. Sapagkat patuloy nitong pinapangaralan ang magkasundong relasyon sa pagitan ng mga tao.

11. Ang Great Wall of China ay ang natatanging inprastruktura na gawa ng tao sa daigdig na makikita mula sa buwan.Sagutin kung TAMA o MALI ang pahayag.
    a. Mali, sapagkat hindi lamang ito ang natatanging imprastruktura sa daigdig na makikita mula sa buwan.
    b. Mali, sapagkat wala nang kahit anong imprastraktura sa daigdig ang makikita mula sa buwan.
    c. Tama, sapagkat ito ay naitala sa Second Book of Marvels ni Richard Halliburton's noong 1938.
    d. Tama, sapagkat may mga larawang magpapakita na ang Great Wall of China ay ang tanging imprastruktura na makikita mula sa kalawakan.

12. Bilang isang mag-aaral,paano mo maipakikilalang ikaw ay isang Asyano?
    a. Isasabuhay ang mga mabubuting kaugalian mayroon ang isang Asyano.
    b. Susulatan ko ang mga kaklase ko at mga mag-aaral sa paaralan tungkol dito.
    c. Pupunta sa Plaza at iaanunsyo ito.
    d. Ilalagay sa social media ang status na ako ay isang Asyano.

13. Alin sa mga pahayag na ito ay nangangahulugang ang babae ay walang karapatang humawak ng katungkulan sa pamahalaan?
    a. *"Women's nature is passive."*
    b. *"Women are to be led and to follow others."*
    c. *“If a man divorces his first-time wife, he shall pay her one mina of silver”*
    d. *"We should not be too familiar with the lower orders or with women."*

14. Ano ang ibig ipahiwatig ng imaheng ito tungkol sa papel ng mga kababaihan sa sibilisasyong Tsina?



    a. Ang babae ay aliwan lamang ng lalake.
    b. Simbulo ang mga kababaihan ng “fertility “.
    c. Ang babae ay pambahay lamang.
    d. Mataas ang katungkulan ng babae sa lipunan.

15. Alin sa mga sumusunod ang impluwensiya ng lumang batas ng Sumeria/ Mesopotamia na ito: *If a wife be unfaithful to her husband and then says, "You are not my husband," let her be thrown into the river. If a husband say to his wife, "You are not my wife," he shall as a fine pay one half mana of silver*
    a. Magaan ang parusa sa sinumang magtataksil sa asawa.
    b. Mababang pagtingin sa usapin ng pag-aasawa.
    c. Pagrespeto sa kalayaan ng bawat isa sa pag-aasawang muli.
    d. Mabigat ang kaparusahan sa babaeng nagtataksil sa asawa.

16. Kung ikaw si Dakilang Darius mula sa imperyong Persia, papaano mo itataguyod ang seguridad ng iyong malawak na imperyo?
    a. Paggawa ng mga kanal para sa irigasyon o agrikultura.

b. Paggawa ng mga sentro ng komunikasyon para sa mga mamamayan.
c. Pagtatag ng daan sa buong imperyo upang mapaunlad ang kalakalan.
d. Pagtatakda ng mata at tainga ng hari upang subaybayan ang mga satrapy.

17. Bumagsak ang Kabihasnang Sumer dahil sa ito ay binubuo ng magkakahiwalay na estado. Dahil sa kawalan ng pagkakaisa, madali itong nasakop at bumagsak. Tulad ng Mesopotamia, ang ating bansa ay binubuo ng maraming pulo kung kaya't nagkaroon tayo ng iba't ibang pangkat at kultura. Kung ikaw ang kasalukuyang pangulo ng ating bansa, anong proyekto ang maaari mong gawin upang magkaroon ng ugnayan at pagkakaisa ang iba't ibang pangkat ng mga Pilipino?
    a. Mamahagi ng mga aklat na naglalarawan ng kultura ng lahat ng pangkat ng mga Pilipino upang maunawaan ang kultura ng bawat isa.
    b. Magsasagawa ng mga proyektong pagpatayo ng tulay upang mapagdugtung-dugtong ang mga kapuluan sa Pilipinas.
    c. Magpanukala ng batas na nag-uutos na dapat magkaisa ang mga Pilipino upang ang lahat ay obligadong gawin ito.
    d. Magsagawa ng mga proyektong pangkultural na maaring lahukan ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas upang magkaroon ng pagkakataon na makipag-interaksyon sa bawat isa.*

18. Magkakaroon ng ikalawang bahagi ang ASEAN summit na naganap kamakailan lamang. Layunin nito na paigtingin ang kapayapaan sa mga bansa sa Asya,ikaw ay naatasang gumawa ng isang batas upang mapagtibay ang nasabing layunin.Anong hakbang ang pinaka epektibo upang makagawa ka ng batas na aangkop ?

    a. Magsasagawa ng pananaliksik at hanapin ang mga taong nagdudulot ng kaguluhan at patayin sila agad.
    b. Tanggalin sa pwesto ang mga pinuno ng mga magugulong bansa sa Asya.
    c. Magsaliksik upang malaman ang pinakaugat at ng magawan ng angkop na batas.
    d. Makinig sa opinyon ng mga sosyolohista at antropolohista sa isyu o katiwalian.

19. Ikaw ay isang mangangalakal na naatasang makipagkalakalan sa ilang bansa sa Asya, ikaw ay pinayagan naman ng mga bansang iyong napili,subalit ikaw ay pinatawan ng mataas na buwis.Ano ang magiging desisyon mo?
    a. Itutuloy ko pa din dahil kailangan ko.
    b. Hindi ko itutuloy dahil baka malugi ako.
    c. Itutuloy ko dahil naunawaan ko na kailangan kong mamuhunan.*
    d. Imumungkahi ko sa tanggapan ng DTI na patawan ng mas malaking buwis ang ibang bansa.

20. Magkakaroon ng Cultural Show na magpapakita ng pagtatanghal ng iba't ibang bansa sa Asya, ikaw ay naatasang magpakitang gilas sa nasabing presentasyon.Alin sa mga sumusunod ang gagawin mo upang mas makilala ang bansa mo?
    a. Magpapakitang gilas ako sa pagsayaw ng tinikling.


b. Aawit ng isang Ilocano song.
c. Sasayaw ako ng Cha-cha
d. Tutula.

## PAGTUKLAS

Magsimula tayo sa pag-aaral. ***Babae at lalake, may kaibahan ba sa kanila? Paano sila naiiba?*** Halina at alamin ang sagot sa mga katanungang ito sa pagsagot sa mga inihandang gawain

### GAWAIN 1 Kasarian Mo-Pagsusuri ng video clip

I-klik ang link na ito www.youtube.com/watch?v=pF1j22x-yU8 at panoorin mo ang video




Matapos mong panoorin ang *video* ay sagutin ang mga pamprosesong katanungan gamit ang Pre-Post Chart sa ibaba, sagutin lamang ang kolum na BAGO. Ang kolum na PAGKATAPOS ay sasagutin sa susunod na bahagi ng aralin.

| Pamprosesong katanungan: | BAGO | PAGKATAPOS |
|---|---|---|
| 1. Ano ang ipinapakita na papel na ginagampanan ng babae ? ng lalake? | | |
| 2. Alin sa dalawang kasarian ang nagpakita ng di pagsang ayon sa kanyang papel? Bakit? | | |
| 3. Sang-ayon ka ba sa kanyang ipinakitang reaksyon? Bakit? | | |
| 4. Ano sa palagay mo ang nakaimpluwensiya sa iyong pananaw tungkol rito? | | |
| 5. Ano ang kontribusyon o naiambag ng kababaihan sa lipunan? | | |

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| 6. Ano ang mga salik na may kinalaman sa ganitong pag-iiba ng papel ng babae at lalake? | | |
| 7. Paano nagkakapareho ang sitwasyon ng mga kababaihan rito sa mga kababaihan sa Asya? | | |
| 8. Paano nakakaambag ang kababaihan sa pag-unlad ng kabihasnang Asyano? | | |
| 9. Paano nabuo at nahubog ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya? | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Naibahagi mo kanina ang iyong inisyal o paunang ideya sa mga isyung may kinalaman sa kababaihan . Tingnan natin sa susunod na aktibiti kung alin sa mga naibahagi mong sagot ang tama o hindi.Subukan natin kung ano ang alam mo sa modyul na ito. Sagutin mo ang mga sumusunod na katanungan sa pag-click lamang ng letra na sa palagay mo ay siyang tamang sagot. Siguraduhing nasagot mo ang lahat ng aytem.

Pagkatapos nitong maikling pagsusulit ay makikita mo ang tamang sagot at pati na rin ang puntos na nakuha mo. Bigyang –pansin ang mga aytem kung saan hindi mo nakuha ang tamang sagot at hanapin mo ang angkop na kasagutan sa pagpapatuloy mo sa modyul na ito.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ng modyul ay masuri ang ilang mahalagang datos at impormasyon tungkol sa mga kalagayang legal at tradisyunal ng mga kababaihan sa Asya .

Sagutin mo ang mga inihandang mga Gawain.

## GAWAIN 2 Pagsusuri ng Lumang Batas

Basahin ang mga pahayag at batas ng Sumeria sa pamamagitan ng pag-klik ng mga link na ito:
http://history-world.org/sumerianlaws.htm
Ito ay naglalaman ng mga batas sa Sumeria.
http://realhistoryww.com/world_history/ancient/Misc/Sumer/ur_nammu_law.htm
Ito ay naglalaman ng batas ni Ur Nammu ng sumer

Batay sa mga nabasa sa website ay pumili ng limang batas na may kinalaman sa kababaihan at isulat ito sa unang kolum ng Infer-Predict Worksheet na nasa ibaba.

Sa ikalawang kolum ay isulat mo ang iyong pagkaunawa sa batas na ito at sa ikatlong kolum ang posibleng mangyari dahil sa batas na ito.

| Mga Nabasa ko  | Pagkaunawa Ko…  | Posibleng mangyari dahil rito….. (Paano nito nahubog ang kabihasnang Asyano?)  |
|---|---|---|
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |
| 4. | | |

| 5. | | |
|---|---|---|

Ang pinakaunang sibilisasyon sa Asya gaya ng Sumer at Mesopotamia ay may mga batas na naitalaga para maging maayos ang pagpapatakbo ng pamahalaan. Nalaman mo na may mga natatanging batas pala na patungkol sa pagtrato sa mga kababaihan.

Sa susunod na gawain ay alamin natin kung paano nakaimpluwensiya ang mga batas na ito sa kalagayan at sitwasyon ng kababaihan.

## GAWAIN 3 Ako si Hammurabi: Pagsusuri ng Sitwasyon

Upang magkaroon ka ng ideya paano mamuhay noon sa Sumer at iba pang lugar dito subukan mong laruin ang *game* sa ibaba. Bigyang pansin ang pamamaraan ng paghatol ni Hammurabi ng parusa sa mga may kasalanan.

I-klik ang link na ito:
http://www.phillipmartin.info/hammurabi/hammurabi_situation_index.htm
Pumili ng icon na may tablet o cuneiform, basahin ng mabuti ang tanong at i-klik upang makita ang parusa dito. Matapos itong gawin ay punan ang 3-2-1 chart ng angkop na sagot.

Formative Assessment: 3-2-1 Chart

| |
|---|
| 3 Nalaman Ko: |
| 2 Interesado ako: |
| 1 Tanong Ko: |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Kung ikaw ang magdedesisyon, paano mo tutugunan ang tanong sa tablet no. 6, tungkol sa suliraninng babae?

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ________________

2. Sang-ayon ka ba sa desisiyon ni Hammurabi rito?

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

3. Ano ang napansin mo sa mga hatol ni Hammurabi sa mga kasalanan ?

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

4. Ano ang implikasyon ng mga Koda ni Hammurabi sa pakikitungo sa kababaihan?

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

5. EQ: Paano nahubog ng ganitong kaisipan tungkol sa kababaihan ang kabihasnang Asyano?

 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________
 ______________________________________________

> Ang mga *chants* at *oracles* na ibinatay sa Koda ni Hammurabi ay nagkaroon ng malaking impluwensya sa pagtrato ng mga tao sa Sumeria maging sa mga kababaihan.
>
> Ang relihiyon o paniniwala nila ay ganuon rin ang naging impluwensya. Upang matasa ang epekto nito ay gawin mo at sundan ang susunod na gawain.


## GAWAIN 4 Pagsusuri ng Artikulo

Basahin ang mga artikulo tungkol sa mga babae sa Sumer. I-klik ang mga link sa ibaba at punan mo ng sagot ang Cause and Effect Worksheet.

1. http://www.christianleadershipcenter.org/women5.htm
Isang artikulo na ipinapaliwanag ang relihiyon at kaugnayan nito sa sitwasyon ng kababaihan.

2. http://prezi.com/pa5uswmmj2ln/sumerian-social-classes-and-roles-of-woman/
Ito ay isang prezi presentation tungkol sa mg babae sa Sumeria.

**Cause and Effect Worksheet**




Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Paano nakakimpluwensya ang mga batas o kodigo gaya ng kay Hammurabi at Ur sa pakikitungo ng lalake sa mga babae?

2. Paano naman nakaimpluwensya ang relihiyon?

3. Ano ang pagbabago sa iyong dating kaalaman matapos mong gawin ang aktibiti na ito?

99.

Ang estado ng mga babae sa Sumeria ay impluwensiya ng mga batas at relihiyon na sinusunod noon. Ngayon ay aalamin mo naman ang kalagayan ng mga kababaihan sa sibilisasyong Indus at tutukuyin mo kung anong mga salik ang nakaimpluwensiya sa pakikitungo sa kanila.

## GAWAIN 5 Pagsusuri ng Larawan

Bigyang pansin ang mga imahe o pigura ng kababaihan at ang kahulugan nito. Punan mo ang picture chart ng angkop na deskripsyon batay sa binasa.

I-klik ang link na ito:
http://ant3145indusvalley.wikispaces.com/The+Placement+of+Women+in+the+Indus+Valley
Naglalaman ito ng mga larawan o imahe ng mga kababaihan sa Indus.

**Picture Inference Worksheet: Imahe ng Kababaihan sa Harappa/Indus**

Balikan natin ang ilang mahalagang impormasyon sa nabasa mo. Sa bakanteng mga kahon ay sumulat ng deskripsyon o interpretasyon na tutugma sa larawan o imahe ng kababaihan.

| | |
|---|---|
| Ipinapakita rito na …. |  Figure 1 www.Harappa.com |
|  | |
| |  |
|  | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang katayuan ng mga babae sa Harappa?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
_________________________________

2. Anong mga simbulo sa imahe ang nakapagsasabi nito?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
_________________________________

3. Bakit kaya ganito ang pagtingin nila sa babae noon?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
_________________________________

4. Ano ang naging mahalagang paepel ng kababaihan sa sibilisasyon batay sa mga imahe?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
_________________________________

5. Paano nakakaambag ang mga kababaihan sa pag-unlad ng kabihasnang Asyano?

___________________________________________
___________________________________________
___________________________________________
_________________________________

Ang mga babe sa sinaunang sibilisasyon ng Indus ay batay sa mga imahe na nakuha ay tinitingala at ang pagkakaroon ng mga palamuti sa katawan ang makapagpapatunay nito. Alamin mo sa susunod na gawain kung ano ang sitwasyon nila sa kasalukuyan.

Basahin ang mga artikulo mula sa blog.I-klik ang link sa ibaba at pagkatapos nito ay punan ang *worksheet* ng tamang datos o impormasyon.



**Teksto 1**

http://rashmanly.com/2008/09/13/15858/
Naglalaman ito ng kaso ng dowry death.

## GAWAIN 6 **Worksheet: Thesis –Proof Worksheet**

Matapos mog basahin ang blog, sagutin mo ang inihandang grapikong pantulong.

| ***Thesis: Ang mga babae sa India ay….*** | | |
|---|---|---|
| Mga Ebidensya ***o*** pahayag na sumusuporta rito: | | Ebidensya na Pinawawalang katotohanan ito: |
| ***Konklusyon:***<br>100. **-**<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>____________________ | | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong ang sitwasyon ng karamihan sa mga kababaihan sa India?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

2. Paano ito naiiba sa mga ipinapakita sa mga pigura sa Gawain 5?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

3. Bakit kaya nagkaroon ng ganitong pagbabago sa pagtrato sa kababaihan?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________


Nalaman mo na ang *dowry death* ay isa lamang sa marami pang mga pang-aabuso na kinakaharap ng mga babae sa India. Ang tradisyon ng pagbibigay ng dowry sa lalake sa kasalan ay upang magsilbing baon ng babae ngunit inabuso ito ng lalake at maging pamilya nito. Paano hinarap ng pamahalaan ng India ang sitwasyong ito? Isagawa mo ang mga susunod na gawain.

## GAWAIN 7 Titulado! Batas Kontra Dowry -Pagsusuri ng Batas



Teksto 2

I-klik ang link na ito at basahin.
http://wcd.nic.in/dowryprohibitionact.htm
Matapos mong basahin ang batas ay suriin ang mga imahe sa kahon at sumulat ng maiksing deskripsyon at isulat ang mga ito sa mga inilaang patlang.




Gabay sa pagsusuri ng batas:

1. Pangalan ng batas/ordinansa:______________________________________
2. Gawain na nais kontrolin:_________________________________________
3. Mga taong saklaw :______________________________________________
4. Kaparusahan sa paglabag:________________________________________
5. Ilan pang mahalagang detalye:____________________________________

## GAWAIN 8 Oh My Paa! – Pagsusuri ng Artikulo at Pakikinig sa Isang Podcast

**Panuto:** Basahin ang artikulo sa link na ito : http://period40910.wikispaces.com/Gender+Roles+-+Huang+He at makinig sa isang podcast tungkol sa usapin ng foot binding sa link na ito: http://www.npr.org/templates/story/story.php?storyId=8966942
I-klik ang button na may LISTEN upang mapakinggan ang audio.

Itala ang positibo at negatibong impormasyon na nakuha sa Opinion-Proof Graphic Organizer na nasa sa ibaba.

| OPINION | PROOF |
|---|---|
| Positibo: | |
| Negatibo: | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Batay sa unang link , ano ang mahalagang papel ng kababaihan sa kabihasnang Tsina?
   ____________________
   ____________________
   ____________________

2. Paano kaya ang magiging sitwasyon kung walang babe noon na nangangalaga sa pamilya?
   ____________________
   ____________________
   ____________________

3. Nabigyang halaga ba ang ganitong papel ng kababaihan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Sa ikalawang link , ano ang tradisyon na ginagawa ng mga Tsino sa kanilang kababaihan?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Paano nito sinusuportahan ang isang patriyarkal na sistema ng pamilyang Tsino?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

6. Ano ang tugon ng mga kababaihan noon sa kanilang nakagisnang tradisyon? Bakit?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

7. Paano nahubog ng ganitong kaisipan tungkol sa kababaihan ang kabihasnang Asyano(EQ)?
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________


Malaki ang naging kontribusyon ng kababaihan sa Tsina bilang tagapangalaga ng pamilya upang maipagpatuloy ang paghahanap buhay ng lalake. Sa kabilang banda may ilang babae na kalimitan mula sa mayayamang angkan ay pinapasunod sa napakasakit na tradisyon ng foot binding. Kahit na ito ay ipinagbawal na noong 1912 ay ipinagpatuloy pa rin ng patago dahil sa pressure o dikta na hindi magkaroon ng mayamang mapapangasawa impluwensiya pa rin ng patriyarkal na sistema. Tingnan natin ngayon ang hakbang na ginawa ng kababaihan sa sistemang ito.

***Ganito rin kaya ang sitwasyon sa Tsina? Ano naman ang mga hakbang na ginagawa nila?*** Sundan ang mga susunod na gawain.

## GAWAIN 9 Issue Analysis Worksheet

Basahin ang pahayag ng mga kababaihang ng Tsina sa blog na ito :

http://library.thinkquest.org/07aug/01579/apsara1.html . Punan mo ang Issue Analysis Worksheet sa ibaba ng sagot batay sa mga nabasa.



Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Bakit nagkaroon ng pag-aalsa ng mga kababaihan ng Tsina?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano ang tinutukoy nilang ugat ng ganitong pagtrato sa kanila?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Anong mga hakbang ang ginagawa ng pamahalaan sa pagbibigay proteksyon sa mga kababaihan?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Naging matagumpay ba ang mga ito? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

5. Epektibo ba ang paglulunsad ng piket o rally upang mapansin ang hinaing ng kababaihan? Bakit?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
__________________

Ipinakita ng mga babae sa Tsina na may iba pang hakbang na pwedeng gawin upang maisulong ang kapakanan ng kababaihan.Maliban sa pagbuo ng batas ay maari ring maglunsad ng *advocacy campaign*.

Sundan sa ibaba ang ilang kaparaanan upang epektibong makapaglunsad ng isang kampanya.

## GAWAIN 10 Bangon Babae – Pagsusuri ng Kampanya

Ang One billion Rising ang isa sa mga kampanya para sa mga karapatan ng kababaihan. I-klik ang imahe /icon ng 1 Billion rising upang makita ang mga video .

Maaari rin na i-klik ito: http://www.onebillionrising.org/livestream

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang One Billion Rising o OBR?

2. Bakit naglunsad ng ganito?

3. Bakit umani ito ng maraming suporta sa iba't-ibang bansa?

4. Ito ba ay isang epektibong porma ng kampanya ? Paano?

**Web 2.0 Activity:** Matapos mong malaman ang hakbang ng OBR ay mag-open ka ng iyong twitter account https://twitter.com/ at ipahayag ang iyong komento o suporta sa One Billion Rising.

**GAWAIN 11** **Mini Quiz**

Subukan mong sagutin ang mini-quiz na ito tungkol sa iyong nabasa. I-klik ang link na ito: http://www.proprofs.com/quiz-school/story.php?title=kababaihan-sa-asya

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**


Sa puntong ito ay natalakay na ang paksa ukol sa pang-araw-araw na buhay ng mga kababaihan sa iba't ibang sibilisasyon sa Asya. Pati narin ang ilang mga hakbang na inilunsad upang maprotektahan ang kababaihan.



## PAGPAPALALIM

Matapos mong makalap ang mga pangunahing ideya tungkol sa mga dinaranas ng babae sa Sumeria, Indus at Tsina ay siguradong may nabubuo ka nang pang-unawa na may mga salik na siyang dahilan ng kasalukuyang kalagayan ng kababaihan.

Sa bahaging ito ng modyul ay tutukuyin mo ang iba pang angulo o aspekto ng mga paksa tungkol sa kababaihan ng Asya upang madagdagan ang iyong pang-unawa sa katanungang: Paano nahubog ng kaisipan tungkol sa kababaihan ang kabihasnang Asyano?




**Teksto 3**

Basahin mo ang blog na ito at alamin ang pinag-ugatan ng Sati na tradisyon ng India. http://freethoughtblogs.com/taslima/2012/06/03/the-living-dead-2/ at ang powerpoint sa link na ito: http://www.slideshare.net/fatima86/dowry-death-in-india-finalpptx#btnNext

## GAWAIN 12 Concept Worksheet

Gamit ang website na ito : http://www.text2mindmap.com/ bumuo ng Concept worksheet gaya ng nasa ibaba sulat ang pangunahing kaisipan ng mga nabasa sa bilog na bahagi at ang iba pang ideya sa mga hugis kahon.



Panuto para sa paggawa ng Concept Map gamit ang http://www.text2mindmap.com/ :

1. Sa kaliwang bahagi ng page ay makikita mo ang *text editor*, I *type* rito ang mga kaisipan na nakuha mo sa binasa.
2. Palitan ang hugis ng *concept map* at bumuo ng bilo at kahon.
3. save ang nagawang *concept worksheet* at I-*attach* sa ipapadalang mensahe sa guro gamit ang OHSP website.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang naging damdamin ng may-akda ng blog na ito tungkol sa “SATI”?

   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

2. Batay sa naisagot mo kanina sa *Pre-Post Chart* ng unang bahagi, ano ngayon ang dahilan kung bakit may pagkakaiba ng pag-trato sa kababaihan?

   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________
   ______________________________

3. Paano nahubog ng tradisyong ito ang kabihasnang Asyano?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Nalaman mo sa bahaging ito ng modyul na ang tradisyon ng *Foot Binding* sa Tsina ay ginawa sa mga kababaihan upang sila ay maging kaakit-akit at makapag-asawa ng mayaman ngunit ang o dulo pa nito ay dahil pa rin sa sistemang patriyarkal. Ang "SATI" naman ay nag-ugat sa relihiyon o paniniwala na kapag ang babae ay nagsakripisyo at nag-alay ng kanyang buhay sa pagkamatay ng kanyang asawang lalake.

Balikan natin ang Sumeria, mayroon kayang impluwensya ang mga Koda ng batas ni Hammurabi at UR Nammu sa pagtrato sa mga babae sa kasalukuyan?

## GAWAIN 13 Your Honor –pakikinig sa isang on-line audio

Ang lugar ng kasalukuyang bansang Iraq ang siyang dating lugar na pinagmulan ng kabihasnang Sumer at Akkad. Tingnan natin kung ano ang kalagayan ng mga babae rito sa kasalukuyan.

I-klik ang link na ito at pakinggan ang isang audio tungko sa estado nila:

1. http://www.npr.org/templates/story/story.php?storyId=5043032
(Naglalaman ito ng transcript ng audio). Upang marinig ang audio ay i-click ang Listen button.
2.
http://edition.cnn.com/video/#/video/world/2007/05/18/todd.stoning.death.cnn
(Naglalaman ito ng isang *video* na kuha ng pagbato sa isang babae sa Iraq)

Gawin mo ang KIM organizer gaya ng nasa ibaba sa website na ito :
http://www.phixr.com/photo/userindex

Ang K o pangunahing ideya ay pwedeng isang bagong salita o konsepto mula sa *audio* at *video*. Ang impormasyon ay maaring kahulugan o isang pagpapaliwanag ng konsepto. Ang "memory clue" ay isang simpleng *sketch* na naipapaliwanag ang key idea.

| K<br>Key Idea | I<br>Information | M<br>Memory Clue |
|---|---|---|
| | | |

Panuto para sa pbuo ng KIM gamit ang http://www.phixr.com/photo/userindex :

1. Pumili ng larawan at i-upload ito.
2. Pumili ng mga karagdagang ilalapat na operation mula sa kaliwang bahagi ng page upang maging kaaya-aya ang KIM na gagawin.
3. Matapos ang iyong task o gawain ay ibaba ang cursor o pointer
4. I-klik ang email na icon at ipadala ito sa account ng guro.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang nagawa ng mga babaeng nabanggit sa *audio* at sa *video*?

2. Ano ang naging tugon ng kanilang pamilya at kapitbahay sa kanilang ginawa?

3. Ano daw ang ang pinagbatayan ng  kanilang ginawa?

4. Paano nailmpluwensyahan na ganitong pananaw ang pagtrato sa kababaihan?

## GAWAIN 14 Idol Ko

Magsaliksik ng ilang mga babae sa sinaunang kabihasnan na naging pinuno o di kaya ay nagkaroon ng mataas na katungkulan. Isulat ang mga sagot sa loob ng tsart.

| Lugar | Pangalan at Larawan | Naging Ambag/ Kontribusyon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

Ang mga pangyayaring kinasadlakan ng kababaihan ay dahil sa impluwensya ng iba't ibang institusyong panlipunan. Upang magkaroon ng pagbabago ay kailangang may hakbang para sa pagsagawa ng batas o di kaya ay kampanya na magbibigay proteksyon at pangangalaga sa kababaihan.

Sa puntong ito, ikaw ay makikibahagi sa proseso ng pagsasagawa ng batas

## GAWAIN 15 Panahon Na! Interactive Law making Process

Upang mas mahasa pa ang iyong kakayahan ay subukan mo ang larong ito ng paggawa ng batas. Makisali sa isang "law making process, I-klik ang link na sa ibaba:

http://assets.parliament.uk/education/online-resources/mp4aday/LawMaker.aspx?xmlContentAddress=xml%2FNational%2Fcontent1.xml&xmlIntroAddress=xml%2FNational%2Fintro.xml

Tandaan na ang gagawin mo ngayon ay isang proseso ng pagsasagawa ng batas ayon sa Parlamentaryo ng United Kingdom. Ang pagpasa nila ng batas ay dumadaan sa House of Commons na katumbas ng House of Representatives sa Pilipinas at House of Lords na siya namang katumbas ng Senado ng ating Lehislatura. Subukan mo ngayong alamin ang proseso at maging parte ng pagpasa ng batas.

Panuto:

1. Pumili ng sitwasyon o kaso.
2. I-klik ang version ng bill ( 1 or 2) na gusto mong suportahan para gawing batas.
3. *First Reading* ng iyong napiling *version* basahin ang nakasulat sa kahon tapos I-klik ang "next"
4. *Second Reading* na ng iyong bill, ito na iyong bahagi ng pagtatanong, I-klik ang " next" upang malaman ang mga tanong.
5. Basahin ang tanong at pumili ng sagot sa mga kahon
6. Matapos itong sagutin ay basahin ang reksiyon ng House at alamin ang dahilan nito.
7. Kung di suportado ang yong sagot ay piliin ang suhestyon na amendment mula sa komite.
8. Basahin ang naging resulta ng botohan ng mga kasapi , I-klik ang next.
9. Gawin ang isinasaad sa bawat *stage* hanggang umabot sa huling proseso.
10. Ang palatandaan kung natapos mo ang proseso ay ang mga *stars* na nasa ibaba.

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Anong *version* ang napili mo? Bakit?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________________________________

2. Sa *second reading* ay may katanungan at pinapili ka sagot, anong napili mo at ano ang tugon ng House of Commons?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________________________________

3. Bakit kaya ganito ang tugon o *feedback* nila? Saan nakabatay ang kanilang paninindigan?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________________________________

4. Subukan mo ngang piliin ang isang option o sagot, ano ang naging tugon nila? Bakit?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
__________________________________________________________

5. Ang Standing Committee ay naghain ng amendment o pagbabago sa bill, ano ang gusto nilang ipa-amend sa Bill mo at bakit?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

6. Bilang mambabatas, ano ang dapat mong isaalang-alang sa pagkakahanay ng iyong *proposal* na batas?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

7. Nang tinanggap mo ang kanilang bill o di kaya ay *ni-reject* ano ang naging resulta ng botohan?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

8. Nasa House of Lords na ang bill mo, sa *2nd reading* ay tinanong ka ulit, ano ang napili mong sagot at ano ang naging reaksyon nila?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

9. akit kaya ganito ang tugon ng mga House of Lords?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________

10. Ano ang karagdagang punto na dapat mong ikunsidera sa pagsasagawa ng katutusan o batas para sundin ito ng mga tao?

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
___________________________________________________


Upang magkaroon pa ng ibayong kaalaman sa proseso ay maari mo ring i-klik ang link na ito.
http://www.annenbergclassroom.org/page/law-craft
Isang proseso ng pag-argumento o debate para sa isang proposal.



Ngayon ay subukan mong gumawa ng batas sa ibang sitwasyon gamit ang natutuhan mo sa katatapos na gawain

## GAWAIN 16 Pagsasanay sa Paggawa ng Batas

Tingnan mo ang larawan. Ipagpalagay na ikaw ay nasa isang isla. Ano ang iyong gagawin?




______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________________

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano sa palagay mo ang batas na kailangan mo upang maka-survive sa isla?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________
101.

2. Ano ang posibleng suliraninna uusbong sa isla?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________________________________

3. Paano mo ito tutugunan?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________________________________

4. Paano mo ipapatupad ang iyong batas?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________________________________


5. Ano ang posibleng parusa ang ipapataw mo sa sinumang lalabag sa iyong batas sa isla?
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________________________________

6. Isulat mo ang mga posibleng parusa sa iba't-ibang kasalanan.
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
________________________________________________________

Sa **Gawain 9** ay nakita mo ang mga porma ng kampanya na ginagawa para sa kababaihan.Ngayon ay subukan mong bumuo ng kampanya gamit ang ibang sitwasyon. Tandaan na sa pagplano ng kampanya ay kailangan isaisip na ito ay maging epektibo upang makakuha ng malawakang suporta.

## GAWAIN 17 Unang Kampanya

Suriin ang mga larawan na nasa loob ng kahon. Bumuo ng maiksing deskripsyon ukol dito at sa pang-apat na kahon ay isulat ang iyong gagawing kampanya.

| | |
|---|---|
|  |  |
|  | **Planong kampanya:** |

Maaring gamitin ang mga *brochure editor* na ito ng libre .
http://www.brother.com/creativecenter/us/en_us/business/brochure/petcare/ENUS_COSYPET-TRI_3.htm#

Panuto:
1. Pumili ng uri ng brochure sa kabilang bahagi ng page na may “CATEGORY”
2. I-klik ang *start here* upang ma edit ang napiling *brochure* at mai-*type* ang mga pahayag na gagamitin mo sa kampanya.
3. Matapos nito ay i-*save* ang nagawang *brochure*, I-*attache* at ipadala sa *email account* ng guro.

Bago ka magpatuloy ay balikan mo muna ang ilan sa iyong naunang pahayag sa PAGTUKLAS na bahagi. Ngayon ay sagutin mo muli ang no. 3-7 ng worksheet na nasa ibaba.

Sagutin ang worksheet sa ibaba ang bahaging pagkatapos.

| Pamprosesong katanungan: | BAGO | PAGKATAPOS |
|---|---|---|
| 1. Ano ang ipinapakita na papel na ginagampanan ng babae ? ng lalake? | | |
| 2. Alin sa dalawang kasarian ang nagpakita ng di pagsang-ayon sa kanyang papel? Bakit? | | |
| 3. Sang-ayon ka ba sa kanyang ipinakitang reaksyon? Bakit? | | |
| 4. Ano sa palagay mo ang nakaimpluwensiya sa iyong pananaw tungkol dito? | | |
| 5. Ano ang kontribusyon o naiambag ng kababaihan sa lipunan? | | |
| 6. Ano ang mga salik na may kinalaman sa ganitong pag-iiba ng papel ng babae at lalake sa Asya? | | |
| 7. Paano nabuo at nahubog ang kasalukuyang kabihasnan ng mga bansa sa Asya? | | |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Sa bahaging ito ng modyul, ang pag-aaral ay naka-sentro sa usaping may kinalaman sa ugnayan ng tradisyon,relihiyon at mga batas sa naging kalagayan ng mga kababaihan.

## PAGLILIPAT

Layunin mo sa bahaging ito ng modyul na malipat sa totoong sitwasyon ang iyong natutunan. Magsimula tayo sa isang pagsubok g iyong desisyon, punan ng sagot ang formative assessment sa ibaba

### GAWAIN 18 Hand Signals

Punan ng mga pahayag ang column ayon sa iyong napiling pagpapasya at magbigay ka ng iyong suhestyon kung paano ito tutugunan.

| **Mga legal na kalagayan at tradisyon:** | **Sang-ayon** | **Di sang-ayon** |
|---|---|---|
| 1. Funeral pyre ( Sati) | | |
| 2. Pagbibigay ng dowry | | |
| 3. Foot binding | | |
| 4. Pambahay lang ang babae | | |
| 5. Honour killing | | |

Sagutin mo ang mga sumusunod na pamprosesong tanong.

1. Ano ang kalimitan sa naging basehan ng iyong desisyon?

2. Bakit sa palagay mo kailangang bigyan ng pansin ang mga sitwasyong ito ng kababaihan?

3. Paano sila nakakatulong sa pagpapanatili ng katangian ng pagkakakilanlang Asyano?

Matapos ang ginawang pagsasanay ay gagawa ka na ngayon ng batas o kampanya para sa kababaihan.

## GAWAIN 19 Paggawa ng Batas – Inaasahang Pagganap



**TASK**

**Gumawa ka ng iyong Sariling Batas o Kampanya para sa Kababaihan**

Ikaw ang chair ng Committee on Women and Children ng isang bayan, Sa pagbubukas ng Sesyon ay maghahain ka ng *proposal* na ordinansa para mapabuti ang kalagayan ng mga kababaihan. Ang gagawin mong batas o *advocacy campaign* ay huhusgahan ayon sa mga krayterya na ito:

1. Pagsuporta sa konsepto ng mga salik na humuhubog sa pagkakakilanlan
2. Kalidad ng Impormasyon
1. Organisasyon
2. Presentasyon

Gamitin ang website na ito sa paggawa ng batas o ng kampanya
http://www.brother.com/creativecenter/us/en_us/business/poster/index.htm o eto
http://www.go2web20.net/site/?a=Smore

Panuto:

1. Pumili ng *size* at *orientation*
2. Punan ang mga kahon ng angkop ng *text color* at mga *images.*
3. I-*save* ang iyong ginawa at i-*attach* sa *message* na ipapadala sa *email account* ng guro.

Ang iyong gagawing Performance Task o Inaasahang Pagganap ay huhusgahan ayon sa rubric sa ibaba**.**

| KATEGORYA | PINAKA-MAHUSAY 4 | MAAYOS 3 | NALILINANG 2 | PASIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| PAGSUPORTA SA KONSEPTO NG MGA SALIK NA HUMUHUBOG SA PAGKAKAKI-LANLAN | • Malinaw na naipahayag sa proposal ang pang-unawa sa konsepto ng paghubog sa pagkakakilanlan<br>• Kinakikitaan ito ng kritikal na pagsusuri sapagkat ito ay naglalaman ng usapin o isyu na pupukaw sa kamalayan tungo sa pagkapantay-pantay. | • Naipahayag sa proposal ang pang-unawa sa konsepto ng paghubog sa pagkakakilanlan<br>• Naglalaman ito ng usapin o isyu na pupukaw sa kamalayan tungo sa pagkapantay-pantay. | • Di gaanong malinaw sa iilang mga bahagi ang pagpapahayag sa konsepto sapagkat ang napiling isyu ay nalalayo sa hangarin na pagkapantay-pantay. | • Hindi malinaw ang pagpapahayag ng konsepto at walang direksyon na tinatahak. |
| KALIDAD NG IMPORMASYON | • Ang proposal ay matalinong nasusuportahan ng mga rason, kaukulang datos at makabuluhang karanasan o kaso ng | • Ang proposal ay nasusu-portahan ng mga rason, kaukulang datos at kaso ng mga pagtrato sa mga babae. | • Naglalaman ng limitadong proposal at nasusuportahan lamang ng iilang datos.<br>• May mga hakbang naibigay na hakbang | • Ang proposal ay di-makatoto-hanan at walang naibigay na mga konkretong hakbang. |

| KATEGORYA | PINAKA-MAHUSAY 4 | MAAYOS 3 | NALILINANG 2 | PASIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| | mga pagtrato sa mga babae sa Asya. Makatot-hanan at progresibo ang pananaw ng mga inilalahad na mungkahi at tugon sa isyu.<br>• Nagpapahayag rin ito ng mga hakbang at kaparaanan . na epektibo, konkreto at impluwensya. | • Makatoto-hanan at progresibo ang pananaw ng mga inilalahad na mungkahi at tugon sa isyu. Ang mga hakbang at kaparaanan ay nakaugnay sa kasalukuyang sitwasyon ng mga babae . | ngunit ilan rito ay di makatotohanan at di-angkop sa mga isyung natalakay . | |
| ORGANI-SASYON | • Naipapakita sa ginawang proposal ang lahat ng bahaging inaasahan. Natatangi at nakakagangak ang pagkakahanay ng mga bahagi.<br>• Maayos ang pagkasunod-sunod ng mga bahagi at kinakikitaan ng kunek- | • Naipapakita sa ginawang proposal ang lahat ng bahaging inaasahan. Maayos ang pagkasunod-sunod ng mga bahagi at kinakikitaan ng kuneksyon.<br>• Mayroon itong angkop na pamagat. Malinaw ang pagtukoy sa mga gawain o kilos na | • Naipapakita sa ginawang proposal ang ilang bahagi na inaasahan.<br>• Maayos ang pagkasunod-sunod ng mga bahagi at kinakiki-taan ng koneksyon May angkop na pamagat ngunit di-gaanong malinaw ang | • May nabuong pamagat ngunit di naangkop sa proposal.<br>• May kakulangan sa mga bahagi at walang natukoy na kilos, tao at panahon ng pagpapatupad ng batas. |

| KATEGORYA | PINAKA-MAHUSAY 4 | MAAYOS 3 | NALILINANG 2 | PASIMULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| | syon. Ito rin ay may angkop at nakakatawag-pansin na pamagat.<br>• Malinaw ang pagtukoy nito sa mga gawain o kilos na nais gawin o i-regulate, pati rin ang mga taong saklaw nito at ang duration o effectivity ng batas | nais i-regulate, pati rin ang mga taong saklaw nito at ang duration o effectivity ng batas | pagtukoy sa mga gawain o kilos na nais i-regulate, pati rin ang mga taong saklaw nito at ang duration o effectivity ng batas | |
| **Presentasyon** | • Malikhain ang pagpapahayag ng napiling hakbang at kaparaanan. Ito rin ay epektibo, konkreto at impluwensya. | • Malikhain ang pagpapahayag ng napiling hakbang at kaparaanan. Ito rin ay epektibo, konkreto at impluwensya. | • May mga bahagi ng pagpapahayag na di kapani-paniwala at di masyadong nakakatawag-pansin | • Hindi nakakakuha ng pansin at kinakikitaan ng mga katangian na makakatawag pansin. |


Matapos mong magawa ang Performance Task ay subukan mong suriin ang iyong naging ginawang batas.

**GAWAIN 20** **Self-Assessment Sheet:**

Ang *self-assessment* ay may tatlong kategorya. Nasa unang kategorya ang Pagkalap ng Datos, Ebidensya ng Pagkaunawa**.** Pagsusuri at Repleksyon.

Guhitan mo ng *horizontal line* o pahalang na linya ang arrow upang maipakita mo ang iyong pag-unlad sa bawat kategorya. Pwede mong iguhit ang linya malapit sa “No” kung sa palagay mo ay marami ka pang dapat gawin sa kategoryang ito. Maaari mo ring iguhit ang *horizontal line* malapit sa bahagi ng “Yes” kung sa palagay mo ang iyong mga gawa ay nagpapakita ng mga katangian ng nasa kategorya.

Siguraduhin lang na naiguhit mo ang linya sa pinakamalapit na lugar ayon sa iyong pag-unlad. Matapos itong gawin ay *i-plot* mo ang mga nagawang linya kagaya ng isang *line graph* upang makita mo ang iyong pag-unlad.



**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Sa bahaging ito ay nasubukan mo kung paano gumawa ng batas na siyang tutugon sa panawagan ng mga kababaihan na nagkaroon ng di maayos na karanasan sa ilang mga bansa o lugar sa Asya dahil sa kanilang nakagisnang legal na sitwasyon at tradisyon .

***Nakatulong ba ang gawaing ito upang makita mo ang gamit ng paksang ito sa totoong buhay? Paano?***

## PANGHULING PAGTATAYA:

1. Tanyag ang Dinastiyang Chou sa Tsina dahil sa mga pilosopo at iskolar sa panahong iyon. Alin sa mga pahayag ang nagmula kay Mencius?
    a. Ang kabanalan ay kabutihan.
    b. Wala kailanmang isang mabuting digmaan.
    c. Ang hindi mo ibig na gawin sa iyo ay huwag mong gawin sa iba.
    d. Mananatili ka sa hulihan at walang salang mapupunta ka sa unahan.

2. Anong paniniwala ang nagpapakita ng mataas na pagtingin sa sarili at pagiging superior sa lahat?
    a. Propriyedad
    b. Banal na Pinagmulan
    c. Sinocentrism
    d. Devaraja

3. Sinong personahe ng Tsina ang ayon sa mga pagsusuri ng kababaihan sa kasalukuyan ay may malaking impluwensya sa mababang pagtingin at katayuan ng mga babae doon?
    a. Confucius
    b. Hammurabi
    c. Lao Tzu
    d. Ur Nammu


4. Ang Zoroastrianismo ang naging pangunahing relihiyon ng imperyong Persia sa panahon ni Darius I. Alin sa mga ito ang turo ng Zoroastrianismo?
    a. Ang daigdig ay labanan ng puwersa ng kabutihan at puwersa ng kasamaan.
    b. Ang kaluluwa ng isang mabuting tao ay muling isisilang sa isang taong may mataas na kalagayan.
    c. Ang Palestina ay isang Lupang Pangako.
    d. Ang pagdurusa ay sanhi ng makasariling paghahangad.

5. Kung kabilang ka sa mababang antas sa Sistemang Kasta sa India noong sinaunang panahon, magiging mahalaga sa iyo ang relihiyong Budismo sapagkat;
    a. Ang turo ay nagdiditermina sa mga kakayahan ng tao sa paggawa.
    b. Ang turo ay nakasentro sa katungkulan ng tao sa lipunan.
    c. Ang turo ay nakasentro sa paglilinis ng kaluluwa.
    d. Ang turo ay nakasentro sa pagpapahalagang pantao.

6. Sa bandang ika-15 dantaon, ang asya ay nagsimula nang magkaroon ng malawak na ugnayan sa mga taga-kanluran. Alin dito ang isa sa mga natutuhan ng mga Hindu sa mga Persian?
   a. Ang kaalaman sa pamamalakad ng pamahalaan at malawak na lupain.
   b. Ang kulturang Hellenistic mula kay Dakilang Alexander.
   c. Ang paggamit ng arko at dome sa arkitekturang Indian.
   d. Ang pagtataas ng moralidad ng tao gaya ng pagbabawal sa sugal at alak.

7. Tignan ang mga mapa sa baba. Saan umusbong ang unang kabihasnan sa Asya?


*a*




*c*




*b*




*d*




8. Ang kaisipang sinocentrism ay nagmula sa bansang Tsina. Paano ito nakaapekto sa pamumuhay ng mga tao sa Tsina?
   a. Nang sinakop ng mga Kanluranin ang Tsina kaagad nitong tinanggap ang mga ito.
   b. Tinaboy ng mga Tsino ang mga Kanluraning mananakop.
   c. Binigyan ng mga Tsino ang mga Kanluranin ng saklaw na impluwensya sa kanilang bansa.
   d. Naging madali para sa mga Tsino ang makipagkasundo sa mga Kanluranin

9. Nakapag-ambag ng ilang bagay sa kabihasnan ang mga Sumerian. Alin ang pinakamahalaga rito?
   a. Ang Kodigo ni Hammurabi
   b. Ang paglikha ng kanal at dike
   c. Ang sistema ng pagsulat na cuneiform
   d. Ang templong Ziggurat

10. Ang *Great Wall of China* na itinayo ng mga intsik ay isa sa mga kinikilala sa kasaysayan. Bakit natayo ang Dakilang Moog ng Tsina?
    a. Dahil sa bukas na bahaging hilaga ng Tsina.
    b. Dahil sa paggawa ng isang daan sa hilaga.
    c. Dahil sa panganib sa paglusob ng mga Hun.
    d. Dahil sa mithiing mapaganda ang palibot ng Tsina.

11. Ano ang ibig ipahiwatig ng imaheng ito tungkol sa papel ng mga kababaihan sa sibilisasyong India ?
    a. Ang babae ay aliwan lamang ng lalake.
    b. Ang babae ay pambahay lamang.
    c. Mababa ang katungkulan ng babae sa lipunan
    d. Simbolo ang mga kababaihan ng "fertility ".

12. *If the wife of a man followed after another man and he slept with her, they shall slay that woman, but that male shall be set free."* Alin sa mga ito ang kahulugan ng pahayag ng Koda ni Ur Nammu?
    a. Mahina ang babae at kailangang diktahan ng kalalakihan.
    b. Laganap na noong una pa ang diskiriminasyon sa kababaihan.
    c. Ang sinaunang sibilisasyon ay may mababang pagtingin sa kasal .
    d. Ang babae ay walang karapatang humawak ng katungkulan sa pamahalaan

13. Ibat-ibang imperyo ang sumakop sa Mesopotamia at India at ibat-ibang dinastiya ang umusbong ang namuno sa Tsina. Paano nakakaapekto ang pabagu-bagong pamamahala at pananakop sa isang lugar.
    a. Bumagsak ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya.
    b. Naging magulo sa mga bansang ito.
    c. Nakilala ang mga bansang ito sa daigdig.
    d. Sumibol ang mga mahahalagang ambag ng bawat imperyo.

14. Base sa ating mga aralin,ano kaya ang dahilan at hindi na naggalugad pa ng mga bagong lupain ang mga Asyano?
    a. Wala na silang panahon upang maggalugad.
    b. Kakulangan sa kaalaman at kakayahang teknikal at pinansyal.
    c. Nakatuon pa ang mga Asyano sa pagpapatatag ng kanilang kaharian.
    d. Dahil ang mga Asyano ay naniniwala na kumpleto na ang pangangailangan nila.

15. Kung kabilang ka sa mababang antas sa Sistemang Kasta sa India noong sinaunang panahon. Bakit magiging mahalaga sa iyo ang relihiyong Budismo?
    a. Ang turo ay nagdiditermina sa mga kakayahan ng tao sa paggawa.
    b. Ang turo ay nakasentro sa katungkulan ng tao sa lipunan.
    c. Ang turo ay nakasentro sa paglilinis ng kaluluwa.
    d. Ang turo ay nakasentro sa pagpapahalagang pantao.

16. Ikaw ay isang opisyal ng isang barangay at naatasang maging speaker sa isang programa sa inyong barangay sa nalalapit na kapistahan na may

temang “Nasa Ating mga Kama yang Kaunlaran”. Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghandaan sa iyong talumpati.

a. Ang mga halimbawang ipakikita ay nakakatawa upang hindi mawala ang interes ng mga manunood.
b. Ang mga larawang ipakikita ay makukulay upang ito ay maging kabighabighani sa mga manunood.
c. Magpapakita ng mga larawan na nagpapakita ng mga nagawa n gating mga ninuno na naging kapakipakinabang sa kasalukuyan upang makapagbibigay ng inspirasyon sa mga manunood.
d. Gagamit ng makabagong teknolohiya upang maging kapanipaniwala ang iyong sa mga manunood

17. Ikaw ay lider ng Womens Group ng inyong Baranggay at sa nalalapit na Marso ay maglulunsad kayo ng kumpetisyon ng Huwarang Babae ng Barangay sa selebrasyon ng Women’s Month. Ano ang isa sa magiging krayterya mo sa pagpili ng mananalo?

a. Kaayusan at organisasyon ng tahanan.
b. Kalinisan ng mga anak at bahay.
c. Kakayahan sa pag-angat ng sarili at komunidad
d. Tapat na paglilingkod sa pamilya at asawa.

18. Ikaw ay naatasang tumayong Pangulo ng ASEAN, ano ang gagawin mo kung narinig mo na may nagbabalak sumakop sa Asya?

a. Magbibitiw sa posisyon.
b. Magdedeklara ako ng digmaan.
c. Dagdagan ko ang badyet ng Defense.
d. Aalamin kong mabuti kung ito ay may katotohanan bago gumawa ng hakbang.

19. Bumagsak ang Kabihasnang Sumer dahil sa ito ay binubuo ng magkakahiwalay na estado. Dahil sa kawalan ng pagkakaisa, madali itong nasakop at bumagsak. Tulad ng Mesopotamia, ang ating bansa ay binubuo ng maraming pulo kung kaya’t nagkaroon tayo ng iba’t ibang pangkat at kultura. Kung ikaw ang kasalukuyang pangulo ng ating bansa, anong proyekto ang maaari mong gawin upang magkaroon ng ugnayan at pagkakaisa ang iba’t ibang pangkat ng mga Pilipino?

a. Mamahagi ng mga aklat na naglalarawan ng kultura ng lahat ng pangkat ng mga Pilipino upang maunawaan ang kultura ng bawat isa.
b. Magsasagawa ng mga proyektong pagpatayo ng tulay upang mapagdugtung-dugtong ang mga kapuluan sa Pilipinas.

c. Magpanukala ng batas na nag-uutos na dapat magkaisa ang mga Pilipino upang ang lahat ay obligadong gawin ito.
d. Magsagawa ng mga proyektong pangkultural na maaring lahukan ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas upang magkaroon ng pagkakataon na makipag-interaksyon sa bawat isa.

20. Ikaw ay isa sa mga lider ng isang pamayanan, naatasang ipamahagi sa kabataan ang pamamaraan upang maipagmalaki nila ang pagiging Asyano, sa anong paraan mo ito gagawin?
    a. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng booklet.
    b. Paggawa ng brochure tungkol sa katangian ng mga Asyano.
    c. Pag-anyaya sa mga kabataan na dumalo sa isang forum.
    d. Magtanghal ng isang "cultural show" na nagpapakita ng katangian ng mga Asyano

**GLOSARYO NG MGA TERMINO NA GINAMIT SA MODYUL**

**Dowry Death** - Pagkitil sa buhay ng babae dahil sa dowry
**Foot Binding** - Pagtali sa paa ng mga batang babae sa Tsina dahil sa paniniwalang ito ay kaakit-akit
**Gendercide** - Ito ay tumutukoy sa isang malawakang pagkitil ng buhay ayon sa kasarian
**"gynocide" and "femicide,"** - Ito ang tawag wrongful killing ng mga babae.
**Honor Killing** - Pagpatay sa mga kababaihan dahil sa pagsuway s utos ng magulang dahil nagdulot umano ito ng kahihiyan sa pamilya.
**Kitchen Fire** - Kalimitang dahilan ng kamatayan ng mga babae sa India na may kinalaman sa dowry.
**Patriarchal** -Sistema ng lipunan na kung saan ang lalake ang siyang may kapangyarihan
**Sati** - Ito ang tawag sa ritwal ng pagsunog ng babae sa sarili sa pagkamatay ng kanyang asawa.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL


http://history-world.org/sumerianlaws.htm
Ito ay naglalaman ng mga batas sa Sumeria.

http://realhistoryww.com/world_history/ancient/Misc/Sumer/ur_nammu_law.htm
Ito ay naglalaman ng batas ni Ur Nammu ng sumer

http://www.phillipmartin.info/hammurabi/hammurabi_situation_index.htm
Ito ay isang laro na may kinalaman sa pagpataw ng batas ni Hammurabi.

http://www.christianleadershipcenter.org/women5.htm
Isang artikulo na ipinapaliwanag ang relihiyon at kaugnayan nito sa sitwasyon ng babae.

http://prezi.com/pa5uswmmj2ln/sumerian-social-classes-and-roles-of-woman/
Ito ay isang prezi presentation tungkol sa mg babae sa Sumeria.

http://ant3145indusvalley.wikispaces.com/The+Placement+of+Women+in+the+Indus+Valley Ipinapaliwanag rito ang kalagayan ng mga babae sa Indus Valley

http://web.singnet.com.sg/~thiens/story1.htm
Artikulo at video na ito tungkol sa mga kababaihan sa India

http://rashmanly.com/2008/09/13/15858/
Naglalaman ito ng blog tungkol sa dowry death.

http://period40910.wikispaces.com/Gender+Roles+-+Huang+He
Artikulo tungkol sa kalagayan ng mga babae sa Tsina

http://freethoughtblogs.com/taslima/2012/06/03/the-living-dead-2/
Ito ay isang blog tungkol sa epekto ng funeral fire sa India.

http://www.slideshare.net/fatima86/dowry-death-in-india-finalpptx#btnNext
Powerpoint ito tungkol sa dowry death ng India

http://library.thinkquest.org/07aug/01579/apsara1.html
Naglalaman ito ng artikulo tungkol sa mga isyu na may kinalaman sa pagtrato sa babae sa Tsina.

http://www.annenbergclassroom.org/speakouts
Ipinapakita rito ang isang proseso sa classroom ng paggawa ng batas.

http://congress.indiana.edu/e-learning-module-the-dynamic-legislative-process
Nagpapakita ito ng isang interactive law making process

http://www.annenbergclassroom.org/page/one-schools-fight-the-making-of-a-law
Ipinapakita rito ang halimbawa ng isang grupo ng kabataan upang makabuo ng batas.

http://www.text2mindmap.com/
Ito ay isang on-line mind mapsoftware.

**Audio:**

http://www.npr.org/player/v2/mediaPlayer.html?action=1&t=1&islist=false&id=8966942&m=8967078
Isang podcast tungkol sa usapin ng foot binding.

http://www.npr.org/templates/story/story.php?storyId=5043032
Ito ay naglalaman ng link sa audio at transcript tungkol sa 'Honor Killings'

**Video:**

www.youtube.com/watch?v=pF1j22x-yU8

**Images:**

http://bestclipartblog.com/31-book-clip-art.html/book-clip-art-11
Ito ay link sa book Clipart

http://bestclipartblog.com/13-light-bulb-clip-art.html/Light-bulb-clip-art-3
Ito ay link sa lightbulb clipart

http://www.educationoasis.com/curriculum/GO/GO_pdf/causeeffect_events.pdf
Ito ang pinagkunan ng cause events na organizer

http://yeyeolade.wordpress.com/category/the-sumerians-were-black/
Ito ay naglalaman ng mga larawan ng kababaihan assumer

http://haiderajaz.blogspot.com/2010/05/picturization-of-ipc-sections.html
Larawan ng Anti-dowry Law

http://wcd.nic.in/dowryprohibitionact.htm
Kopya ng Anti-Dowry Law

Dog abuse
http://www.glogster.com/degrassichik/stop-animal-abuse-aspca/g-6mdm96p9bhremtotbcaj9a0

http://girrlearth.com/tag/university-of-wisconsin-animal-experiments-animal-abuse-lab-research/
Experiment on monkey

# Aralin 6: Ang mga Kontribusyon ng mga Sinaunang Lipunan at Komunidad sa Asya

## ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Umusbong ang mga unang sibilisasyon san mundo sa kontinenteng Asya. Kaakibat nang pag usbong ng sibilisasyon ang pagbuo ng Asyanong kasarinlan. Paano nga ba nabuo ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya? Naniniwala ka ba na ang pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano ay may kinalaman sa pag-usbong at pag-unlad ng Kabihasnang Asyano?

Sa modyul na ito, inaasahan ka na kritikal na makapagsusuri sa mga pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano na nagbibigay daan sa paghubog ng sinaunang kabihasnan at sa pagbuo ng pagkakilanlang Asyano. Gayundin, mapapahahalagahan mo ito sa kasalukuyang panahon. Higit sa lahat, malalaman mo ang sagot sa tanong na ito: **Paano nakaimpluwensiya ang pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano sa paghubog ng kabihasnang Asyano?**

## ☑ Saklaw ng Modyul


Ang modyul na ito ay naglalaman ng mga sumusunod na aralin:

| Aralin Blg. | Pamagat | Matutuhan mo ang… | Bilang ng Oras/ Sesyon |
|---|---|---|---|
| Aralin 6 | Ang mga Kontribusyon ng mga Sinaunang Lipunan at Komunidad sa Asya | • Napahahalagahan ang mga kontribusyon ng mga sinaunang lipunan at komunidad sa Asya.<br>• Nasusuri ang mga mahahalagang pangyayari mula sa sinaunang kabihasnan hanggang sa ika-16 na sa siglo sa: (a) pamahalaan, (b) kabuhayan, (c) teknolohiya, (d) lipunan, (e) edukasyon, (f) paniniwala, (g) pagpapahalaga, at (h)sining at kultura.<br>• Natataya ang impluwensiya ng mga paniniwala sa | |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | kalagayang panlipunan, sining, at kultura ng mga Asyano. | |

## ☑ Concept Map ng Modyul

Ito ang simpleng *concept map* ng mga araling tatalakayin sa modyul na ito.




## ☑ Inaasahang mga Kasanayan

Pagkatapos na mapag-aralan at gawin ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Nakapagsasaliksik at nakapagsusuri ng mga artikulo at mga datos.
2. Napahahalagahan ang iba't ibang paniniwala at kaugalian.
3. Nakagagawa ng mga grapikong pantulong sa pag-unawa.
4. Nakapagpapaliwanag ng mga datos.
5. Nakagagawa ng paglalarawan ng mga dahilan at epekto ng panrelihiyong alitan.
6. Nakagagamit ng mga materyales mula sa teknolohiya.
7. Nakabubuo ng konseptong mapa.
8. Nakikilahok sa pangkatang talakayan.
9. Nakalilikha ng mga alternatibong solusyon sa mga suliraning pangrelihiyon.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan nang pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutan lahat ang mga tanong. Pagkatapos, makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Sa kabila ng kasaganaang dulot ng Sumer, may pinsala ring dulot ito sa mga sinaunang taong namuhay dito. Ang pag-apaw ng ilog ay nagdudulot ng baha, gayundin, ang hindi pagdating ng ulan ay nagiging sanhi ng tagtuyot. Paano ito natugunan ng mga sinaunang tao?
   a. Pinataasan nila ang kanilang lupain at nagpagawa ng mga patubig.
   b. Inilipat nila ang agusan ng tubig patungo sa karagatan at nagpagawa rin ng kanal patungo sa mga taniman.
   c. Gumawa sila ng kanal upang mapadaloy ang tubig mula sa ilog patungo sa kanilang mga sakahan at binakuran ang kanilang lungsod ng mga huwad upang maiwasan ang baha.
   d. Pinagpasiyahan nilang lumipat sa higit na mas mataas na lupain sa rehiyon.

2. Ang kodigo ng Hammurabi ay patunay na sa sinaunang lipunan pa man ng mga Asyano ay mayroon ng mga batas na nagbibigay- halaga sa karapatan ng mga kababaihan. Ano ang pinagkaloob nito?
   a. Nagkaloob sa mga kababaihan ng kalagayan sa lipunan.
   b. Nagkaloob sa mga kababaihan ng hanapbuhay sa labas ng kanilang tahanan.
   c. Nagkaloob sa mga kababaihan ng karapatang makiapid.
   d. Nagkaloob sa mga kababaihan ng karapatang mabigyan ng dote galing sa kaniyang asawa kung sila ay maghihiwalay.

3. Sa pagdaraan ng panahon, ang kabihasnan sa ilog-lambak ng Indus ay pinaniniwalaang naglaho. Ano ang dahilan nito?
   a. Lumikas sa ibang lupain ang mga taong naninirahan dito.
   b. Nag-iba ang mga daanan ng daloy ng Indus River kasabay nito ay naglaho rin ang kasaganahan ng lambak.
   c. Natalo ng ibang pangkat ang mga tao at tuluyan na itong lumikas.
   d. Lumikas sa mga bundok ang mga tao upang makaiwas sa baha.

4. Ang ”Kautusan ng Kalangitan” ay naging sentrong pananaw ng mga Tsino sa pamamahala. Ito ay bunga ng kanilang paniniwala na ang__________.
   a. Maayos na pamamahala ay nagbibigay ng mapayapang panahon sa dinastiya at tanda ng pagsang-ayon ng mga ninunong espirituwal sa pamamalakad ng hari.
   b. Maayos na pamamalakad ay kapalit na kabutihan at ang tiwaling pamamalakad ay may kahambing na parusa.
   c. Kapag ang namumuno ay may tiwala sa Diyos, ito ay pananatilihin ng Diyos sa kanyang panunungkulan.
   d. Butihing pinuno ay aayunan ng kanyang mga nasasakupan at ang tiwaling pinuno ay aayawan ng kanyang nasasakupan.

5. Ang Asya ay larawan ng isang masalimuot at pagkakaiba-iba. Ano ang dahilan nito?
   a. Dito nandayuhan ang maraming tao mula sa iba’t ibang bahagi ng mundo.
   b. Ito ay binubuo ng iba’t ibang katangiang pisikal, pangkat-etniko at wika.
   c. Ito ang naging lundayan ng sinaunang kabihasnan.
   d. Dito naganap ang maraming kasaysayan.

6. Sa pag-unlad ng kalinangan, natuklasan ng tao ang kawalan ng katiyakan ng sinaunang buhay sa mahabang panahon. Ano ang nangyari?
   a. Natutuhan ng taong mamuhay ng pirmihan at natuklasan ang agrikultura.
   b. Ipinagpatuloy ng tao ang pangangaso’t pagtitipon.
   c. Tinuklas nila ang apoy.
   d. Kininis nila ang kanilang kagamitan.

7. Saan nakasentro ang buhay ng mga sinaunang kabihasnan sa *Fertile Crescent*?
   a. Pagtatanim ng pagkain
   b. Pagbuo ng batas kodigo
   c. Relihiyong kanilang pinaniniwalaan
   d. Pagpapalawak ng lupain

8. Paano nakatulong ang kapaligiran sa pag-usbong ng mga sinaunang kabihasnang Asyano?
   a. Ang pagkaubos ng pagkain sa isang lugar ang dahilan ng nomadikong pamumuhay ng mga sinaunang tao sa Asya.
   b. Ang paglaganap ng mga bagong lupain ang dahilan ng pananakop ng malalakas na pangkat ng mga sinaunang tao sa mahihinang pangkat.
   c. Ang pag-apaw ng mga ilog sa lambak ang dahilan ng pagkakaroon ng matatabang lupain na mainam para sa pag-unlad ng kultura at pagsasaka.

d. Ang mababang uri ng pamumuhay ay kusang binura ng kapaligiran upang magpasimula ng mas mataas na antas ng sistema ng pamumuhay.

9. Ang mga sumusunod ay mga salik na nagbibigay-daan sa pagsibol ng mayaman at maunlad na kultura at kabihasnang Asyano maliban sa:

   a. Pagkakaroon ng mataas na antas ng kaalaman sa sinaunang agham at teknolohiya.
   b. Ang pagkakaimbento ng sistema ng pagsusulat at pagkakaroon ng kaalaman sa arkitektura na nagbigay ng mayamang sining at literatura.
   c. Naniniwala ang mga sinaunang Asyano na ang kalikasan ay kinokontrol ng mga diyos at diyosa kung kaya nagkaroon ng sistemang pangrelihiyon.
   d. Ang malakas na pangkat ng mga sinaunang mamamayan ang tanging binigyan ng pagkakataon ng kapaligiran na magkaroon ng mataas ng kabihasnan.

10. Paano naimpluwensiyahan ng kabihasnang sinimulan ng mga sinunang Asyano ang makabagong sistema ng pamumuhay?
    a. May mga Asyano pa rin sa kasalukuyan ang nabubuhay sa isang payak na pamumuhay na halos katulad sa panahong prehistoriko.
    b. Naging bahagi ng pang- araw-araw na pamumuhay ng makabagong panahon ang kulturang sinimulan ng nakaraan.
    c. Itinuturing na mababang sistema ng pamumuhay ang sinaunang kabihasnan kaya kailangang higitan ito ng makabagong panahon.
    d. Ang paglalagay ng mga kagamitang ginagamit ng mga sinauna sa mga museo at sa mga tahanan ang pangunahing indikasyon na mahalaga ang sinunang kultura.

11. Isinasaad sa apat na *noble* ng katotohanan ng Budhismo na "Buhay ay nangangahulugan na puno ng paghihirap". Ano ang kahulugan ng ganitong pahayag?
    a. Hindi natatakasan ang kahirapan at kalungkutan sa buhay.
    b. Kahit pa magsumikap ang tao ay makararanas pa rin siya ng paghihirap.
    c. Panghabambuhay ang paghihirap ng tao.
    d. Bahagi na ng buhay ng tao ang paghihirap at pagpapakasakit.

12. Ang kultura ay mahalaga sa isang bansa. Kung walang tradisyunal na kultura, walang makabagong kultura at kung hindi aangkop sa makabagong lipunan ang tradisyon at kultura mahihirapan itong panatilihin ng tao. Ano ang mensaheng ipinapaabot ng pahayag?
    a. Ibagay ang kultura at tradisyon sa mga kaganapang panlipunan.
    b. Isabuhay at ibahagi ang mga magagandang kultura at tradisyon ng bansa.

   c. Ang lumang kultura at tradisyon ay pahalagahan at pagyamanin at ariin itong mahalagang haligi ng bansa.
   d. Dapat pahalagahan ang mga kultura ng bansa.

13. Alin sa mga sumusunod ang may pinakamahalagang salik sa paghubog at pagbago ng antas ng kalidad ng kabihasnan?
   a. klima
   b. politika
   c. tao
   d. halaman at mga hayop

14. Isa ka sa mga lider ng isang pamayanan. Naatasang ipamahagi mo sa mga kabataan ang pamamaraan upang maipagmalaki nila ang pagiging Asyano,sa anong   paraan mo ito gagawin?
   *a.* Sa pamamagitan ng pamamahagi ng *booklet*
   b. Paggawa ng *brochure* tungkol sa katangian ng mg Asyano.
   c. Pag- anyaya sa mga kabataan na dumalo sa isang *forum.*
   d. Paghanda ng sayaw.

15. Suriin ang mga larawan. Ano ang ipinahiwatig nito?




   a. Hindi posibleng makamit ang pagkakaunawaan dahil sa iba't ibang pananaw at pananampalataya.
   b. Nag- ugat ang alitan ng mga bansa sa pagkakaiba-iba nang sinusunod na relihiyon at pilosopiya.
   c. Makakamit ang kapayapaan kung mayroong pagrespeto sa pananaw at pananampalataya sa kapwa.
   d. Hindi nakatutulong ang *interfaith dialogue* sa pagkakaroon ng kapayapaan at pagkaunawaan.

16. Panoorin ang *video* sa pamamagitan ng pag-klik sa *link*: https://www.youtube.com/watch?v=QbG-yhJvNxY. Batay sa *video,* paano nakaaapekto ang modernisasyon sa mga panrelihiyong arkitektura at sining?
   a. Napapaganda nito ang mga templo.
   b. Nakokompromiso nito ang mga mahahalagang paniniwala ng bawat relihiyon.

c. Napapaunlad nito ang sining ng mga Asyano.
d. Hindi ito nakakaapekto sa arkitektura at sining.

17. Basahin ang mga sumusunod na artikulo:

Impact of Buddhism on Socio-Religious Life of the Asian People with Special Reference to Sri Lanka, China and Tibet
http://www.exoticindiaart.com/book/details/impact-of-buddhism-on-socio-religious-life-of-asian-people-with-special-reference-to-sri-lanka-china-and-tibet-IDK139/

Impact of Religious Faith
http://www.bizymoms.com/vacationsandtravel/influence-of-religion.html

Paano nakakaimpluwensiya ang relihiyon at pilosopiya sa kabihasnang Asyano?
a. Nagiging batayan sa pagpili ng pinuno sa isang bansa ang relihiyon o pilosopiya
b. Ang sining, kultura, arkitektura at mga kagawian ay naayon sa paniniwala o pananampalataya ng mga Asyano.
c. Ang ugali ng mga Asyano lamang ang naiimpluwensiyahan ng relihiyon at pilosopiya.
d. Hindi naapektuhan ng relihiyon o pilosopiya ang kabihasnang Asyano.

18. Napili ka bilang delegado ng Pilipinas sa isang *Asian religious forum*. Paano mo maipapahayag ang mensahe ng kapayapaan?
a. Maging sensitibo at bukas ang isip sa mga iba't ibang paniniwala at pananampalataya.
b. Maging mapanuri sa mga nangyayari sa iyong kapaligiran.
c. Maging mapili sa mga taong masasalamuha.
d. Maging mapagmataas at hindi tatanggapin ang opinyon ng iba.

19. Ang iyong kaibigan ay napili ng iyong mayor para kumatawan sa gagawing *Youth Meeting* sa Thailand na dadaluhan ng piling mag-aaral mula sa iba't ibang bansa sa Asya. Maglalahad siya ng mga kalutasan sa problemang kinakaharap ng mga kabataan sa Pilipinas. Alin sa mga sumusunod ang dapat niyang ihanda at isalang-alang?
a. Datos na naglalaman ng mga suliranin ng kabataang Pilipino.
b. Mga sanaysay na naglalaman ng maraming kalutasan sa problema ng kabataang Pilipino.
c. *Progress Report Chart* ng bansa
d. Datos na naglalaman ng suliranin at datos na naglalaman kung paano ito nalutas ng bansa.

20. Kakatawanin mo ang Pilipinas sa pagpupulong ng mga *student leader* ng ASEAN. Layunin ng nasabing pagpupulong ang matukoy ang mga maparaang pagkamit ng kapayapaan at pagkakaisa sa rehiyon. Ano ang iyong naging mungkahi?
    a. Palaguin ang ekonomiya ng bawat bansa.
    b. Magkakaroon ng kampanya para maunawaan ang *religious tolerance*.
    c. Maging bukas ang mga bansa sa mga mamumuhunan.
    d. Sugpuin ang terorismo sa Asya.

## PAGTUKLAS

Madalas nating sabihin na ang kontinente ng Asya ang siyang pinagmulan ng iba't ibang kabihasnan. Batay sa ating mga nababasa, ang mga impluwensiya ng sinaunang kabihasnan ay nakikita at nararamdaman pa rin hanggang sa ngayon. Isa mga impluwensiyang elemento ng kabihasnan ay ang relihiyon.

Sisimulan natin ang modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa isang journal prompt.

### GAWAIN 1. Journal Prompt

Gamit ang Evernote, isulat ang iyong sagot sa sumusunod na mga tanong.

Sundin ang sumusunod na mga hakbang:

1. I-*type* ang www.evernote.com at i-klik ito.
2. Mag- *sign- up* upang magamit ang *web* 2.0 *application* na ito.
3. Pagkatapos mag- *sign-up*, mag-*log- in* gamit ang iyong *e-mail.*
4. Sumulat ng sanaysay gamit ang www.evernote.com.
5. I-*save* ang nabuong sanaysay o kaya'y i-*send* ang *link* sa iyong guro sa pamamagitan ng *send message icon sa student's dashboard.*

1. Ano ang iyong relihiyon?
2. Paano nakaapekto ang relihiyon sa iyong pang- araw-araw na buhay?
3. Paano naiimpluwensiyahan ng relihiyon ang iyong pamilya at pamayanan?
4. Paano nakaimpluwensiya ang pilosopiya,relihiyon at kaisipang Asyano sa paghubog ng kabihasnang Asyano?

Naibahagi mo na ang iyong mga sagot sa mga tanong na patungkol sa iyong relihiyon at ang impluwensiya nito sa iyong pang- araw-araw na buhay. Sa susunod na gawain, inaatasan ka na magbigay ng iyong pananaw na may kaugnayan sa relihiyon at kabihasnang Asyano.

## GAWAIN 2. Bahagdan ng Aking Pag-unawa

Isulat sa unang bahagdan ang iyong sagot sa tanong: **Paano nakaimpluwensiya ang pilosopiya,relihiyon at kaisipang Asyano sa paghubog ng kabihasnang Asyano?**

Panghuling Bahagdan

Pangalawang Bahagdan

SAVE

Unang Bahagdan

Sagutin mo ang tanong.

Ano sa palagay mo ang layunin sa araling ito? Paano mo ito maisasagawa? Ano ang maaari mong gawin upang matapos ang aralin sa takdang panahon? Isulat mo sa kahon ang iyong sagot.

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas**

Naibahagi mo na ang iyong inisyal na kaalaman na may kinalaman sa ating paksa.Tingnan natin sa susunod na gawain kung alin dito ang tama at mali. Habang naghahambing ka, napagtanto mo kung ang iyong kaalaman ay may kaugnayan sa pamantayan. Mapag-aaralan mo ang ibang konsepto na makatutulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto ng modyulna ito. Ang paggawa ng multimedia presentation ang proyekto. Umpisahan nating linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng mga susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng aralin, unti-unti mong aalamin kung paano nakaimpluwensiya ang pilosopiya,relihiyon at kaisipang Asyano sa paghubog ng kabihasnang Asyano.  Ang layunin mo sa bahaging ito ay masuri ang ilang mahahalagang impormasyon hinggil sa ambag ng sinaunang lipunan sa kasalukuyang kalagayan ngayon ng Asya.. Mauunawaan mo rin ang kahalagahan ng pagpreserba ng mga pamanang ito. Upang iyong malaman ang mga paraan, ipagpatuloy mo ang modyul.

Ang layunin mo sa bahaging ito ay masuri ang ilang mahahalagang impormasyon hinggil sa ambag ng sinaunang lipunan sa kasalukuyang kalagayan ngayon ng Asya.Sa nakaraang gawain, naipamahagi mo ang iyong inisyal na pagkaunawa patungkol sa mga kontribusyon ng sinaunang kabihasnan. Upang mapatotohanan ito, gawin mo ang susunod na gawain.

### GAWAIN 3. Suriin Mo!

Panoorin at suriin mo ang iba't ibang *video clip.* I-klik ang ang mga sumusunod na *link.* Gamit ang *Zoho Notebook* (https://notebook.zoho.com/) , isulat ang iyong mga obserbasyon.

a. http://www.youtube.com/watch?v=IMqUTnf2Ipk
   *(Street dancing opening for Sinulog Festival)*
b. https://www.youtube.com/watch?v=NpFd250EHWs
   (Ilang katoliko, naniniwala pa rin sa mga pamahiin tuwing kwaresma)
c. https://www.youtube.com/watch?v=ciYO7mWq3Og
   *(Buddhist Chant)*
d. https://www.youtube.com/watch?v=9Onrx9kaDZ4
   *(Awit para sa patay)*

Hakbang sa paggamit ng zohonote:

1. I-*type* ang https://notebook.zoho.com at i-klik ito.
2. Pindutin ang *sign-up free* upang makapag-*sign-in.*
3. Pindutin ang 'new notebook' na *icon* at ang "add text page" upang maisulat ang iyong mga obserbasyon
4. I-klik ang *share email* upang maisumite ang iyong mga sagot sa *e-mail* ng guro.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano – ano ang mg bagay na nakita mo sa mga *video clip*?

2. Paano nito sinasalamin ang pilosopiya, relihiyon ,kultura at tradisyon ng isang kabihasnan?

3. Bakit mahalaga ang relihiyon, paniniwala at pilosopiya sa pagbuo ng isang kabihasnan?

4. Sa iyong palagay,paano nakatulong ang pilosopiya,relihiyon at mga ambag noong sinaunang panahon sa kasalukuyang kalagayan ng Asya sa ngayon?

5. Paano nga ba nakaimpluwensiya ang pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano sa pag-usbong ng kabihasnang Asyano?


________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
___________________________________________

Mula sa mga *video clip*, napag-alaman mo ang mga kagawiang hinubog ng relihiyon, pilosopiya at paniniwala. Nakamamangha kung paano ito napanatili sa kabila ng paglipas ng panahon. Mas lalo pang maintindihan ang aralin kung gagawin ang susunod na gawain.

## GAWAIN 4. **Pag-ugnayin Mo!**

May mga larawan na makikita sa ibaba.Suriin ang mga ito at pag-ugnay-ugnayin. Bumuo ng konsepto gamit ang mga ito.









Mula sa mga larawan,ang nabuo kong konsepto ay ______________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________________.

## GAWAIN 5. Basahin at Magtala

Basahin ang mga *link* sa ibaba. Naglalaman ang mga *link* na ito ng mga impormasyon tungkol sa iba't ibang relihiyon at pilosopiya sa Asya. Matapos mong basahin ay sagutan ang tsart sa ibaba nito.

A. Mga Relihiyon sa Asya

Zoroastrianism: History, Beliefs, and Practice
https://www.theosophical.org/publications/quest-magazine/42-publications/quest-magazine/1231-zoroastrianism-history-beliefs-and-practices

The Christian Religion
http://www.religionfacts.com/christianity/

The Buddha, His lIfe and Teaching
http://www.buddhanet.net/pdf_file/lifebuddha.pdf

Hinduism Facts
http://hinduismfacts.org/basic-beliefs-of-hinduism/

Islam
http://www.relationalconcepts.org/LinkClick.aspx?fileticket=cEnfvfgiAlg%3D&tabid=73

Judaism: Background, Basic Beliefs and Sacred Texts
http://www.uri.org/kids/world_juda_basi.htm

B. Mga Pilosopiya

Confucianism
http://www.religionfacts.com/a-z-religion-index/confucianism.htm

The Tao and Taoism
https://web.cn.edu/kwheeler/chinese_taoism.html

Legalism and the Legalists of Ancient China
http://www.applet-magic.com/legalism.htm

Batay sa iyong mga nakalap na impormasyon sagutan ang tsart sa ibaba.

| Pilosopiya/Relihiyon | Nagtatag | Mga Aral |
|---|---|---|
| Zoroastrianism | | |
| Christianity | | |
| Buddhism | | |
| Hinduism | | |
| Islam | | |
| Judaism | | |
| Confucianism | | |
| Taoism | | |
| Legalism | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano –anong mga relihiyon at pilosopiya ang naitatag sa Asya?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano – ano ang mga aral ng mga ito ?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Ano-ano ang pagkakaiba at pagkakapareho ng mga relihiyon at pilosopiya?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Naniniwala ka ba na ang mga pilosopiya/relihiyong ito ay may impluwensiya pa rin sa kasalukuyan? Paano?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________


5. Paano nga ba nakaimpluwensiya ang pilosopiya, relihiyon at kaisipang Asyano sa pag-usbong ng kabihasnang Asyano?




______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________


Mula sa tsart na nabuo, napag-alaman mo ang mga mahahalagang aral ng iba't ibang relihiiyon. Ang mga aral na ito ang gabay ng mga mamamayan sa kanilang araw-araw na buhay. Tingnan natin sa susunod na gawain kung ano-ano ang mga mahahalagang ambag ng sinaunang kabihasnan na lubos na naiimpluwensiyahan ng relihiyon, pilosopiya at paniniwala.

## GAWAIN 6. Pamana ng Sinaunang Asyano

Suriin ang mga larawan sa ibaba. Isulat ang relihiyon o pilosopiya na naging inspirasyon nito. Ipaliwanag kung paano nakaimpluwensiya ang relihiyon o pilosopiya sa pagkakaroon ng ganitong ambag.

| Mga Ambag | Relihiyon/Pilosopiya na nakaimpluwensiya | Paliwanag |
|---|---|---|
|   | | |
|   | | |
|   | | |

| | | |
|---|---|---|
|  CIVIL SERVICE EXAMS | | |
|  Ramayan | | |
|  | | |
|  Ikebana | | |

| | | |
|---|---|---|
|   | | |
|  | | |
|  | | |

Napatunayan mo ang malaking impluwensiya ng mga relihiyon, pilosopiya at kaisipan sa sinauna at kasalukuyang panahon. Nararapat lamang na pahalagahan ito.

## GAWAIN 7. Liham Pasasalamat

Mula sa mga kontribusyon na nabanggit sa naunang gawain, pumili ng isang ambag na iyong napapakinabangan sa araw-araw. Sumulat ng isang liham-pasasalamat at ilahad ang iyong pangako na pahahalagahan at gagamitin ito sa mabuting paraan. I- *post* ang iyong liham gamit ang TinyLetter.com. Isumite ang *link* sa iyong guro.

Hakbang sa paggamit ng Tiny.letter.com

- I-*type* ang https://tinyletter.com at i-klik ito
- I-klik ang *sign up free* upang makapag-*sign-in*
- I-klik ang *compose message* na *icon* upang makagawa ng liham at isumite ito sa iyong guro gamit ang *e-mail*

Nailahad mo na ang iyong pasasalamat sa mga ambag ng sinaunang kabihasnan. Tingnan natin ngayon kung ano-ano ang nabago sa iyong pag-unawa patungkol sa paksa.

| Ilagay dito ang *link* |
|---|
| |

Nailahad mo na ang iyong pasasalamat sa mga ambag ng sinaunang kabihasnan. Tingnan natin ngayon kung ano-ano ang nabago sa iyong pag-unawa patungkol sa paksa.

## GAWAIN 8. Bahagdan ng Aking Pang-unawa

Balikan ang Gawain 2 at isulat sa ikalawang bahagdan ang iyong sagot sa tanong: **Paano nakaimpluwensiya ang pilosopiya,relihiyon at kaisipang Asyano sa paghubog ng kabihasnang Asyano?**

Panghuling Bahagdan

Ikalawang Bahagdan

Unang Bahagdan

Ibahagi ang iyong isinulat sa pangalawang kahon gamit ang Voki. Isumite ang *link* ng iyong ginawa sa Voki.

Hakbang sa Paggamit ng Voki

- I-*type* ang http://www.voki.com at i-klik ito
- I-klik ang *register* upang makapag-*sign-in*
- I-klik ang *create* na *icon* upang makagawa ng *video clip* at isumite ang *link* sa iyong guro


Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga nabagong ideya mula sa inisyal na kaalaman na ibinigay mo?

2. Paano nabago ang iyong kaisipan tungkol dito?

3. Paano nakaimpluwensiya ang pilosopiya,relihiyon at kaisipang Asyano sa paghubog ng kabihasnang Asyano?

**Katapusang Bahagi ng Paglinang**

Binabati kita!

Sa puntong ito ay natalakay na ang mga paksa na may kinalaman sa pilosopiya,relihiyon na bumuo sa kaisipang Asyano na nagbigay ng matinding impluwensiya sa paghubog ng sibilisasyon sa Asya. Nabalikan mo na ang unang bahagi ng modyul na ito at napaghambing ang iyong inisyal na kaisipan sa pamamagitan ng iba't ibang gawain. Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Ano-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit?

Sa susunod na bahagi ng modyul, susuriin natin ang mga isyung may kinalaman sa mga impluwensiya ng relihiyon, pilosopiya at paniniwala sa buhay ng mga Asyano.

## PAGPAPALALIM

Matapos mong makalap ang mga pangunahing ideya tungkol sa ating paksa, nakasisiguro ako na may mga pang-unawa at konsepto na ang nabuo sa iyong isipan. Upang mapalalim ito, kailangang gawin mo ang mga sumusunod pang mga gawain.

**GAWAIN 9. Pagsuri ng mga Artikulo**

Basahin at suriin ang mga artikulo kung paano hinubog ng relihiyon at pilosopiya ang buhay ng mga Asyano.

Artikulo 1: How Your Philosophy Shapes Your Life (http://www.abcarticledirectory.com/Article/How-Your-Philosophy-Shapes-Your-Life/37863)

Artikulo 2: Fears of a new religious strife (http://www.economist.com/node/21582321/comments#comments)

Artikulo 3: ASIA/INDONESIA - Religious tolerance under the UN lens in Indonesia (http://www.news.va/en/news/asiaindonesia-religious-tolerance-under-the-un-len)

Kumpletuhin ang tsart sa ibaba.

| Mga Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Paano nakakaimpluwensiya ang relihiyon at pilosopiya sa buhay ng mga Asyano? | |
| 2. Bakit nagkaroon ng alitan dahil sa relihiyon o pilosopiya? | |
| 3. Paano mo mapalaganap ang pagkakaunawaan at pagkakaisa ng mga Asyano sa gitna ng pagkakaiba-iba ng pananamplataya at paniniwala? | |
| Ang aking nahinuha mula sa mga binasang artikulo ay | |

Isa sa mga artikulong binasa mo ay tungkol sa hindi magandang epekto ng pagkaiba-iba ng relihiyon at pananaw. Alamin kung paano ito tinutugunan sa pamamagitan ng susunod na gawain.

## GAWAIN 10. Video Analysis

Panoorin ang *video clip* na pinamagatang, Religious Tolerance is a MUST!, (https://www.youtube.com/watch?v=-PsRgO3vXbk)

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano iyong nadarama habang pinapanood ang *video*?

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

2. Ano ang mensahe ng *video*?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Bakit mahalaga ang *religious tolerance*?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Paano nakakaimpluwensiya ang relihiyon at pilosopiya sa buhay ng mga Asyano?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

Mayroon ka na ngayong ideya kung paano maiiwasan o matutugunan ang hindi pagkakaunawaan dahilan sa relihiyon o pilosopiya. Handa ka na ngayong gawin ang susunod na gawain.

## GAWAIN 11. Responsable Ako

Gamit ang Present.me, gumawa ka ng *video* na magpapakita ng iyong paggalang sa paniniwala ng iba't ibang relihiyon, pilosopiya at paniniwala ng kapwa Asyano.

Hakbang sa Paggamit ng Present me

- I-*type* ang https://present.me/content at i-klik ito
- I-klik ang *start freee trial* upang makapag-*sign-in*
- I-klik ang *get started* na *icon* at ang *add text page* upang maisulat ang iyong mga obserbasyon
- I-klik ang *share e-mail* uupang maisumite ang iyong mga sagot sa *e-mail* ng guro

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ipaliwanag kung paano nagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng iba't ibang relihiyon ang iyong ginawang *video*?

___

2. Bakit mahalagang magpakita tayo ng paggalang sa paniniwala ng iba't ibang relihiyon?

___


3. Paano hinubog at patuloy na hinuhubog ng mga pilosopiya ,relihiyon at kaisipang Asyano ang ating kabihasnan?

___


## GAWAIN 12. Confucian din ako!

Sa ibaba ay may mga kasabihan ni Confucius. Pumili ng isa at ipaliwanag sa pamamagitan ng sanaysay kung paano mo ito magagamit sa araw –araw mong pamumuhay bilang isang anak at mag-aaral. Isulat sa inihandang grapikong pantulong.

a. Huwag mong gawin sa iba ang ayaw mong gawin sa iyo
b. Kalimutan ang sakit;pakatandaan ang kabutihan
c. Igalang ang sarili at igagalang ka ng iba



Sa bahaging ito, balikan mo ang Gawain 2 at sagutan mo ang huling kahon nito.



## GAWAIN 13. Ang Aking Nalaman

Ating natalakay ang mahahalagang paksa na may kinalaman sa ating aralin.Sa gawaing ito, kailangan nating alamin ang lawak ng natutuhan at napahalagahan mo sa pamamagitan ng pagsagot sa *topic closure* sa ibaba.

Pagtatapos ng Aralin

| |
|---|
| *Ang paksa ngayon ay ______________________________.Ang pinakapangunahing ideya ay________________________________________.Ito ay importante sapagkat_________________________________.Ang iba pang ideya ay _____________________________________________________.Mahalaga ito sapagkat________________________________________________________.* <br> *Sa pangkalahatan,ang aralin ay* _________________________________________ <br> ______________________________________________________________________ <br> ______ <br> *Naniniwala ako na* <br> __________________________________________________________ |

**Katapusang Bahagi ng Pagpapalalim**

Tinalakay sa bahaging ito ng modyul ang tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Asya at ang damdamin mo tungkol dito bilang isang Asyano.Ano –anong mga pag-unawa ang nabuo sa iyong kaisipan? Paano mo ito naiugnay sa iyong sarili?

Ngayong mas malalim na ang iyong pag-unawa tungkol sa paksa, handa ka na upang gawin ang susunod na bahagi.



## PAGLILIPAT

Binabati kita sa iyong matagumpay na paglinang at pagpalalim sa araling ito. Sa bahaging ito ng modyul, gagamitin mo ang iyong mga natutuhan upang magampanan mo ang susunod na gawain.

## GAWAIN 14. Powerpoint Presentation

Basahin ang sitwasyon sa ibaba. Gumawa ng isang *powepoint presentation* ukol dito.

Sitwasyon:

Magkakaroon ng *International Youth Convention* na gaganapin sa Singapore. Magpapadala ang bawat bansa ng kinatawan upang magpakita ng kani- kanilang sibilisasyon noon at ngayon.Layunin ng *convention* na maipakita at maibahagi ang kanilang kultura sa mga bansang dadalo.Ikaw ang kinatawan ng kontinente ng Asya. Gamit ang mga larawang nasaliksik mo sa nakaraang aralin, gagawa ka ng isang *powerpoint presentation* na nagpapakita ng kulturang Asyano. Ang iyong presentasyon ay huhusgahan ayon sa mga sumusunod na batayan;nilalaman, organisasyon, pagkamalikhain at *impact* o dating sa madla.

Gamitin ang rubrik sa ibaba bilang gabay sa iyong paggawa ng *powerpoint presentation.*

**RUBRIK SA PAGBUO NG *POWERPOINT PRESENTATION***

| PAMANTAYAN | KATANGI-TANGI 4 | MAHUSAY 3 | NALILINANG 2 | NAGSISI-MULA 1 |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | Naglalaman ang *powerpoint* ng sapat , tumpak at may kalidad na impormasyon ukol sa kulturang Asyano | Naglalaman ng *powerpoint presentation* ng tumpak at may kalidad na impormasyon ukol sa kultu-rang Asyano | May mga bahagi na kailangang ayusin at linawin pa ang mga impormasyon. | Kulang sa Impormasyon ang *powerpoint* presentation tungkol sa kulturang Asyano |
| **ORGANISASYON** | Maayos, detalyado at madaling maunawaan ang daloy ng mga kaisipan at impormasyong inilahad upang mahikayat ang mga Asyano na pahalagahan ang kanilang kultura. | May wastong daloy ng kaisipan at madaling maunawaan ang impormas-yong inilahad upang makahi-kayat ang mga Asyano na pahalagahan ang kanilang kultura. | May lohikal na organisasyon ngunit hindi sapat upang makahikayat ng mga Asyano na pahalagahan ang kanilang kultura. | Hindi maayos ang organi-sasyon at hindi maunawaan ang mga impormasyon g inilahad |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **PAGKA-MALIKHAIN** | Malinaw at naaayon ang mga disenyo at masining ang pamamaraang ginamit sa *powerpoint presentation*. | May malinaw ang mga disenyo at masining na pamamaraang ginamit sa *powerpoint presentation*. | May kakulangan ang mga disenyong ginamit sa *powerpoint presentation*. | Hindi angkop ang mga disenyong ginamit sa *powerpoint presentation.* |
| **IMPACT** | Lubos na nakahihikayat at nakatatawag ng pansin ang dating sa manonood at mambabasa | Nakahihi-kayat ang dating sa manonood at mambabasa | Mahina ang dating sa manoonod, mambabasa o tagapakinig upang makapang-hikayat | Walang dating sa mga manonood, mambabasa |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga natutuhan mo sa katatapos na gawain?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

2. Naihanda ka ba nito para sa pagsasagawa ng Inaasahang Pagganap?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

3. Naiugnay mo ba ang impluwensiya ng nakaraang kabihasnan sa Asya sa kasalukuyang kalagayan nito? Ipaliwanag.

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

## GAWAIN 15. Performance Task



Magkakaroon ng *Asian Convention* ang mga bansa sa Asya upang maisulong ang kapayapaan at pagkakaisa at maipakilala sa ibang nasyon ang pagkakakilanlang Asyano. Isa kang resource speaker ng isang *Asian Convention* at naatasang magsalita at gumawa ng *multimedia presentation* na nagpapakita ng kasalukuyang sibilisasyon ng isang bansa sa Asya sa iba't ibang kinatawan ng mga bansa sa Asya. Ang iyong presentasyon ay dapat nagpapakita ng kasalukuyang kalagayan ng bansang iyong napili sa larangan ng pamahalaan, kabuhayan, teknolohiya, lipunan, edukasyon, paniniwala, pagpapahalaga, sining at kultura. Ang iyong presentasyon ay huhusgahan batay sa mga sumusunod: pagkakabuod, pagpapahayag ng sariling perspektibo, pagsusuri gamit ng mga ebidensiya, paggamit ng ibang perspektibo at pagtataya ng mga implikasyon.

## GAWAIN 16. Ipagmalaki mo

Punan mo ng mga pangungusap upang mabuo ang kaisipan.

Ipinagmamalaki ko na ako ay isang Asyano
dahil______________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
____________________________________________________. At
ako ay nangangakong ipakikilala ko ito sa iba sa pamamagitan
ng________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
__________________________________________________________
____________________________________________________.

**Katapusang Bahagi ng Paglilipat**

Naranasan mo sa bahaging ito na mailipat sa tunay na sitwasyon ang iyong natutuhan upang lalo mong maunawaan ang kahalagahan ng pilosopiya at relihiyon na humubog sa kaisipang Asyano.

Paano nakatulong sa iyo ang gawain upang ang paksa ay lalo mo pang maunawaan? Isulat ang iyong sagot sa dialogue box sa ibaba.

## PANGHULING PAGTATAYA

Binabati kita! Narating mo na ang bahagi ng modyul na tatayain ang iyong nalalaman sa araling ito. I-klik ang titik ng iyong napiling sagot. Makikita mo lamang ang kabuuan ng iyong nakuhang iskor pagkatapos mong masagutan ang lahat ng aytem. Kung mataas ang iyong makukuhang iskor, magpapatuloy ka sa susunod na modyul. Subalit kung ang iyong nakuhang iskor ay mababa sa hinahangad na lebel, kinakailangan kang bumalik at kunin ulit ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

Basahing mabuti ang mga sumusunod na tanong. I-klik ang titik ng wastong sagot.

1. Tanyag ang Dinastiyang Chou sa Tsina dahil sa mga pilosopo at iskolar sa panahong iyon. Alin sa mga pahayag ang nagmula kay Mencius?

    a. Ang hindi mo ibig na gawin sa iyo ay huwag mong gawin sa iba.
    b. Ang kabanalan ay kabutihan.
    c. Manatili ka sa hulihan at walang salang mapupunta ka sa unahan.
    d. Wala kailanmang isang mabuting digmaan.

2. Anong paniniwala ang nagpapakita ng mataas na pagtingin sa sarili at pagiging superyor sa lahat?
    a. Propriyedad
    b. Banal na Pingmulan
    c. Sinocetrism
    d. Devaraja

3. Sinong personahe ng Tsina ang ayon sa mga pagsusuri ng kababaihan sa kasalukuyan ay may malaking impluwensiya sa mababang pagtingin at katayuan ng mga babae doon?
    a. Confucius
    b. Hammurabi
    c. Lao Tzu
    d. Ur Nammu


4. Ang Zorostrianismo ang naging pangunahing relihiyon ng imperyong Persia sa panahon ni Darius I. Alin sa mga ito ang turo ng Zoroastrianismo?
   a. Ang daigdig ay labanan ng puwersa ng kabutihan at puwersa ng kasamaan.
   b. Ang kaluluwa ng isang mabuting tao ay muling isisilang sa isang taong may mataas na kalagayan.
   c. Ang Palestina ay isang Lupang Pangako.
   d. Ang pagdurusa ay sanhi ng makasariling paghahangad.

5. Ano ang pinakamahalagang ambag ng mga Lydians sa mundo?
   a. Paggamit ng bakal sa digmaan
   b. Paggawa ng *purple dye*
   c. Pangangalakal gamit ang barya
   d. Pagsulat gamit ang *cuneiform*

6. Sa bandang ika-15 dantaon, nagsimula ang Asya na magkaroon ng malawak na ugnayan sa mga taga-Kanluran. Alin dito ang isa sa mga natutuhan ng mga Hindu sa Persian?
   a. Ang kaalaman sa pamamalakad ng pamahalaan at malawak na lupain.
   b. Ang kuturang Hellenistic mula kay Dakilang Alexander.
   c. Ang paggamit ng arko at *dome* sa arkitekturang Indian.
   d. Ang pagtataas ng moralidad ng tao gaya ng pagbabawal sa sugal at alak.

7. Tingnan ang mapa sa ibaba. Saan umusbong ang unang kabihasnan sa Asya?

   a. 


   b. 


   c. 


   d. 

8. Ang kaisipang Sinocetrism ay nagmula sa Tsina. Paano ito nakaapekto sa pamumuhay ng mga tao sa Tsina?
    a. Sinakop ng mga kanluranin ang Tsina kaagad itong tinanggap.
    b. Tinaboy ng mga Tsino ang mga kanluraning mananakop.
    c. Binigyan ng mga Tsino ang mga kanluranin ng saklaw na impluwensiya sa kanilang bansa.
    d. Naging madali sa mga Tsino ang makipagkasundo sa mga kanluranin.

9. Alin ang pinakamahalagang ambag ng mga Sumerian sa kabihasnan?
    a. Ang Kodigo ni Hammurabi
    b. Ang paglikha ng kanal at dike
    c. Ang sistema ng pagsulat na *cuneiform*
    d. Ang templong Ziggurat

10. Kinikilala sa kasaysayan ang *Great Wall of China* na itinayo ng mga Intsik. Bakit itinayo ang dakilang moog ng Tsina?
    a. Dahil sa bukas na bahaging hilaga ng Tsina
    b. Dahil sa paggawa ng isang daan sa hilaga
    c. Dahil sa panganib sa paglusob ng mga Hun.
    d. Dahil sa mga mithiing mapaganda ang palibot ng Tsina

11. Ano ang ibig ipahiwatig ng imaheng ito tungkol sa papel ng mga kababaihan sa Sibilisasyong India?
    a. Ang babae ay aliwan lamang ng lalake.
    b. Ang babae ay pambahay lamang.
    c. Mababa ang katungkulan ng babae sa lipunan.
    d. Simbolo ang mga babae ng 'fertility.'

12. *If the wife of a man followed after another man and he slept with her, they shall slay that woman, but that male shall be set free."* Alin sa mga ito ang kahulugan ng pahayag ng Koda ni Ur Nammu?
    a. Mahina ang babae at kailangang diktahan ng kalalakihan.
    b. Laganap na noong una pa ang diskriminasyon sa kababaihan.
    c. Ang sinaunang sibilisasyon ay may mababang pagtingin sa kasal.
    d. Ang babae ay walang karapatang humawak ng katungkulan sa pamahalaan.

13. Iba't ibang imperyo ang sumakop sa Mesopotamia at India. Iba't ibang dinastiya rin ang umusbong at namuno sa Tsina. Paano nakaapekto ang pabago-bagong pamamahala at pananakop sa isang lugar?
    a. Bumagsak ang mga sinaunang kabihasnan sa Asya.
    b. Naging magulo sa mga bansang ito
    c. Nakilala ang mga bansang ito sa daigdig.
    d. Sumibol ang mga mahahalagang ambag ng bawat imperyo.

14. Batay sa ating mga aralin, ano kaya ang dahilan at hindi na nagagalugad pa ang mga bagong lupain ang mga Asyano?
    a. Tinatamad na sila.
    b. Wala na silang panahon upang manggalugad.
    c. Dahil ang mga Asyano ay naniniwala na kumpleto na ang pangangailangan nila
    d. Hindi makatarungan para sa kanila ang angkinin ang ibang lupain.

15. Kung kabilang ka sa mababang antas sa sistemang kasta sa India noong sinaunang panahon, bakit magiging mahalaga sa iyo ang relihiyong Budhismo?
    a. Nagbibigay kaalaman ang turo sa mga kakayahan ng tao sa paggawa.
    b. Nakasentro ang turo sa katungkulan ng tao sa lipunan.
    c. Nakasentro ang turo sa paglilinis ng kaluluwa.
    d. Nakasentro ang turo sa pagpapahalagang pantao.

16. Isa kang opisyal ng isang barangay at naatasang maging ispiker sa isang programa sa inyong barangay sa nalalapit na kapistahan na may temang "Nasa Kamay ang Kaunlaran." Alin sa mga sumusunod ang nararapat na paghandaan sa iyong talumpati?
    a. Ang mga halimbawang ipakikita ay nakatatawa upang hindi mawala ang interes ng mga manonood.
    b. Ang mga larawang ipakikita ay makukulay upang ito ay maging kabigha-bighani sa mga manonood.
    c. Magpakita ng mga larawan na nagpapakita ng mga nagawa ng ating mga ninuno na naging kapaki-pakinabang sa kasalukuyan upang makapagbigay ng inspirasyon sa mga manonood.
    d. Gagamit ng makabagong teknolohiya upang maging kapani-paniwala ang iyong mga manonood.

17. Lider ka ng Women's Group ng inyong barangay at maglulunsad kayo sa nalalapit na Marso ng kumpetisyon ng Huwarang Babae ng Barangay sa pagdiriwang ng Women's Month. Ano ang isa sa magiging pamantayan mo sa pagpili ng mananalo?
    a. Kaayusan at organisasyon ng tahanan
    b. Kalinisan ng mga anak at bahay
    c. Kakayahan sa pag-angat ng sarili at komunidad
    d. Tapat na paglilingkod sa pamilya at asawa.

18. Naatasan kang tumayong pangulo ng ASEAN. Ano ang gagawin mo kung narinig mo na may nagbabalak sumakop sa Asya?
    a. Magdeklara ako ng digmaan.
    b. Magbibitiw sa posisyon.
    c. Aalamin kong mabuti kung ito'y may katotohanan bago gumawa ng hakbang.
    d. Hayaang sakupin ang Asya upang makaiwas sa gulo.

19. Bumagsak ang kabihasnang Sumer dahil binubuo ng magkakahiwalay na estado. Dahil sa kawalan ng pagkakaisa, madali itong nasakop at bumagsak. Ang ating bansa tulad ng Mesopotamia na binubuo ng maraming pulo kung kaya't nagkaroon tayo ng iba't ibang pangkat at kultura. Kung ikaw ang kasalukuyang pangulo ng ating bansa, anong proyekto ang maaari mong gawin upang magkaroon ng ugnayan at pagkakaisa ang iba't ibang pangkat ng mga Pilipino?
    a. Mamahagi ng mga aklat na naglalarawan ng kultura ng lahat ng pangkat ng mga Pilipino upang maunawaan ang kultura ng bawat isa.
    b. Magsasagawa ng mga proyektong pagpapatayo ng tulay upang mapag-dugtong-dugtong ang mga kapuluan sa Pilipinas.
    c. Magpanukala ng batas na nag-uutos na dapat magkaisa ang mga Pilipino upang ang lahat ay obligadong gawin ito.
    d. Magsagawa ng mga proyektong pangkultural na maaaring lahukan ng iba't ibang pangkat sa Pilipinas upang magkaroon ng pagkakataon na makipag-interaksiyon sa bawat isa.

20. Isa ka sa mga lider ng isang pamayanan. Inatasan kang ipamahagi sa kabataan ang pamamaraan upang maipagmalaki nila ang pagiging Asyano. Anong paraan mo ito gagawin?
    a. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng booklet
    b. Paggawa ng *brochure* tungkol sa katangian ng mga Asyano
    c. Pag-anyaya sa mga kabataan na dumalo sa isang *forum*.
    d. Magtanghal ng isang *cultural show* na nagpapakita ng katangian ng mga Asyano.

## GLOSARYO NG MGA TERMINONG GINAMIT SA MODYUL

**Arkitektura**- Isa itong sining at agham ng pagdidibuho ng mga gusali. Sa isang malawak na kahulugan, mula sa mataas na antas ng pagpapaplano ng bayan, dibuhong urbano, at arkitekturang pantanawin hanggang sa mababang antas ng pagdibuho ng kasangkapan o produkto, at kabilang sa sakop nito ang pagdibuho ng kabuuan ng ginawa o kinathang kapaligiran.

**Kabihasnan**- Isang masulong na yugto ng kaunlaran ng isang lipunan. Nagmula ang salitang sibilisasyon sa Latin na salitang *civis* na ibig sabihin ay isang taong naninirahan sa isang bayan.

**Kultura**- Tumutukoy sa aktibidad ng sangkatauhan.

**Moksha**- Ang pinakahuling pagpapakawala ng kaluluwa o ng malay (purusha) magmula sa *samsara* at ang pagwawakas ng lahat ng mga pagdurusa na kasangkot sa pagiging lanta sa paulit-ulit na pagkamatay at muling pagpapanganak (reinkarnasyon).

**Nirvana**- Ito ang katayuan o kalagayan ng pagiging malaya mula sa o kawalan ng paghihirap. Isa itong mahalagang konsepto sa Budismo at Hainismo.

**Pilosopiya**- Hindi nakasalig sa paniniwala sa Diyos kundi sinisikap nito na ibigay sa mga tao ang isang nagkakaisang pangmalas sa sansinukob at gawin silang palaisip at mapanuri. Ang pangunahing ginagamit nito sa paghanap ng katotohanan ay ang kurokuro at hindi obserbasyon.

**Relihiyon**- Kalipunan ito ng mga sistemang paniniwala, mga sistemang kultural at pananaw sa daigdig na nag-uugnay ng sangkatuhan sa espiritwalidad at minsan ay sa moralidad.

**Reinkarnasyon**- Ang paniniwala na ang kaluluwa, pagkamatay ng katawan, ay muling bumabalik sa lupa sa ibang katawan. Ayon sa paniniwala, bagong personalidad ang nabubuo sa bawat buhay sa mundo, subalit ang kaluluwa ay nananatili sa mga pabago-bagong buhay.

**Sati**- Ito ang tawag sa ritwal ng pagsunog ng babae sa sarili sa pagkamatay ng kanyang asawa.

**Yoga**- Isang paniniwala at gawain ng pagdidisiplina sa katawan at isipan.

## TALASANGGUNIAN AT MGA WEBSITE NA GINAMIT SA MODYUL


### Mga Aklat

Cordinete , Analiza J. 2009. **Kalapit Bayan: Kabihasnang Asyano Ikalawang Taon.**FNB Educational Inc.

Donesa ,Robert John I.,de Viana Augusto V. 2010.**Pagtanaw at Pag-unawa:Asya**.
Diwa Learning Systems Inc.

Juntura Arnel G. etal. 2008.,**Sanayang Aklat sa Kasaysayan ng mga Bansang Asyano**.Smartbooks Publishing.

Parco , Maria Corazon B. 2010.**Social Studies in Perspective (History of the Countries in Asia**).Diwa Learning System Inc.

Ramirez , Neofidel Ignacio B.2012. **Journey II Asian History**. Kleafs Publishing.

### Websites

Street dancing opening for Sinulog Festival
http://www.youtube.com/watch?v=IMqUTnf2Ipk

Ilang katoliko, naniniwala pa rin sa mga pamahiin tuwing kwaresma
https://www.youtube.com/watch?v=NpFd250EHWs

Buddhist Chant
https://www.youtube.com/watch?v=ciYO7mWq3Og

Awit para sa patay
https://www.youtube.com/watch?v=9Onrx9kaDZ4

Zoroastrianism: History, Beliefs, and Practice
https://www.theosophical.org/publications/quest-magazine/42-publications/quest-magazine/1231-zoroastrianism-history-beliefs-and-practices

The Christian Religion
http://www.religionfacts.com/christianity/

The Buddha, His lIfe and Teaching
http://www.buddhanet.net/pdf_file/lifebuddha.pdf

Hinduism Facts
http://hinduismfacts.org/basic-beliefs-of-hinduism/

Islam
http://www.relationalconcepts.org/LinkClick.aspx?fileticket=cEnfvfgiAlg%3D&tabid=73

Judaism: Background, Basic Beliefs and Sacred Texts
http://www.uri.org/kids/world_juda_basi.htm

Confucianism
http://www.religionfacts.com/a-z-religion-index/confucianism.htm

The Tao and Taoism
https://web.cn.edu/kwheeler/chinese_taoism.html

Legalism and the Legalists of Ancient China
http://www.applet-magic.com/legalism.htm

How Your Philosophy Shapes Your Life
http://www.abcarticledirectory.com/Article/How-Your-Philosophy-Shapes-Your-Life/37863

Fears of a new religious strife
http://www.economist.com/node/21582321/comments#comments

ASIA/INDONESIA - Religious tolerance under the UN lens in Indonesia
http://www.news.va/en/news/asiaindonesia-religious-tolerance-under-the-un-len

Religious Tolerance is a MUST!
https://www.youtube.com/watch?v=-PsRgO3vXbk